


Sa unang tingin, maaaring hindi natin mapansin sa tatlong ebanghelyo ang gawa at galing ng mga sumulat ng mga ito. Anumang pananaw na gusto nilang iparating tungkol sa kanilang Tagapagligtas ay ginawa nila sa pamamagitan ng mga nakasaksi sa mga pangyayari na para bang tayo mismo ang nakakakita at nakakarinig kay Jesus.

Ibang-iba naman ang ebanghelyo ni Juan; nabuo ang aklat na ito kasabay ng kanyang pagtanda. Ang karanasan niya bilang apostol ang nagtulak sa kanya na muli't muling intindihin ang pamamalagi sa Iglesya ng muling-nabuhay na Jesus.

Ayaw ni Juan na mawaglit sa ating isipan ang kanyang layunin: "Isinulat naman ang mga ito upang maniwala kayo na si Jesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos" (Jn 20:31). Ipinahayag ng pananampalataya ng Iglesya na si Jesus ang Anak ng Diyos. Ngunit paano natin ito uunawain? Ipinahayag nga ng muling-pagkabuhay ni Jesus ang kanyang pagkadiyos pero problema naman ng ilan kung paano at mula kailan naging Anak ng Diyos si Jesus, at hanggang kailan ang kanyang pagkadiyos. Kayat malinaw na sinasabi ng ebanghelyo ni Juan na mula sa simula at magpasawalang-hangga'y nasa Diyos si Jesus. Tulong sa atin ang pahayag na ito sa pinagmulan ni Jesus para maunawaan ang kanyang gawa. Dumating ang walang-hangggang Anak-ng-Diyos-na-nagpakatao hindi lamang para ituro sa atin ng daan ng pagbabagumbuhay kundi upang baguhin din ang sangkinapal.

Hindi basta na lamang sinulat ni Juan ang kanyang ebanghelyo nang walang anumang batayan. Hindi kaunting tiyakang patotoo ang matutunghayan natin dito, at may mas marami itong kumpirmadong detalye kaysa ibang ebanghelyo. Ngunit hindi siya nanatili sa sarili niyang alaala. Sa paglipas ng panahon, inilahad niya at binuo ang mga pananalita ni Jesus sa pagsulat ng mga diskurso; sa mga ito, "sa tulong ni Juan," nakikipag-usap sa atin si Jesus.

Kontrobersyal ang ebanghelyo ni Juan dahil kung gaano kadalisay at katibay ang

katotohanan, gayon naman kaunti ang mga nakatatanggap dito. Kaya naman lumikha ng mga kontrobersya ang ebanghelyong ito sa Iglesya na siya ring kumilala rito bilang salita ng Diyos at patotoo ng apostol.

Nalalahad sa maikling talatang idinagdag sa katapusan ng ebanghelyo kung paano ito sinulat at muling isinulat, at malamang na nalimbag lamang pagkamatay ng sumulat nito, mga taong 95 AD. Sa huling talatang ito, waring isinaayos ni Juan ang kanyang ebanghelyo ayon sa tatlong Paskuwa sa panahon ng pangangaral ni Jesus.

Mahalagang bagay ang matatagpuan natin dito para maunawaan ang isip ni Juan. Natapos niya ang kanyang sinusulat dalawampung taon matapos wasakin ng mga hukbong Romano ang Jerusalem at ang Templo. Alam ni Juan, tulad ni Pablo, na pinasinayaan ng pagkabuhay ni Jesus ang isang bagong panahon. Masasabing pangnagdaang panahon ang pagbubunyag sa sambayanan ng mga Judio at ang mariringal na mga pagdiriwang sa Templo. Ngunit nasa unang tipang ito na naging matandang tipan ang mga susi para maintindihan ang mga ginawa ni Jesus. Kaya ipaaalaala ni Juan ang mga piyesta ng mga Judio at ang mga sagisag ng relihiyon tulad ng tubig, mga salmo, kordero... at ipakikita niya kung paano nagbabagong-anyo ang mga ito sa buhay at liturhiya ng mga Kristiyano.

Kayat may tatlong bahaging kasunod ang panimula na tinatawag nating "Sanlinggong Pagdiskubre" (hanggang 2:16):

– Sa 2:17, umakyat si Jesus sa Templo para sa Paskuwa: inilalahad ng mga kabanata 2–5 ang tanda ng Templo.

– Sa 6:4, muling binabanggit ang Paskuwa at inilalahad naman ni Juan ang tanda ng tinapay.

– Sa 13:1 natin matutunghayan ang ikatlong Paskuwa – ang pagpatay kay Jesus sa mismong oras ng pagsasakripisyo sa mga kordero sa Templo. Ang kordero ang ikatlong tanda.

### *Si Juan ba mismo ang sumulat sa ebanghelyong nagtataglay ng kanyang pangalan?*

Mahirap sagutin ang tanong na ito. Kung gaano karaming dahilan meron para pagdudahan na ang Apostol Juan nga ang sumulat nito, gayon din naman karami meron para itaguyod ang tradisyunal na pagsasabing si Juan nga ang may-akda.

Tulad ng nabanggit na natin sa Introduksyon sa mga ebanghelyo, ipinapalagay ng ilan, bunga ng kung anong dahilan, na iba ang sumulat ng mga ito at hindi ang mga apostol. Maliwanag ang mensahe ni Juan. Dapat ba nating tanggapin na ang pumili sa kanya at malamang na nagmahal sa kanya nang higit sa ibang mga apostol ay ang walang-hanggang Salita ng Diyos, na Diyos mula sa Diyos? Mabigat, di ba? Marahil ay mas maalwan para sa ating tanggapin ang ganitong mga bagay hindi mula sa mismong nakasaksi ng mga ito kundi kung ipagpapalagay nating dagdag lamang ang mga ito ng isang teologo. Sa gayo'y isang makalangit na Jesus ang ating makikita dahil kung mula sa malayo siya titingnan, hindi na masyadong kailangang isaalang-alang ang pagiging tao niya: ang pagtingin niya sa mga bagay-bagay, pagkain, paliligo, at ang pagiging amoy-pawis....

Ngunit dapat din nating tanggapin na may mabibigat na argumento para pagdudahan na si Juan nga sumulat ng ebanghelyo. At para sa maraming dalubhasa, narito ang pangunahing punto: kung ilang pung taon ang agwat ng unang mga salaysay at ng pinakabagong paglalahad tungkol sa mga gawa ni Jesus at sa mga diskursong nabuo pagkatapos mula sa mga ito at kung minsa'y parang nakalimutan na ang orihinal na tradisyon. Puwede kayang nabuhay nang gayon katagal ang isa sa mga unang nakasaksi kay Jesus?

Isang teologo ang nagbigay-anyo sa mga diskurso ng ebanghelyo ni Juan, mga taong 70. Malamang na sa Efeso niya ito ginawa, kung saan tumira si Juan hanggang mamatay, ayon sa matandang tradisyon. Mula sa kanyang interes sa liturhiya at sa Templo, maiisip natin na pari

siya. Akma ba ito sa katauhan ni Juang anak ni Zebedeo, na isang mangingisda sa Tiberias? Posible kayang magkaroon sila ng gayong pagkakilala kay Jesus na Mesiyas bilang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo, na siya niyang inilahad sa kanyang ebanghelyo?

Depende sa karanasan ng bawat isa ang sagot sa mga tanong na ito. Maaaring may kakilala tayong mga karaniwang Kristiyano na para sa ati'y talagang mga teologo gayong hindi sila nag-aral sa anumang unibersidad. Nadebelop ang kanilang mga kakayahan mula sa pagkakilala nila sa isang natatanging tao. At pagkatapos ay napabilang sila sa ilang "apostol" na laging sinasariwa ang mga nangyari at ang mga nadiskubre nila sa gayong gawain, laging masigasig na maunawaan ang mga paraan ng Diyos. Kinailangan ba nila ang kung anong libro o mga kaibigan para madebelop ang kanilang pag-iisip? Sa Diyos galing ang kanilang karunungan, at siya rin ang aakay sa kanila na madebelop ito.

Puwede kayang ganito ang nangyari kay Juan, na naging napakalapit kay Jesus at apostol sa loob ng mga animnapung taon? Hindi siya tulad ni Pablo na nag-aral sa paaralan ng mga rabbi kayat hindi siya gumagamit ng magagaling na argumento. Pero hindi kaya siya puwedeng maging Teologo, siya na nakakakilala sa Diyos?

**Naging tao ang salita**

**1** • [1]Sa simula'y naroroon na nga ang Wikang Salita,
at naroroong kaharap ng Diyos ang *Salita*,at Diyos ang *Salita*.
[2]Naroroon na nga siyang kaharap ng Diyos sa simula.

[3]Sa pamamagitan niya nayari tanang mga bagay,
at hiwalay sa kanya'y walang anumang nayari.
Ang niyari [4]ay sa kanya nagkabuhay,
at ang buhay ang liwanag para sa mga tao.
[5]Nagningning sa karimlan ang liwanag
at di ito nasugpo ng karimlan.

[6]May taong sugo ang Diyos –
Juan ang kanyang pangalan.
[7]Dumating siya para sa pagpapatunay,
para magpatunay tungkol sa Liwanag,
upang makapanalig ang lahat sa pamamagitan niya.
[8]Hindi siya mismo ang Liwanag
kundi para magpatunay tungkol sa Liwanag.

[9]Pagkat paparating noon sa mundo ang Liwanag na totoo
na siyang nagliliwanag sa bawat tao.
[10]Nasa mundo na nga siya,
ang mundong nayari sa pamamagitan niya,
at di naman siya kinilala ng mundo.
[11]Sa sariling kanya siya dumating
at hindi siya tinanggap ng mga kanya.
[12]Ngunit sa lahat ng tumanggap sa kanya
sa pananalig sa kanyang Pangalan,
binigyang-kakayahan nga niya sila na maging mga anak ng Diyos.
[13]Ipinanganak nga sila, hindi mula sa dugo,
ni mula sa kagustuhan ng laman,

---

• **1.**1 Hindi lamang tungkol sa Diyos o sa Pakikipagtipan ng Diyos sa mga tao gaya ng nalalahad sa Matandang Tipan ang tinatalakay ng Ebanghelyo. Sa halip, binibigyang-pansin muna nito ang natatanging relasyon ng Ama sa kanyang bugtong na Anak: si Jesus *ang Anak* na galing sa Diyos. At kapagdaka'y nagkakaroon tayo ng ilang pag-aalinlangan:

1. Walang nasa kalagitnaan ng Lumikha at nilikha. Kung gayon, ang Anak ba ay Diyos kasama ng Ama, o siya ang pinakauna at pinakamagaling sa lahat ng nilikha?

2. Sa Diyos, hindi puwedeng magkaroon ng anumang hindi Diyos. Ang Anak ba ay kasingwalang-hanggan o kasindiyos ng Ama?

3. Kung iisa lamang ang Diyos, paano natin mauunawaan na nasa kanya ang Ama at ang Anak?

Sa *Panimulang* ito o Introduksyon sa kanyang Ebanghelyo, gustong linawin ni Juan ang misteryo.

*Sa simula*. Inilalahad sa atin ng Genesis 1:1 ang simula ng panahon at ng sanlibutan. Sa simula'y sa Diyos galing ang lahat pero hindi lumilipas ang panahon para sa Diyos. Noon, ngayon at magpakailanma'y laging nasa simula ang Diyos. Kung gusto nating maintindihan kung bakit niya nilikha ang mundo, kailangan nating malaman na sa simulang ito na para sa Diyos ay di lumilipas, ang Diyos ay tulad sa di-mapigilan at walang hanggang puwersa ng Pag-ibig. Kaya inihayag ng Diyos ang masagana niyang kagandahang-loob at "inianak" ang kanyang Anak, mula sa kanya at sa kanya.

*Kaharap ng Diyos ang Salita*. Ang Diyos ay Ama dahil siya ang "nag-aanak" ng kanyang Anak. Sa kanya niya sinasalamin at pinagmamasdan ang sarili niyang yaman: paano makikilala ninuman ang kanyang mukha kung wala siyang salamin para tingnan ang sarili? Kaharap ng Ama ang Anak (o Wikang Salita), hindi mababa ang Anak sa Ama sa anumang bagay.

Ang *Wikang Salita* ng Diyos ang sinasabi sa atin ni Juan. Maisasalin ang katagang ito bilang Salita o Pag-iisip o kaya'y *Ekspresyon* o *Pagpapahayag* ng Diyos, at ito ang Anak.

Ang Anak ang *kaningningan* ng Ama (Heb 1:1) at ang kanyang *larawan* (Col 1:15). Hindi bahagi ng Ama ang Anak, hindi ibang Diyos ang Anak, dahil wala siyang sariling kanya kundi ang lahat ng sa Ama ay kanya (Jn 16:15). Kaya *Diyos din siyang kaharap ng Diyos Ama*.

*Sa pamamagitan niya nayari tanang mga bagay*. Nililikha ng Diyos ang sanlibutan *sa pamamagitan* at *para sa* Wikang Salita, sa kanya niya nadidiskubre ang di-mabilang na mga nilikha, mga daigdig at mga espiritu na sa piling niya'y gagawing mga anak ng Diyos (Ef 1:3-5). Bawat isa sa ati'y pag-iisip ng Diyos na nagkatotoo; bawat isa sa ati'y hinubog at pinagpala ng Diyos "sa" perpektong modelo ng lahat – ang Wikang Salita.

*Buhay sa kanya*. Dahil sa mga puwersang nasa loob nito, likas sa buhay ang lumaki hanggang lumago at mamunga. Para sa ati'y natural lamang ang paglaking

ni sa kagustuhan ng lalaki
kundi mula sa Diyos.

14 At naging laman ang Wikang-Salita,
at itinayo ang kanyang Tolda sa atin,
at nakita natin ang kanyang Luwalhati,
Luwalhating mula sa Ama na bagay sa bugtong na Anak,
lipos ng Kagandahang-loob at Katotohanan.
15 Nagpapatunay sa kanya si Juan at isinisigaw:
"Siya ang sinabi kong
'Nauna na sa akin ang dumating na kasunod ko,
pagkat bago ako'y siya na'."

16 Mula sa kanyang kapuspusan nga tumanggap tayong lahat –
oo, abut-abot na kagandahang-loob.

17 Sa pamamagitan ni Moises ibinigay ang Batas,
sa pamamagitan naman ni Jesucristo dumating
ang Kagandahang-loob at ang Katotohanan.

18 Kailanma'y walang sinumang nakakita sa Diyos;
ang Diyos na Anak na bugtong –
siyang nasa kandungan ng Ama –
ang nagpahayag sa kanya.

---

ito sa isang anak (sa sinumang anak). At sa totoo'y sa Anak ito bagay, hindi sa Ama. May dalawang aspekto sa Anak: sa isang banda, Diyos siyang gaya ng Ama at hindi siya dumaranas ng hapdi o kakulangan. Sa kabilang dako nama'y nasa kalagayan ng pag-aalay ang Wikang Salita: ipinauubaya niya ang lahat at isinusuko ang sarili upang muli siyang maitaas at maluwalhati ng Ama.

Kaya naparito sa ating daigdig ang Anak ng Diyos, hindi lamang para iligtas tayo kundi upang hubarin din ang kanyang luwalhati at maging parang wala hanggang luwalhatiin siya ng Ama (Fil 2:5-11). Pero gayundin naman, ang sangkinapal na *sa pamamagitan niya nayari* ay nasa ilalim ng iisang batas ng buhay, kamatayan at pagkabuhay.

*May taong sinugo ang Diyos*. Sa dalawang taludtod, 6-8 at 15, inilalahad sa atin ni Juang sumulat ng Ebanghelyo si Juan Bautista na tagapagbalita ni Jesus.

Mula sa simula ng paglikha, mga daang dantaon pa bago ipanganak si Jesus, ang Wikang Salita ng Diyos ang liwanag na pumatnubay sa mga tao. Siya ang *Karunungan* ng Diyos (Kas 8:22-34 at Kar 7:22-20) na *tumatanglaw sa bawat tao*, kahit na sa mga nasa mga bayang malayo sa pananampalataya. Hindi kailanman nanghina ang liwanag na ito, kahit na sa mga hindi nakakakilala sa Diyos; nasa kamalayan siya ng mga taong matuwid sa lahat ng lahi at panahon.

Ngunit kay Jesus, *dumating ang liwanag* sa mga tao sa bagong paraan. *Sa sariling kanya siya* dumating, sa sarili niyang bahay, na ibig sabihi'y sa bayan ng Israel.

*Naging laman ang Wikang Salita* (o naging tao). Ginagamit ni Juan ang salitang *laman* para bigyang-diin ang lubos na pagpapakababa ng Diyos, na sa kabila ng pagiging espiritu ay isang nilalang na may katawang namamatay. Sinasabi ni Juan na *naging* at hindi "nag-anyong tao" dahil naging totoong tao ang Anak ng Diyos.

*Itinayo ang kanyang Tolda sa atin*, na ibig sabihi'y "tumira" o "nakipamayan" siya sa ating piling. Ipinahihiwatig dito ni Juan ang sagradong tolda na nagsilbing santuwaryo ng mga Hebreo sa disyerto: sa toldang iyon nila nakasama ang Diyos (Ex 33:7-11). Sa katunaya'y si Jesus na Anak ng Diyos na naging tao ang tunay ng Templo ng Diyos sa piling ng mga tao (Jn 2:21), isang templong hamak at waring mahina gaya ng tolda sa disyerto. Subalit nasa kanya ang kapuspusan ng Diyos. *Nakita* ng mga apostol *ang kanyang kaluwalhatian* sa ilang sandali ng kanyang buhay sa lupa (Jn 2:11 at Lc 9:32). Nakita nila ang kanyang luwalhati sa kanyang Pagpapakasakit, Pagkamatay at Pagkabuhay.

Paano dumarating ang Wikang Salita para iligtas tayo? Para kay Juan, hindi niya pinagtutuunang-pansin na sinasagip tayo ni Jesus mula sa bangin ng kasalanan. Mas importante sa kanya na ilahad na si Jesus ang naghahatid sa atin para marating ang isang sitwasyong lubos na di inaasahan at wala sa ating kakayahan: *binigyang-kakayahan nga* niya tayong *maging mga anak ng Diyos*. Ginagawa tayong mga anak ng Diyos ng mismong Anak ng Ama, kung maniniwala tayo *sa kanyang Pangalan* o sa kanyang pagkadiyos.

*Lipos siya ng Kagandahang-loob at Katotohanan*. Dalawang pangunahing katangian ng Diyos ang *Kagandahang-loob* (o *Pag-ibig*) at *Katotohanan* (o *Katapatan*). Tingnan sa Ex 34:6-7. Inuulit-ulit ang mga salitang ito na parang sagot sa kabuuan ng Salmo 89. Kaya gustong sabihin ni Juan na nakita niya kay Jesus ang kapuspusan ng pagkadiyos (Col 2:9).

*Ibinigay ng Diyos ang Batas*. Habang inaalala ang mga kasalanan ng Israel, nagpropesiya si Jeremias na darating ang araw na hindi na kailangan ang batas na nakaukit sa bato o nakasulat sa aklat (Jer 31:31). Sa darating na mga araw, babaguhin ng Diyos ang makasalanang puso (Ez 36:26) upang mabatay ang pakikipag-ugnayan ng tao at Diyos sa pag-ibig at katapatan (Hos 2:21-22). Tiniyak dito ni Juan na *dumating na* ang pangakong panahon ng pag-ibig at katapatan (ng ganap na relihiyon) *sa pamamagitan ni Jesus*.

## *UNANG BAHAGI: PAGPAPAKILALA SI JESUS SA PAMAMAGITAN NG MGA TANDA*

### Ipinakilala ni Juan si Jesus, ang Kordero ng Diyos

• 19 Ito ang pagpapatunay ni Juan nang
papuntahin sa kanya ng mga Judio ang
ilang mga pari at Levita mula sa Jerusa-
lem para tanungin siya: "Sino ka?" 20 Ina-
ko niya at di ipinagkaila; inako nga niyang
"Hindi ako ang Kristo."

21 At tinanong nila siya: "Ano ka kung
gayon? Si Elias ka ba?" At sinabi niya:
"Hindi." "Ang Propeta ka ba?" Isinagot
naman niya: "Hindi!" 22 Kaya sinabi nila sa
kanya: "Sino ka ba? Para may maisagot
kami sa mga nagpapunta sa amin. Ano ba
ang masasabi mo tungkol sa 'yong sarili?"

23 Sumagot siya gaya ng sinabi ni Pro-
peta Isaias:

*"Tinig ako ng isang sumisigaw sa dis-
yerto: Tuwirin ang daan ng Panginoon."*

24 May mga pinapunta mula sa mga
Pariseo. 25 At tinanong nila siya: "Eh, ba't
ka nagbibinyag kung hindi ikaw ang Kris-
to, ni si Elias, ni ang Propeta?" 26 Sinagot
sila ni Juan: "Sa tubig ako nagbibinyag
ngunit may nakatayo sa piling ninyo na
hindi n'yo kilala. 27 Siya ang dumating na
kasunod ko pero hindi ako karapat-dapat
magkalag sa panali ng kanyang panya-
pak."

28 Sa Betaraba nangyari ang mga ito, sa
kabilang-ibayo ng Jordan na pinagbibin-
yagan ni Juan.

29 Kinabukasan, nakita niya si Jesus na
papalapit sa kanya kaya sinabi niya: "Ha-
yan ang Kordero ng Diyos, sa kanya na-
papawi ang sala ng mundo. 30 Ito ang
tinutukoy ko nang sinabi kong 'Isang
lalaki ang kasunod kong dumarating,
nauna na siya sa akin pagkat bago ako'y
siya na.'

31 Wala nga akong alam sa kanya pero
upang mahayag siya sa Israel ang dahilan
kaya dumating akong nagbibinyag sa tu-
big."

32 At nagpatunay si Juan sa pagsasa-
bing "Nakita ko ang Espiritu na bumaba-
ba mula sa langit gaya ng isang kalapati,
at namalagi sa kanya. 33 Wala nga akong
alam sa kanya pero ang nagpadala sa
akin na magbinyag sa tubig ang siya ring
nagsabi sa akin: 'Kung kanino mo maki-
tang bumababa ang Espiritu at namama-
lagi sa kanya, ito ang magbibinyag sa
Espiritu Santo!" 34 Nakita ko at pinatutu-
nayan ko na siya nga ang hinirang
Diyos."

### Nakatagpo ni Jesus ang mga unang alagad

• 35 Kinabukasan, naroon na naman si
Juan at dalawa sa kanyang mga alagad.

---

• 19. *ANG KORDERO*

Nagtanong sa isa't isa ang nasa kapangyarihan sa kapitolyo: "Sino ito na kusang nangangaral sa tao?" Sa panahong iyon, maraming grupo ng mga Judio ang gumamit ng "binyag" (o paliligo) bilang paglilinis ng sarili at upang mapadali ang pagdating ng Mesiyas.

Tungkol sa pagbibinyag at pangangaral ni Juan, tingnan ang Lc 3:10.

*Hindi ako karapat-dapat na magkalag...* Tingnan ang komentaryo ng Lc 3:16.

*Mesiyas:* ganoon pinangalanan ng mga Judio ang inaasahang Tagapagligtas. Inaasahan din nila ang tanging *Propeta*, pero hindi malinaw kung ang Propeta ay iba sa Mesiyas. Akala ng marami na muli raw magpapakita ang Propeta Elias bago dumating ang Mesiyas (Mc 9:11).

*Narito ang kordero*. Sa wika ng mga Judio, ang kahulugan ng salitang "kordero" ay lingkod, o di kaya'y tupang-alay. Si Jesus ang lingkod ng Diyos na ipinahayag ng mga propeta na siyang mag-aalay ng kanyang buhay para sa mga kapatid. Siya rin ang tunay na kordero na pumalit sa Pampaskuwang kordero (Mc 14:12).

*Dumating siyang kasunod ko*. Sa kasaysayan, nagpakita si Jesus pagkatapos ni Juan, subalit bilang Salita ng Diyos, umiral na siya sa pasimula pa bago pa man nagkaroon ng nilikha. Siya rin ang *nauna* sa lahat, ibig sabihin, pinatnubayan ng kanyang liwanag ang lahat, pati si Juan Bautista.

36 Pagdaan ni Jesus, tinitigan niya ito at
sinabi: “Hayan ang Kordero ng Diyos.”
37 At narinig siyang nagsasalita ng dala-
wang alagad kaya sinundan nila si Jesus.
38 Lumingon si Jesus at nakita niya silang
sumusunod, at sinabi niya sa kanila: “A-
no’ng hinahanap n’yo?” Sumagot naman
sila sa kanya, “Rabbi (na kung isasalin ay
*Guro*), saan ka namamalagi?” 39 At sinabi
niya sa kanila: “Halikayo at inyong maki-
kita.” At pumaroon sila at nakita kung
saan siya namamalagi, at maghapon
silang namalagi sa kanya. Mag-iikapat ng
hapon ang oras noon.

40 Si Andres na kapatid ni Simon Pedro
ang isa sa dalawang sumunod sa kanya
pagkarinig kay Juan. 41 Una niyang natag-
puan ang kapatid niyang si Simon at si-
nabi sa kanya: “Natagpuan namin ang
Mesiyas (na kung isasalin ay *Pinahiran*).”
42 Inihatid niya siya kay Jesus. Tinitigan
siya ni Jesus at sinabi: “Ikaw si Simon na
anak ni Juan. Tatawagin kang Kefas (na
kung isasalin ay *Pedro*).”

43 Kinabukasan, niloob niyang lumabas
pa-Galilea at natagpuan niya si Felipe.
Sinabi ni Jesus sa kanya: “Sumunod ka sa
akin.” 44 Taga-Betsaida si Felipe na kaba-
bayan nina Andres at Pedro. 45 Natagpuan
ni Felipe si Natanael at sinabi nito sa kan-
ya: “Ang tinukoy ni Moises na nakasulat
sa Batas at Mga Propeta, natagpuan na-
min siya – si Jesus na anak ni Jose, na
taga-Nazaret.”

46 Sinabi naman sa kanya ni Natanael:
“May mabuti bang puwedeng manggaling
sa Nazaret?” Sagot sa kanya ni Felipe:
“Halika’t makikita mo.”

47 Nakita ni Jesus si Natanael na palapit
sa kanya at sinabi niya tungkol sa kanya:
“Hayan, isang totoong Israelitang walang
pagkukunwari.” 48 Sinabi sa kanya ni Na-
tanael: “Paano mo ako nakilala?” Suma-
got sa kanya si Jesus: “Bago ka pa man
tawagin ni Felipe, habang nasa ilalim ka
ng punong-igos, nakita na kita.”

49 Sumagot si Natanael: “Rabbi, ikaw
ang Anak ng Diyos, ikaw ang Hari ng
Israel.” 50 Sumagot si Jesus: “Sinabi ko
lang sa iyong nakita kita sa ilalim ng pu-
nong-igos at naniniwala ka na? Higit pa sa
mga ito ang makikita mo.”

---

• 35. *MAKILALA SI JESUS*

Naiiba kay Juan Bautista si Juan Ebanghelista na sumulat nitong ikapat na ebanghelyo. Ang Juan na ito ay isa sa unang dalawang alagad na sumunod kay Jesus (b. 39).

Nagmamalasakit si Juan na maunawaan natin ang malalim na kahulugan ng gawa ni Jesus. Kaya nag-ukol siya ng pansin sa maraming kahanga-hangang detalye na hindi agad natin binibigyang-pansin. Halimbawa, pinasimulan ang Biblia sa tulang nag-uulat ng paglikha na naganap sa loob ng pitong araw at sa salaysay ng Pagkalikha. At inalaala rin ng ebanghelista ang unang linggo ng ministerio ni Jesus; bumibilang siya ng pitong araw habang natatagpuan ni Jesus ang mga unang alagad niya (b. 29, 35, 43).

Sa unang araw sinabi ni Juan Bautista: *Kasama ninyo ang isang hindi pa ninyo nakikilala*. Sa unang linggo natin makikita kung paanong nakilala si Jesus ni Juan Bautista muna, at kasunod niya sina Juan, Andres, Simon… Bumubuo sa unang linggo ang kasalan sa Cana, kung saan naman ipakikita sa kanila ni Jesus ang kanyang kaluwalhatian.

*Ano ang hinahanap ninyo?* Hindi nakalimutan ni Juan ang unang salitang ito ni Jesus. Nais nating makilala si Jesus, pero tinatanong niya tayo kung ano ang nasa ating sarili: sapagkat hindi natin ikabubuti ang pagtuklas sa kanya kung hindi tayo handang magpasakop sa kanya.

Magsisimulang mamuhay ang dalawang disipulo kasama si Jesus. Sa tamang panahon, kanilang matutuklasan na si Jesus ang Guro, ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos. Gayon din tayo. Dahan-dahan tayong umuunlad sa kaalaman kay Jesus sa paglalakbay natin sa daan ng buhay.

Hindi selosong tao si Juan Bautista; siya ang humimok sa mga alagad niya na sumunod kay Jesus, at nang lumaon, dinala ng dalawang ito ang iba pa. Gayon din, napalapit tayo kay Jesus dahil sa ibang tao na nagsalita sa atin tungkol sa kanya o napasama tayo sa gawaing apostoliko.

Nakilala ng mga iyon si Jesus. Higit na tamang sabihin na nakilala ni Jesus ang ipinagkatiwala sa kanya ng Ama. Kaya nga, nakilala niya si Natanael *sa ilalim ng punong igos*. Sa mga Judio, tinutukoy ng katagang ito ang guro ng batas na nagtuturo ng Biblia sapagkat sanay sila na magturo sa ilalim ng puno. Gayon din naman, nakilala ni Jesus si Simon na pinili ng Ama upang maging pundasyon ng Iglesya (Mt 16:13).

*Makikita ninyong nakabukas ang langit*. Tingnan Gen 28:12.

51 At idinugtong ni Jesus: "Talagang-
talagang sinasabi ko sa inyo, makikita
ninyong bukas na ang langit at panhik-
panaog sa Anak ng Tao ang mga anghel
ng Diyos."

**Ang Kasalan sa Kana**

**2** • 1 Sa ikatlong araw, may kasalan
sa Kana ng Galilea at naroon ang
ina ni Jesus. 2 Kumbidado rin sa kasalan si
Jesus at ang kanyang mga alagad. 3 Ngu-
nit kinapos ang alak sa kasalan kaya wala
na silang alak. Kaya sinabi ng ina ni Jesus
sa kanya: "Wala silang alak." 4 Sinabi sa
kanya ni Jesus: "Ano sa akin at sa iyo, O
Babae? Hindi pa sumasapit ang oras ko."
5 Sinabi naman ng kanyang ina sa mga
katulong: "Gawin n'yo ang anumang sa-
sabihin niya sa inyo."
6 May anim na tapayang bato roon para
sa sagradong paghuhugas ng mga Judio.
Tigwawalumpu o tigsasandaang litro ang
laman ng mga iyon. 7 Kaya sinabi ni Jesus
sa kanila: "Punuin n'yo ng tubig ang mga
tapayan." At pinuno nga nila hanggang
labi ang mga iyon. 8 At sinabi niya: "Ku-
madlo kayo ngayon at dalhin sa punong-
abala." At dinala nga nila.
9 Tinikman ng punong-abala ang tubig
na naging alak pero hindi niya alam kung
saan ito galing, pero alam ng mga katu-
long ng kumadlo ng tubig. Kaya tinawag
ng punong-abala ang nobyo 10 at sinabi sa
kanya: "Ang mainam na alak muna ang
inihahain ng lahat at saka lamang ang
mas mahinang uri kapag lasing na ang
mga tao. Pero itinabi mo pala ang mai-
nam na alak hanggang ngayon."
11 Ito ang simula ng mga tanda ni Jesus.
Ginawa niya ito sa Kana ng Galilea at

---

• **2**.1 *MGA TANDA NI JESUS*

Natapos ang linggo ng pagkikita sa kasalan sa Cana. Dumalo pala sa kasalan si Jesus at nakibahagi sa awitan, sayawan at inuman! Tila nagpapabanal ang kanyang pagdalo at pakikiisa hindi lamang sa Kasalan kundi sa iba pang masasayang pagdiriwang at pagsasamahan natin.

Nagsimulang makilala si Jesus ng mga alagad, pero may nakakilala at nanalig muna sa kanya: si Maria, ang kanyang ina. Papaanong sumilid sa kanyang isipan na humiling ng isang himala kay Jesus? Alam kaya niya na gagawin ni Jesus ang himala? Hindi humiling si Maria ng pagbabagong-buhay ng makasalanan o tinapay para sa mga nagugutom; ninais niya lamang na maligtas sa kahihiyan ang bagong kasal at humiling ng isang himala.

Parang paninisi ang sagot ni Jesus kung isang di-kilala ang kausap. Ngunit, kapag sinasabi ito sa kanyang ina nang may ibang pagpapahiwatig, ipinakikita ang pagkamalapit at pagkaunawa sa isa't isa na higit pa sa salita. Tila hindi nagbalak si Jesus na magsimula ng kanyang misyon sa gayong paraan, o hindi pa sa oras na iyon, pero nakilala ng kanyang espiritu ang Espiritu na nagsasalita sa pamamagitan ng kanyang ina, at ipinagkaloob ni Jesus sa kanya ang unang mahiwagang *tandang* ito.

Mahalagang banggitin na pitong himala lamang ang iniulat ni Juan, at tinatawag niya itong mga *gawa* o *tanda*. Gawa ng Anak ng Diyos na siya'y nagpapahayag ng kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng mga iyon. Mga tanda rin ang mga iyon, ibig sabihin, mga kilos na bagay sa ating kalagayan at pang-unawa upang maunawaan natin ang tunay na misyon ni Jesus – magbigay-buhay at baguhin ang daigdig.

Ito ang dahilan kung bakit binanggit ni Juan ang ilang detalye ng pangyayaring ito na anyo ng bagay na espirituwal. Nakibahagi si Jesus sa *kasalan* at ano ba ang kanyang ginawa kundi ihanda ang ibang kasalan – ang kasalan ng Diyos sa sangkatauhan. Nagsalita si Jesus na hindi pa dumarating ang kanyang *oras*, ngunit ang kanyang tunay na oras ay ang Pagtitiis at Muling Pagkabuhay niya (Jn 17:4).

Iniulat ni Juan na ginamit ni Jesus ang tubig na *laan para sa sagradong paghuhugas* ng mga Judio. Laging nasa isipan ng mga Judio na pawiin ang "di-kalinisan" bago ang pagsamba, kaya nga napakarami ng mga sagradong paghuhugas. At pinalitan pala ni Jesus ng alak ang bindita! Sapagkat hindi lamang pagkatakot sa kasalanan ang tunay na relihiyon; higit na mahalagang tanggapin mula kay Jesus ang Espiritu, na tulad ng alak na matapang, nagpapalaya sa atin sa mga kinaugaliang gawi at sa makitid na karunungan natin.

Ang tubig na naging alak: Dumarating si Jesus sa ating tahanan para pagbaguhing-anyo ang ating pang-araw-araw na buhay – ang mga karaniwang gawain natin.

*Ganyan ibinunyag ni Jesus ang kanyang kaluwalhatian* sa taong nagsisimulang matuklasan siya. Nagdala na ng grasya si Maria kay Juan Bautista (Lc 1:39); ngayon nakialam siyang muli upang mapabilis ang pagsimula ng pag-eebanghelyo. Hindi na siya magsasalita sa ebanghelyo, at ang kanyang huling salita: *Gawin ninyo ang sasabihin niya sa inyo*.

Sa mga araw na iyon pagkatapos ng bautismo ni Juan, kasama pa si Jesus ng kanyang mga kamag-anak at kababayan na tinawag ng ebanghelyong "kapatid": tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:31.

ibinunyag ang kanyang luwalhati, at nanalig sa kanya ang kanyang mga alagad.

• 12 Pagkatapos nito ay lumusong siya pa-Capernaum kasama ang kanyang ina at ang kanyang mga kapatid at mga alagad. At ilang araw lamang silang namalagi roon.

**Nilinis ni Jesus ang Templo**

• 13 Malapit na noon ang Paskuwa ng mga Judio, at umahon si Jesus pa-Jerusalem. 14 Natagpuan niya sa patyo ng Templo ang mga nagtitinda ng mga baka, mga tupa at mga kalapati, at ang mga nakaupong tagapalit ng pera. 15 Kaya gumawa siya ng panghagupit mula sa mga lubid at ipinagtabuyan ang lahat mula sa Templo, pati ang mga tupa at mga baka, at isinabog ang pera ng mga tagapalit at ipinagtataob ang mga mesa. 16 At sinabi niya sa mga nagtitinda ng mga kalapati: "Alisin n'yo ang mga ito! Huwag n'yong gawing palengke ang Bahay ng aking Ama." 17 Naalaala ng kanyang mga alagad na nasusulat: "*Tinutupok ako ng malasakit sa iyong Bahay.*"

18 Kaya sumagot ang mga Judio: "Anong tanda ang maipapakita mo sa amin at ginagawa mo ito?" 19 Sinagot sila ni Jesus: "Gibain n'yo ang templong ito, at ibabangon ko ito sa tatlong araw."

20 Sinabi naman ng mga Judio: "Apatnapu't anim na taon nang itinatayo ang templong ito, at ibabangon mo ito sa tatlong araw?" 21 Ngunit ang templong katawan niya ang kanyang tinutukoy. 22 Nang ibangon siya mula sa mga patay, naalaala ng kanyang mga alagad ang sinabi niyang ito. Kaya naniwala sila sa Kasulatan at sa salitang sinabi ni Jesus.

23 Nang nasa Jerusalem siya sa Piyesta ng Paskuwa, maraming nanalig sa kanyang Pangalan nang mapansin nila ang mga tandang ginagawa niya. 24 Ngunit hindi naman nagtiwala si Jesus sa kanila dahil kilala niya ang lahat. 25 Hindi niya kailangang may magpatunay tungkol sa isang tao dahil alam niya mismo kung ano nga ang nasa tao.

**Si Jesus at si Nicodemo**

**3** • 1 May isang taong kabilang sa mga Pariseo – Nicodemo ang pa-

---

• 12. Sa kasalan sa Cana, natapos na ang unang bahagi ng ebanghelyo na tinawag nating Linggo ng Pagkikilala. Iba pang bahagi ang nagsimula kung saan ipinaliwanag ni Jesus ang sarili sa harap ng sambayanang Judio at ng kanilang pag-asa. Iniulat ni Juan ang apat na tagpo:

– Si *Jesus sa templo*: nahilig sa materyalismo ang mga pari at pinulaan sila ni Jesus.

– Si *Jesus at Nicodemus*: ipinakita ni Nicodemus ang malasakit ng may pinag-aralan at nananalig na lipunang Judio.

– *Ang babaeng Samaritano*: Ito ang pakikipag-usap ni Jesus sa mga karaniwang tao na nananalig ayon sa kanilang sariling pamamaraan.

– *Pinagaling ni Jesus ang anak ng opisyal*: Ipinakita ni Jesus na marami ang mga lumalapit sa kanya dahil lamang sa mga himala.

• 13. Hindi pa pinasimulan ni Jesus ang kanyang pangangaral. Nagpunta siya sa Templo ng Jerusalem na tulad ng puso ng bayang Judio at simbolo ng kanilang relihiyon (Mc 11:15). Ngunit ito rin ang lugar kung saan tumibay ang katiwalian at kasakiman sa kapangyarihan. Sapagkat sa templo, mga pari lamang ang nanunungkulan at kinakailangan sila ng mga tao upang ialay ang kanilang mga handog. Nagbubuhat sa Templo ang awtoridad at kapangyarihan ng mga pari. Sa templo dinadala ang mga handog at alay galing sa buong sambayanan at ang mga punong-pari ang namamahala ng yamang iyon. At sila rin ang naniningil ng buwis mula sa mga *nagtitinda* at *tagapalit* ng pera.

*Naglalagablab sa akin ang malasakit sa iyong bahay, sa akin napunta ang mga pag-alipusta ng mga umaalipusta sa iyo*. Nakasulat na ito sa Awit 69. Sa katunayan, ang galit ng mga punong pari ang magdadala kay Jesus sa kamatayan.

Hindi naunawaan ng mga apostol ang salitang ito: sapagkat nang panahong iyon wala nang banal pa sa kanila kaysa Templo at Kasulatan. Subalit sa takdang panahon, mauunawaan nila na kasimbigat ng Kasulatan ang kahit anumang salita ni Jesus. At mauunawaan din nila na si Jesus ang tunay na Templo. Hanggang sa panahong iyon, sabik ang mga tao na gumawa ng mga templo at humanap ng lugar kung saan nila matatagpuan ang Diyos at makahihingi ng mga kaloob niya. Ngunit sa ngayon, nasa piling na natin ang Diyos sa pamamagitan ni Jesus: Siya ang magdadala sa atin ng mga kayamanan ng Diyos.

ngalan niya – pinuno siya ng mga Judio.
2 Isang gabi, pinuntahan niya si Jesus at
sinabi sa kanya: "Rabbi, alam namin na
guro kang galing sa Diyos. Sapagkat wa-
lang makagagawa ng mga tandang gina-
gawa mo kung hindi sumasakanya ang
Diyos."
3 Sumagot si Jesus sa kanya: "Tala-
gang-talagang sinasabi ko sa iyo, walang
makakakita sa paghahari ng Diyos kung
hindi siya isisilang na muli mula sa itaas."
4 Sinabi sa kanya ni Nicodemo: "Paano
maisisilang ang isang taong matanda na?
Di ba't hindi siya makapapasok sa sina-
pupunan ng kanyang ina para isilang
uli?"
5 Sumagot si Jesus: "Talagang-tala-
gang sinasabi ko sa iyo, walang makapa-
pasok sa kaharian ng Diyos kung hindi
siya isisilang mula sa tubig at Espiritu.
6 Laman ang isinilang mula sa laman at
espiritu ang isinilang mula sa Espiritu.
7 Huwag kang magtaka dahil sinabi ko sa
iyong kailangan kayong isilang mula sa
itaas.
8 Umiihip ang hangin kung saan nito
nais at naririnig mo ang ihip nito pero
hindi mo alam kung saan ito galing at
kung saan ito patungo. Gayon din nga ang
bawat isinilang mula sa Espiritu."
9 Sumagot sa kanya si Nicodemo: "Pa-
ano pupuwede ang mga ito?" 10 Sinabi sa
kanya ni Jesus: "Ikaw ang guro ng Israel
at hindi mo alam ang mga ito?

• 11 Talagang-talagang sinasabi ko sa
iyo: ang alam namin ang aming sinasabi
at ang nakita namin ang aming pinatu-
tunayan, at hindi naman n'yo tinatanggap
ang aming patunay. 12 Mga bagay na nga

---

• **3.**1 *MULING PAGSILANG*

Maka-Diyos na tao si Nicodemus, mapagmalasakit na kilalanin ang Diyos at ang kanyang kalooban, at pinuntahan niya si Jesus na waring guro ng relihiyon. Gayunman hindi isang bagong aral ang kailangan niya kundi pagbabago mula sa loob. Iyan din ang kailangan natin. Kailangang aminin natin na wala tayong kakayahan – sa sarili lamang – na makalampas sa mga pumipigil sa atin upang mabuhay nang ganap. Tulad ni Nicodemus, sa kabila ng ating maraming karanasan at kaalaman, tayo ay *matatandang tao*.

Sinabi ni Jesus na kailangang *isilang muli ang isang tao, isilang mula sa itaas*. Walang sinumang nanganak sa sarili niya, at tulad ng pagtanggap ng ating buhay *mula sa laman* ng iba, gayon din, matatanggap natin ang buhay ng Anak ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Sinasabi ng lahat na buhay sila: mayroon silang sariling pagkilos, may pag-iisip at kakayahang magpasya. Pero maaaring ito'y buhay ng laman lamang o buhay ng isang hindi pa namumulat.

Higit na mahiwaga ang ibang buhay, ang buhay ng Espiritu, sapagkat ito'y nasa kaibuturan ng ating pagkatao. Nakikita natin ang panlabas na anyo lamang; napapansin ang mukha at kilos ng tao, ngunit hindi nakikita ang pagkilos ng Diyos sa kanya. Gayunman, kung namumulat at masunurin sa Espiritu ang isang sumasampalataya, unti-unti niyang napapansin ang pagbabago ng kanyang sariling mga layunin at hangarin. Maluwag siya at walang takot sa harap ng Diyos. Nararanasan niya na siya'y hindi dinidiktahan ng sarili niya, kundi ng iba na nananahan sa kanya. Gayunman, hindi pa niya masabi nang tama kung ano'ng nangyayari sa kanya.

Kinakailangang isilang tayong muli *sa tubig at sa Espiritu*: Ang tinutukoy nito ay ang binyag. Huwag nating isiping basta't natanggap na natin ang tubig ng binyag ay matatag na tayo sa buhay ng Espiritu; kundi, isaisip natin na, karaniwa'y, binibinyagan ang tao upang magsimula sa buhay ng Espiritu. Ang tinutukoy ng mga salita ng Ebanghelyo ay ang mga taong may sapat nang gulang na tumatanggap sa pananampalataya kay Kristo. Ibang kaso naman ang mga sanggol pa'y binibinyagan na. Nagkakabisa sa kalooban nila ang binyag. Gayunpaman, dapat silang turuan sa pananampalataya upang maakay sila sa isang personal na pagtanggap sa Diyos.

Maka-Diyos at mananampalataya si Nicodemo, at marami ang kagaya niya sa Israel. At bakit siya dumating *nang gabi*? Maaaring ayaw niyang itaya sa panganib ang kanyang posisyon at puri o makihalo sa mga ordinaryong tao na nakapaligid kay Jesus. Hindi ganito ang pagkilos ng mga *muling isinilang*. Pinalaya ng mga ito ang kanilang mga sarili sa mga bagay na pumipigil sa mga tao. Masaya silang natatagpuan ni Jesus sa isang Iglesya ng mga dukha.

• 11. *IPINAHAYAG NI JESUS ANG PLANO NG DIYOS*

Naiiba ang ebanghelyo ni Juan sa tatlong iba pa. Kadalasan, pagkatapos iulat ang ilang pananalita ni Jesus, idinadagdag ni Juan ang pagpapaliwanag ng pananampalataya at doon niya ginagamit ang pangaral ni Jesus sa ibang okasyon. Ganito ang nangyari dito.

*Papaano pupuwede ang mga ito?* tanong ni Nicodemo. Upang makapasok sa buhay ng Espiritu, kailangang malaman natin ang plano ng Diyos. Ngunit walang sinumang makapaghahayag nito nang tumpak maliban sa Anak ng Diyos. Nakita *niya ang mga bagay*

sa lupa ang sinasabi ko sa inyo at hindi
kayo naniniwala, kaya paano kayo mani-
niwala kapag mga bagay sa langit ang
sasabihin ko sa inyo? 13 Walang umakyat
sa langit maliban sa bumaba mula sa la-
ngit – ang Anak ng Tao.
14 At kung paanong itinaas ni Moises
ang ahas sa disyerto, gayundin dapat ita-
as ang Anak ng Tao 15 upang magkaroon
ng buhay na magpakailanman ang bawat
nananalig sa kanya.
16 Ganito nga kamahal ng Diyos ang
mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang
bugtong na anak upang hindi na mawala
ang bawat nananalig sa kanya kundi
magkaroon ng buhay na magpakailan-
man.
17 Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo
ang Anak upang hukuman ang mundo
kundi upang maligtas ang mundo sa pa-
mamagitan niya. 18 Hindi hinuhukuman
ang nananalig sa kanya. Ngunit hinuku-
man na ang hindi nananalig pagkat hindi
siya nananalig sa Ngalan ng bugtong na
Anak ng Diyos.
19 Ito ang paghuhukom: dumating sa
mundo ang liwanag pero mas minahal pa
ng mga tao ang karimlan kaysa liwanag
sapagkat masasama ang kanilang gawa.
20 Ang gumagawa ng masama'y napopoot
nga sa liwanag at hindi lumalapit sa liwa-
nag, at baka malantad ang kanyang mga
gawa. 21 Lumalapit naman sa liwanag ang
gumagawa ng katotohanan upang ma-
bunyag na sa Diyos ginagawa ang kan-
yang mga gawa."

### Ang huling pagpapatunay ni Juan Bautista

• 22 Pagkatapos nito, pumunta si Jesus
at ang kanyang mga alagad sa lupain ng
Judea, at tumigil siya roong kasama nila
at nagbinyag. 23 Nagbibinyag din noon si
Juan sa Ainon na malapit sa Salim dahil
maraming tubig doon, at may mga nag-

---

*na nasa langit*, ang matalik na buhay ng Diyos; naghahayag din siya ng *mga bagay na nasa lupa*, ito ang Kaharian na ipinagkakaloob ng Diyos sa atin. Marami ang hindi tatanggap na kaayon nga ng sinabi ni Jesus, ang Kaharian ng Diyos. Lalong higit, hindi nila bibigyang-pansin ang ibinubunyag niya tungkol sa hiwaga ng Diyos. Ibinubunyag ni Jesus sa atin ang hindi malalaman ng ating sarili lamang. Kaya nga, ang Kristiyano ay hindi "sumasampalataya sa Diyos" lamang; Kristiyano ang sumasampalataya sa patotoo ni Jesus (b. 11) tungkol sa Diyos at sa kaligtasan ipinaplano niya.

Sa planong ito, mayroong bagay na mahirap tanggapin: kailangang mamatay sa krus at muling mabuhay ang anak ng tao (tinutukoy ang dalawang ito ng salitang *maitaas:* sa krus at sa langit). Ipinaalala ni Jesus sa kanila ang *ahas sa disyerto*. Ipinahihiwatig ng pangyayaring ito (Blg 21) ang mangyayari kay Jesus, ngunit hindi naunawaan ng mga Judio ang kahulugan ng mensahe; sa katunayan, pinalampas nila ang lahat ng propesiya tungkol sa paghihirap ng Tagapagligtas at hindi nila nauunawaan ang mga iyon.

Isa pang kaisipan nila kinailangang palitan. Inaasahan nila ang pagdating ng Diyos na hahatol sa mundo at magpaparusa sa mga masasama. Sa halip binalak ng Diyos na ipadala sa krus ang kanyang anak *upang maligtas ang mundo*.

Sa ibang talata ng Bagong Tipan, sinasabi na hindi natin dapat mahalin ang mundo; waring ito'y laban sa nabasa natin ngayon: *Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo*. Ang dahilan ng salungatang ito ay maraming kahulugan ang salitang *mundo*.

Una, nangangahulugan *ang mundo* ng sangnilikha; mabuti ito na gawa ng Diyos. Pero ang tao ang sentro ng paglikha ng Diyos, at isinailalim ng tao ang sarili kay Satanas (8:34 at 44). Kaya nalihis at nasira lahat ang nilikha ng makasalanang tao – kayamanan, kultura, lipunan – at ginamit para sa kasamaan. Kaya nga, isinugo ng Diyos ang kanyang anak upang *maligtas ang mundo*.

Ngunit sa kabila ng makapangyarihang pagbabago ng kasaysayan na nagsimula sa muling pagkabuhay ni Jesus, naroon pa rin ang malakas na agos ng kasamaan na humihila sa lahat ng hindi kumikilala sa katotohanan. Kung minsan tinatawag na *mundo* ang masamang agos na ito. Gayunman higit na angkop na sabihin: ang mga nagpapasakop sa amo ng mundo. Nagpahayag ang Kasulatan tungkol sa kanila: *Huwag ninyong mahalin ang mundo o hindi kayo para sa mundong ito*.

• 22. Inamin ng ebanghelyo na marami sa alagad ni Juan Bautista ang hindi nakakilala kay Jesus. Naging alagad sila ni Juan dahil sa halimbawa ng guro: napakasidhi at hayagang magsalita, nag-aayuno sa pagkain, inumin at damit. Katulad ni Juan Bautista umaasa silang dumating ang katarungan ng Diyos upang tuwirang parusahan ang mga masasama. Tulad ng ipinaglalaban ngayon ng anumang kapakanan, may kahinaan ang disipulo ni Juan: nakatuon sila sa kanila lamang pinuno at hirap silang baguhin ang kanilang pamamaraan. Upang maging disipulo ni Kristo, kailangang iwanan nila ang kanilang propeta.

*Dapat siyang humigit at ako'y lumiit*, sabi ng

sisidating at nagpapabinyag. 24 Hindi pa
nabibilanggo noon si Juan.
25 At nagkaroon ng pagtatalo ang mga
alagad ni Juan at ang isang Judio tungkol
sa paghuhugas. 26 Pinuntahan nila si Juan
at sinabi sa kanya: "Rabbi, ang kasa-
kasama mo sa ibayo ng Jordan, na pina-
tunayan mo, nagbibinyag siya ngayon at
sa kanya pumupunta ang lahat." 27 Suma-
got si Juan: "Walang anumang makukuha
ang isang tao malibang ibigay ito sa kan-
ya ng Langit. 28 Kayo mismo ang maka-
pagpapatunay na sinabi kong 'Hindi ako
ang Mesiyas kundi sinugo akong mangu-
na sa kanya.' 29 Sa nobyo ang nobya.
Naroon naman ang abay ng nobyo para
makinig sa kanya at galak na galak siya
sa tinig ng nobyo. Ganito ring lubos ang
aking kagalakan. 30 Dapat siyang humigit
at ako nama'y lumiit."
31 Walang kapantay ang naparirito
mula sa itaas. Makalupa naman ang mula
sa lupa at makalupa rin ang sinasabi
niya. Walang kapantay ang naparirito
mula sa langit. 32 Pinatutunayan niya ang
kanyang nakita at narinig ngunit wala
ngang tumatanggap sa kanyang patunay.
33 Pinagtibay naman ng tumanggap sa
kanyang patunay na totoo ang Diyos.
34 Sinasabi nga ng sinugo ng Diyos ang
mga salita ng Diyos sapagkat walang
sukat na ibinibigay sa kanya ang Espi-
ritu. 35 Mahal nga ng Ama ang Anak, at
ipinagkatiwala sa kanyang mga kamay
ang lahat. 36 May buhay na magpakailan-
man ang nananalig sa Anak. Hindi na-
man makikita ng ayaw manalig sa Anak
ang buhay kundi namamalagi sa kanya
ang galit ng Diyos."

### Si Jesus at ang babaeng Samaritana

**4** • 1 Nalaman ng Panginoon ang sum-
bong ng mga Pariseo. Alam nila na
mas marami nang alagad si Jesus kaysa
kay Juan pati ang mga binibinyagan
niya. 2 Hindi talaga si Jesus ang
nagbibinyag kundi ang kanyang mga
alagad. 3 At umalis siya sa Judea pabalik
sa Galilea. 4 Kailangan siyang dumaan sa
Samaria.
5 Kaya dumating siya sa isang bayan sa
Samaria na tinatawag na Sikar na malapit
sa bukid na ibinigay ni Jacob kay Jose na
kanyang anak. 6 Naroon ang bukal ni Ja-
cob. Dala ng pagod sa paglalakbay, basta
na lamang naupo si Jesus sa may bukal.

---

pinakadakilang propeta. Si Jesus lamang ang galing sa itaas, siya lamang ang makatutugon sa ating puso. Sa kanya ang lahat ng mabuti ay di nawawala, sapagkat nasa kanya ang lahat.

*Ang galit ng Diyos ay sasakanya* (36). Nasa kalagayan pa ng taong pinalayas sa Paraiso ang sinumang hindi kumilala sa Anak ng Diyos. Hindi niya kayang lutasin ang mga salungatan sa kanyang buhay o sa mundong ginagalawan niya. Hindi siya maaaring magtiwala sa Diyos. Nakatago sa kanya ang maawaing mukha na makapagbibigay ng tunay na kapayapaan.

• **4**.1 *ILOG NG BUHAY NA TUBIG*

Kinamumuhian ng mga Judio ang mga Samaritano. Bukod dito, noong panahong iyon, hindi tinututulan ng Judiong kaisipan ang makipag-usap sa isang babae sa lugar na publiko. Sinupil ni Jesus ang pagkiling sa isang lahi at kaayusang sosyal, siya'y nakipag-usap sa babaeng Samaritana. Kinakatawan ng babaeng ito ang mga ordinaryong tao ng Palestina. Tagaibang probinsya ang babae at nabibilang sa karibal na pagsamba, subalit kapwa nakikibahagi sa mga pangako ng Diyos at kapwa naghihintay sa Tagapagligtas.

Ang unang suliranin ng babae ay ang kanyang pagkauhaw. Nagpalakad-lakad ang mga ninuno ng mga Israelita kasama ang kanilang mga hayop mula sa isang balon tungo sa iba pang balon. Humukay ng mga balon ang mga tanyag na ninuno (tulad ni Jacob) at sa paligid ng balon nabuhay ang disyerto. Ang puntong ito sa kasaysayan ay parang talinhaga: saanman ay naghahanap ang mga tao upang matugunan ang kanilang uhaw pero wala silang makita liban sa mabahong tubig. Nagnanais silang makaipon ng tubig, at agad na nabibiyak ang kanilang tangke (Gen 26; Jer 2:13). Dala ni Jesus ang *buhay na tubig*, na regalo ng Diyos sa kanyang mga anak: *ang regalo* nga ng Diyos ay ang Espiritu Santo (7:37).

Kung may tubig sa disyerto, kahit na hindi ito pumaibabaw, ito'y mapapansin din dahil sa luntiang halaman. Gayon din ang nangyayari sa atin kapag tayo'y tunay na nabubuhay: higit na mabuti ang pagkilos, higit na malaya ang desisyon, nakatuon sa mga mahahalaga ang ating kaisipan. Ngunit hindi nakikita ang buhay na tubig na pinagmumulan ng mga bungang ito: ito ang buhay na walang hanggan, at walang magagawa sa kanya ang kamatayan.

Ikalawang malasakit ng babae: Saan matatagpuan

Magtatanghaling-tapat ang oras noon.
7 May dumating na babaeng taga-Samaria
para sumalok ng tubig at sinabi sa kanya
ni Jesus: "Painumin mo ako." 8 Pumunta
na noon sa bayan ang kanyang mga ala-
gad para bumili ng pagkain.
9 Sumagot naman sa kanya ang baba-
eng Samaritana: "Judio ka, paano mo
mahihingi sa akin, na babaeng Samari-
tana, na painumin kita?" (Sapagkat hindi
nakikisalamuha ang mga Judio sa mga
Samaritano.) 10 Sinabi ni Jesus sa kanya:
"Kung alam mo ang Kaloob ng Diyos at
kung sino ang nagsasabi sa iyong 'Pai-
numin mo ako!' hiningan mo sana siya at
bibigyan ka sana niya ng tubig na
buhay."
11 Sinabi sa kanya ng babae: "Wala po
kayong panalok at malalim ang balon.
Saan po galing ang inyong tubig na bu-
háy? 12 Mas may kakahayahan po ba kayo
kaysa aming amang si Jacob? Siya mis-
mo ang nagbigay sa amin ng balon at dito
siya uminom pati na ang kanyang mga
anak at mga kawan."
13 Sumagot si Jesus sa kanya: "Mau-
uhaw uli ang sinumang umiinom sa tubig
na ito. 14 Ngunit hinding-hindi mauuhaw
kailanman ang umiinom sa tubig na ibibi-
gay ko sa kanya. Magiging isa ngang bu-
kal sa kanya ang tubig na ibibigay ko, na
bubukal tungo sa buhay na magpa-
kailanman."
15 Sinabi sa kanya ng babae: "Ibigay po
ninyo sa akin ang tubig na ito nang hindi
na ako mauhaw ni magparoo't parito pa
para sumalok dito." 16 Sinabi ni Jesus sa
kanya: "Hala, tawagin mo ang iyong asa-
wa at pumarito."
17 Sumagot ang babae: "Wala akong
asawa." Sinabi naman sa kanya ni Jesus:
"Mahusay ang sabi mong wala kang asa-
wa 18 sapagkat nagkaroon ka ng limang
lalaki, at hindi mo asawa ang lalaki mo
ngayon. Totoo nga ang sinabi mo."
19 Sinabi sa kanya ng babae: "Sa pansin
ko'y isa kayong propeta. 20 Sa bundok na
ito sumamba ang aming mga ninuno.
Ngunit sinasabi ninyong mga Judio na
ang Jerusalem ang lugar na dapat sam-
bahan."
21 Sagot sa kanya ni Jesus: "Maniwala
ka sa akin, babae, na dumarating ang
oras na sasamba kayo sa Ama at hindi na
sasabihing sa bundok na ito ni sa Jerusa-
lem. 22 Sumasamba kayo nang walang

---

ang katotohanan? Sinasabi sa kanya ni Jesus: *Nagkaroon ka ng limang lalaki*. Nilalarawan nito ang karaniwang sinasapit ng mga taong bayan na naglingkod sa maraming panginoon (o asawa), at sa bandang huli, wala isa man na kinikilalang Panginoon. Maitatanong, ano nga ba ang tunay na relihiyon?

Mayroong Banal na Kasulatan ang mga Samaritano, bahagyang naiiba sa mga Judio. Bukod dito, sa mismong kabayanan, ilang kilometro ang layo sa balon ng Sichar, naroon ang kanilang Templo, na karibal ng Templo sa Jerusalem. Nagpatotoo si Jesus na Judaismo ang tunay na relihiyon: *ang kaligtasan ay galing sa mga Judio*. Sa puntong ito, hindi siya umaayon sa mga taong nagsasabi: "Hindi mahalaga kung anong simbahan o relihiyon kabilang tayo sapagkat parepareho naman ang mga ito." Gayunpaman, kahit na mapalad ang taong sumusunod sa tunay na relihiyon, kailangang maabot niya ang *espirituwal* na kaalaman sa Diyos (23). Ang Espiritung natanggap natin sa Anak niya ang magbibigay-kakayahan sa atin upang malaman siya at sambahin *ayon sa katotohanan*. Hinahanap ng Ama ang gayong sumasamba na makapasok sa matalik na ugnayan sa kanya.

*Espiritu at katotohanan* (24). Hindi ang ating mga panalangin ang kailangan ng Diyos, kundi ang kagandahan at kadakilaan ng ating espiritu. Hindi matatanggap ang Espiritu ng Diyos maliban sa mga taong naghahanap ng katotohanan, na isasagawa ang katotohanan sa mundong nakabalot sa kasinungalingan.

Katulad din ng babaeng Samaritano ang bawat isa sa atin. Inilalarawan ng tagpo sa balon ni Jacob ang ating tagpo kay Jesus. Hakbang-hakbang na inakay ni Jesus ang babae upang makilala at mahalin siya. Gayundin inaakay niya tayo ngayon sa daan ng ating pagbabagong-buhay. Sa bandang huli, naging alagad ni Jesus ang babae, at bunga ng ganitong karanasan, siya'y naging apostol din: *Marami ang naniwala kay Jesus dahil sa patotoong ito ng babae* (39). Ang pagkilala kay Jesus ang bukal ng apostolado. Nageebanghelyo na ang nagbabahagi ng ganitong karanasan sa iba.

*Apat na buwan na*... (35). Tulad ng anihan, ang mga taong sumusunod kay Jesus ay nagiging ganap din. *Tumatanggap ng upa ang tagaani*: Alam ni Jesus at ng mga alagad na may bunga ang kanilang gawa. *Nagpapagod ang iba*: tinutukoy ni Jesus ang mga nauna sa kanya, lalong higit, si Juan Bautista.

alam; sumasamba naman kami nang may
alam dahil sa mga Judio galing ang ka-
ligtasan. 23 Ngunit dumarating ang oras, at
narito na nga, na sa espiritu at katotoha-
nan sasamba sa Ama ang mga totoong
sumasamba. Ganito nga ang hangad ng
Ama sa mga sumasamba sa kanya. 24 Es-
piritu ang Diyos, at sa espiritu at katoto-
hanan dapat sumamba ang mga suma-
samba sa kanya. 25 Sinabi sa kanya ng
babae: "Alam kong dumarating ang
Mesiyas, ang tinatawag na Pinahiran. At
pagdating niya, ihahayag niya sa amin
ang tanang mga bagay." 26 Sinabi sa kan-
ya ni Jesus: "Ako siya na siyang nangu-
ngusap sa iyo."

27 Sa sandaling ito, dumating ang kan-
yang mga alagad at nagtaka sila't naki-
kipag-usap siya sa isang babae. Ga-
yunma'y walang nagtanong: "Ano'ng
hinahanap mo?" o "Ba't ka nakikipag-
usap sa kanya?" 28 Iniwan ng babae ang
kanyang tapayan at patakbong bumalik
pabayan, at ipinagsasabi niya sa mga tao:
29 "Halikayo para makita ang isang taong
nagsabi sa akin ng lahat kong ginawa.
Hindi kaya ito ang Mesiyas?" 30 Kaya lu-
mabas sila ng bayan at pumunta sila sa
kanya.

31 Samantala, pinakiusapan siya ng
mga alagad: "Rabbi (o Guro), kumain ka
na." 32 Sumagot naman si Jesus: "May
makakain ako, pagkain itong hindi ninyo
alam." 33 Kaya nag-usap-usap ang mga
alagad: "May nagdala kaya sa kanya ng
makakain?" 34 Sinabi sa kanila ni Jesus:
"Pagkain ko'y isagawa ang kalooban ng
nagpadala sa akin at ganapin ang kan-
yang gawa. 35 Di ba't sinasabi n'yong 'A-
pat na buwan na lang at anihan na'? Pero
sinasabi ko sa inyo: tumunghay kayo at
masdan, namumuti na ang mga bukirin
para anihin. 36 Tumatanggap na ng upa
ang mga taga-ani at nagtitipon ng bunga
para sa buhay na magpakailanman. At
magkasamang magagalak ang tagahasik
at ang taga-ani. 37 Totoo nga ang kasabi-
hang iba ang naghahasik at iba ang nag-
aani. 38 Isinugo ko kayo para mag-ani sa
hindi ninyo pinagpaguran. Iba ang nagpa-
god at kayo ang sumaló sa kanilang pa-
god."

39 Mula sa bayang iyon, marami ang
nagsimulang manalig sa kanya sa mga
Samaritano dahil sa salita ng babaeng
nagpatunay: "Sinabi niya sa akin ang la-
hat kong ginawa." 40 Kaya pagdating sa
kanya ng mga Samaritano, pinakiusapan
nila siyang sa kanila lumagi. At dalawang
araw siyang namalagi roon. 41 At mas
marami pa ang mga naniwala dahil sa
kanyang salita. 42 At sinabi nila sa babae:
"Hindi na dahil sa 'yong pangungusap
kaya kami nananalig dahil kami na
mismo ang nakarinig, at kinikilala namin
na totoo ngang siya ang Tagapagligtas ng
mundo."

43 Pagkatapos ng dalawang araw,
umalis siya roon pa-Galilea. 44 Nagpatu-
nay nga mismo si Jesus na hindi pinarara-
ngalan ang isang propeta sa sariling ba-
yan. 45 Gayon pa man, pagdating niya sa
Galilea, tinanggap siya ng mga Galileo
dahil nasaksihan nila ang lahat ng ginawa
niya sa Piyesta sa Jerusalem. Naroon nga
rin sila mismo sa Piyesta.

**Pinagaling ni Jesus ang anak ng opisyal**

• 46 Nagpunta siyang muli sa Kana ng
Galilea, doon niya ginawang alak ang

---

• 46. Tingnan ang Lc 7:1.
*"Hangga't hindi kayo nakakakita ng mga tanda, hindi kayo mananampalataya."* Hindi ang opisyal na nagpapakita ng dakilang pananampalataya ang binabanggit ni Jesus, kundi ang mga Judio at tayo rin. Gumagawa si Jesus ng himalang magpapatibay na sinugo siya, ngunit binibigyang-diin din niya na dapat sana nating makilala siya sa pagkakita at pakikinig sa kanya lamang. Humihingi ba ng himala ang magkasintahan upang magtiwala sa isa't isa? Humihingi ba ang mga tagasunod ng isang pinuno ng ganap na pruweba? Kung tayo ay anak ng katotohanan dapat nating makilala ito kapag ipinakita sa atin.

Ang ikalawang himala ni Jesus sa Cana ang

tubig. At nangyari, na ang anak na lalaki ng isang opisyal ng hari ay maysakit sa Capernaum. 47 Nang marinig niyang dumating si Jesus sa Galilea galing Judea, pinuntahan niya siya at ipinakiusap na lumusong at pagalingin ang kanyang anak na nasa bingit ng kamatayan.

48 Kaya sinabi sa kanya ni Jesus: "Hangga't hindi kayo nakakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, hinding-hindi kayo maniniwala." 49 Sinabi naman sa kanya ng opisyal: "Lumusong kayo bago mamatay ang anak ko." 50 At sinabi sa kanya ni Jesus: "Makauuwi ka na. Buhay ang anak mo."

Naniwala ang tao sa salitang sinabi sa kanya ni Jesus at umuwi siya.

51 At habang palusong siya, sinalubong siya ng kanyang mga alipin at sinabing buhay ang anak niya. 52 Inalam niya sa kanila ang oras nang magsimula siyang umigi, at sinabi nila: "Kahapon po nang ala-una ng tanghali siya inibsan ng lagnat." 53 Kaya nalaman ng ama na ito ang oras nang sabihin sa kanya ni Jesus: "Buhay ang anak mo." At naniwala siya at ang buo niyang sambahayan.

54 Ginawa ni Jesus ang ikalawang tandang ito pagkarating niya sa Galilea galing Judea.

**Ang lumpo sa paliguan ng Betzata**

**5** • 1 Pagkatapos nito, may piyesta ng mga Judio at umahon pa-Jerusalem si Jesus. 2 May isang palanguyan sa Jerusalem na Betzata ang tawag sa Hebreo, malapit sa Pintuan ng mga Tupa. May limang pasilyo ito na may bubong. 3 Nakahandusay sa mga ito ang isang pulutong ng mga maysakit, mga bulag, mga pilay at mga lumpo (habang naghihintay sa pagkilos ng tubig 4 sapagkat paminsan-minsa'y bumababa sa palanguyan ang Anghel ng Panginoon at kinakalawkaw ang tubig, at umiigi sa anumang sakit ang unang makalusong matapos makalawkaw ang tubig).

5 At doo'y may taong tatlumpu't walong taon nang may sakit.

6 Pagkakita ni Jesus dito na nakahandusay at pagkaalam niya na matagal na ito roon, sinabi niya sa kanya: "Gusto mo bang umigi?" 7 Sumagot sa kanya ang maysakit: "Wala po akong taong maka-

---

panghuling tagpo ng ikalawang bahagi ng ebanghelyo kung saan ipinaliwanag ni Jesus ang kanyang sariling sagot sa pag-asa ng sambayanang Judio.

Ngayon nagsisimula ang iba pang bahagi: Ipinahayag ni Jesus ang gawa na siyang dahilan ng kanyang pagparito sa mundo: Ipinadala siya ng Ama upang humatol at magbigay buhay. Pero dapat naman tayong maniwala muna sa Tagapagsalita ng Diyos upang mabigyang-buhay. Ito ang binabanggit sa kabanata 5 at 6.

• **5.**1 Bakit nagpunta si Jesus sa Paliguan ng Bethzatha? Napatunayan na isang paganong lugar ang nasabing paliguang itinalaga kay Aesculapius, diyos ng kalusugan. Mayroong usap-usapan na paminsan-minsan gumagaling ang maysakit doon. Naiskandalo ang mga relihiyosong Judic na mapagaling ang maysakit sa paganong pook, kaya sinasabi nila na hindi si Aesculapius ang nagpagaling *kundi ang anghel ng Panginoon*. At nagpupunta naman doon ang mga Judiong kabilanin upang gumaling kahit na sa pamamagitan ng diyos na dayuhan. Nagpunta rin doon si Jesus upang maghanap ng makasalanang kanyang ibig iligtas.

Punahin ang unang tugon ng maysakit. Sa mahiwagang lugar na ito, maraming umaasa subalit kakaunti lamang ang gumagaling. Hindi maliligtas ang sinumang nag-iisa: *wala akong tao*. Kailangan niya ang Tagapagligtas. Kailangan niya si Jesus.

Umalis at nawala si Jesus pagkatapos ng himala at baka isipin ng iba na kinikilala ni Jesus ang mga diyos o pinagaling niya ang maysakit sa pangalan nila. Mamaya, ipakikilala ni Jesus ang kanyang sarili *sa Templo* ng tunay na Diyos, ang kanyang Ama.

Kinakalaban ng mga Judio si Jesus dahil gumawa siya sa Araw ng Pahinga. Ating masusing pag-aralan ang tugon ni Jesus: *Kumikilos pa rin ang aking Ama.* Totoo ngang mabuting mamahinga ang tao sa Araw ng Diyos; ngunit hindi naman namamahinga ang Diyos o tumitigil sa pagkilos ang mundo: patuloy siyang nagbibigay buhay sa tao. Kaya dapat na gayahin ni Jesus na tunay na Anak ang Ama sa halip na magpahinga tulad ng mga tao. Nang marinig ng kaaway ang kanyang salita, hindi sila nagkamali sa kanyang pahayag: gusto nilang patayin siya sapagkat *ipinapantay niya ang sarili sa Diyos* (b. 18).

*Huwag ka nang magkasala pa*. Ipinaalala ni Jesus sa maysakit na naging kabilanin ito at nagkasala sa

paghahagis sa akin sa palanguyan kapag
nakalawkaw na ang tubig. Habang paroon
pa ako, may lumulusong nang una sa
akin."

8 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Bumangon
ka, buhatin mo ang iyong higaan at mag-
lakad-lakad!" 9 At dagling umigi ang tao at
binuhat niya ang kanyang higaan at nag-
lakad-lakad.

Araw nga ng Pahinga ang araw na iyon.
10 Kaya sinabi ng mga Judio sa taong
pinagaling: "Araw ng Pahinga ngayon at
di ipinahihintulot na magbuhat ka ng
higaan. 11 Sumagot siya sa kanila: "Ang
nagpaigi sa akin ang siyang nagsabi sa
aking 'Buhatin mo ang iyong higaan at
maglakad-lakad'." 12 Tinanong nila siya:
"Sino ang taong nagsabi sa iyong 'Magbu-
hat at maglakad-lakad'?" 13 Ngunit hindi
alam ng pinagaling kung sino siya sapag-
kat nakatalilis si Jesus dahil maraming
tao sa lugar na iyon.

14 Pagkatapos nito, natagpuan siya ni
Jesus sa Templo at sinabi niya sa kanya:
"Hayan, maigi ka na. Huwag ka nang
magkasala pa at baka may masahol pang
mangyari sa iyo." 15 Umalis ang tao at
sinabi sa mga Judio na si Jesus ang
nagpaigi sa kanya. 16 Dahil dito, inusig ng
mga Judio si Jesus sapagkat sa Araw ng
Pahinga niya ginawa ang mga ito.

17 Sumagot naman si Jesus sa kanila:
"Gumagawa pa rin ang aking Ama kaya
gumagawa rin ako." 18 Kaya lalo pang
hinangad ng mga Judio na patayin siya
dahil dito sapagkat hindi lamang niya
nilalabag ang Araw ng Pahinga kundi
sariling Ama pa ang tawag niya sa Diyos
at ipinapantay niya ang sarili sa Diyos.

**Gawain ng Anak ang bumuhay ng patay**

• 19 Kaya sumagot si Jesus at sinabi sa
kanila: "Talagang-talagang sinasabi ko sa
inyo, hindi makagagawa ng anuman sa
sariling kusa ang Anak maliban sa naki-
kita niyang ginagawa ng Ama. Anuman
ang gawin niya, ganoon din ang paggawa
ng Anak.

---

pagpunta nito sa paganong templo. Doon siya naghintay ng may 38 taon, tulad ng mga Israelita na pinigil ng may 38 taon sa tubigan ng Kadesh sa ilang, at hindi nakapasok sa lupang pangako. Naunawaan ni Juan ang pagkakahawig na ito; naunawaan din niya na nagpapahiwatig ng binyag ang paggaling sa paliguan.

Para din sa mga taong nagbagong-loob at nabinyagan ang salita ni Jesus sa gumaling na maysakit: *Huwag ka nang magkasala.*

Pagkatapos ng tagpong ito, may isang "pangangaral" si Jesus na inihanda ni Juan (tingnan Jn 3:11).

Dapat banggitin na sa mga "pangangaral" na ito, nais ni Juan Ebanghelista na ulitin ang mahahalagang salita ng pitong beses. Dito, halimbawa, makikita natin na ang salitang Araw ng Pahinga, Jesus at Moises ay pitong beses na inulit; at ang Ama ay labing-apat na ulit. Dapat nating maunawaan na ibig salungatin ni Juan ang Judiong relihiyon na itinatag ni Moises na binibigyang diin ang pahinga sa Araw ng Pahinga sa bagong panahon na pinasimulan ni Jesus kung saan ating makikilala ang Ama.

• 19. *ANG ANAK AT ANG AMA, ANG MULING PAGKABUHAY*

Nagulat ang mga kalaban ni Jesus nang makitang hindi niya iginalang ang banal na pamamahinga; subalit ito'y unang pakikialam lamang ni Jesus (7:21). Higit pa sa pagbabago ng relihiyon ang layunin ni Jesus: naparito siya upang baguhin ang buong sangnilikha.

Sa pagsasalita ng Lumang Tipan ukol sa Diyos, ipinahayag nito na siya'y iisa lamang. Subalit ngayon ipinakita ni Jesus ang iba pang mukha ng Diyos: Siya ang Ama at isinugo niya ang kanyang Anak upang ganapin ang kanyang gawa. Sa lahat ng kanyang ginagawa, nais ng Diyos na magbigay-buhay, at ang pinakadakila sa kanyang mga gawa ay ang Muling Pagkabuhay.

May dalawang kahulugan ang "Muling Pagkabuhay": "pagbabalik ng buhay" at pagsisimula ng isang bago at naiibang buhay. Muli talagang babangon ang mga patay, ngunit binubuhay din at bumabangon ang mga nagsisimulang sumasampalataya. Ito'y iisang gawain ng Ama at ng Anak. Binubuhay tayo ng pagibig ng Ama ngunit umaabot ito sa atin sa bisa ng salita ni Kristo (b. 25).

Kaiba sa atin ang pagiging tao ni Jesus. Bagamat tao, siya rin ay isa pang mukha ng Diyos. Ibig ni Jesus na alisin sa ating isipan ang anyo ng Diyos na mainggitin, at ang anyo rin ng Diyos na bahala sa lahat para sa atin. Ipinakikita ng ebanghelyo na ibinibigay ng Ama ang lahat ng kapangyarihan sa isang tao, kay Kristo. Ito'y tugma sa makabagong sikolohiya na nagtuturo na wala pa sa hustong gulang ang tao hanggat hindi siya nakalalaya sa awtoridad ng ma-

20 Sapagkat mahal ng Ama ang Anak,
at itinuturo niya sa kanya ang lahat niyang
ginagawa. At mas mahalaga pang mga
gawa ang ituturo niya kayat mamamang-
ha kayo.
21 Ibinabangon nga ng Ama ang mga
patay at binibigyang-buhay; gayundin
naman binibigyang-buhay ng Anak ang
sinumang loobin niya. 22 At hinding-hindi
nga hinahatulan ng Ama ang sinuman
kundi ibinigay niya sa Anak ang buong
paghatol 23 at pararangalan ng lahat ang
Anak gaya ng pagpaparangal nila sa A-
ma. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay
hindi nagpaparangal sa Amang nagpada-
la sa kanya.
24 Talagang-talagang sinasabi ko sa in-
yo na may buhay na magpakailanman
ang nakikinig sa aking salita at nani-
niwala sa nagpadala sa akin. Nakatawid
na siya mula sa kamatayan tungo sa
buhay at hindi siya humahantong sa pag-
huhukom.
25 Talagang-talagang sinasabi ko sa in-
yo na dumarating na ang oras, at ngayon
na nga, na maririnig ng mga patay ang
tinig ng Anak ng Diyos at mabubuhay ang
mga nakaririnig. 26 May Buhay ang Ama
sa kanyang sarili, gayundin naman, ibini-
gay niya sa Anak na magkaroon ng buhay
sa kanyang sarili. 27 At ibinigay din niya sa
kanya ang kapangyarihang maghukom
sapagkat anak siya ng tao.
28 Huwag n'yo na itong pagtakhan: du-
marating ang oras na maririnig ng lahat
ng nasa libingan ang tinig niya 29 at mag-
sisilabas sila: sa pagbangon sa buhay ang
mga gumawa ng mabuti at sa pagbangon
naman sa kapahamakan ang mga guma-
wa ng masama.

• 30 Wala akong magagawa sa sariling
kusa. Ayon sa naririnig ko ako naghuhu-
kom. At matuwid ang paghuhukom ko
dahil hindi sariling kalooban ang hangad
ko kundi ang kalooban ng nagpadala sa
akin.
31 Kung nagpapatunay ako sa aking sa-
rili, di mapanghahawakan ang aking pa-
tunay. 32 Ngunit iba ang nagpapatunay
tungkol sa akin at alam kong mapangha-
hawakan ang patunay niya tungkol sa
akin. 33 Nagpasugo kayo kay Juan at bi-
nigyang-patunay niya ang katotohanan.
34 Ipinaaalaala ko ito para maligtas kayo;
ngunit hindi ko hangad ang patunay mula

---

gulang. Hindi tinatanggap ng mundo ngayon ang isang *bahala sa lahat* na Diyos.

Sa maraming pagkakataon tinawag ni Jesus ang sarili bilang *ang Anak ng Tao* (tingnan ang Mc 8:27). Ngunit dito, sinabi ni Juan *isang anak ng tao* (b. 27); at sa kaisipang Judio, ito'y nangangahulugan ng pagiging tao. Dahil sa pagiging tao niya, naililigtas ni Jesus ang sangkatauhan mula sa loob.

Ipinapahayag ni Jesus na siya Ang Anak, at inuulit niya ang dalawang bagay sa maraming paraan:
– lahat nang ginagawa ng Ama, ginagawa ko, at nasa akin ang lahat ng nasa Ama,
– at: wala akong magagawa sa sarili lamang.

Sa ganito, modelo si Jesus para sa lahat ng anak ng Diyos. Dapat din tayong tumingin sa Ama upang turuan niya tayo ng kanyang gawa: walang buhay na Kristiyano nang walang panalangin, ito'y isang personal na ugnayan sa Diyos.

• 30. *ANG PAGPAPATOTOO*

Sa bawat oras ng ating pang-araw-araw na buhay, kailangan nating maniwala sa maraming bagay na di nakikita, na di natin napatutunayan o nalalaman sa sariling karanasan. Ngunit pinaniniwalaan natin dahil sa pagpapatotoo ng ibang tao – at naniniwala sa mga taong ito dahil sa kanilang mga salita, ugali at personal na katangian.

Pareho din ang ating kaalaman ukol sa Diyos. Pareho ang ating paniniwala kay Kristo. Dito nagpahayag si Jesus ng mga saksi sa kanya:
– ang kanyang gawa, ito'y ang kanyang himala
– ang pagpapatotoo ni Juan Bautista na nagturo kay Jesus bilang tagapagligtas
– ang pagpapatotoo ng kasulatan na patungkol sa kanya

Sinasabi ng ilang tao na dahil ang Biblia ay Salita ng Diyos, hindi na nila kailangan ang ano pa mang patnubay sa kanila. Ngunit tulad ng pagsasalita ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangyayari at mga propeta, siya'y patuloy na nagsasalita sa pamamagitan ng aktuwal na pangyayari at mga tagapagsalita ng Espiritu sa Iglesya. Pinagsasabihan ni Jesus ang mga Judiong naniniwala na tama sila dahil mayroon silang Biblia, ngunit hindi nila *kinikilala ang isinugo ng Diyos* sa kanila (b. 38).

sa tao. 35 Siya nga ang ilaw na may sindi at
nagniningning, at ginusto n'yong magalak
pansamantala sa kanyang liwanag.

36 May patunay naman ako na higit pa
kaysa kay Juan – ang mga gawang bigay
sa akin ng Ama upang tuparin ko ang
mga iyon. Ang mga gawa mismong gina-
gawa ko ang nagpapatunay na sinugo ako
ng Ama.

37 At nagpapatunay rin sa akin ang
Amang nagsugo sa akin. Kailanma'y di
ninyo narinig ang kanyang tinig ni nakita
ang kanyang anyo. 38 At hindi rin nama-
malagi sa inyo ang kanyang salita dahil
hindi kayo naniniwala sa kanyang sinugo.

39 Sinasaliksik ninyo ang mga Kasula-
tan dahil inaakala ninyong doon kayo
magkakaroon ng buhay na magpakailan-
man. Nagpapatunay nga sa akin ang mga
iyon 40 ngunit ayaw n'yong lumapit sa akin
upang magkaroon kayo ng buhay.

41 Hindi ko hangad ang papuri mula sa
mga tao 42 ngunit kilala ko kayo: wala sa
inyong sarili ang pagmamahal sa Diyos.
43 Sa ngalan ng aking Ama ako dumating
at hindi n'yo ako tinatanggap; kung saka-
ling may dumating sa sarili niyang ngalan,
siya ang inyong tatanggapin. 44 Paano ka-
yo makapaniniwala kung papuri sa isa't
isa ang hangad n'yo at hindi ang papuring
galing sa tanging Diyos ang hangad?

45 Huwag n'yong akalain na ako ang
magsasakdal laban sa inyo sa harap ng
Ama. Si Moises ang nagsasakdal laban sa
inyo, siya na inyong inaasahan. 46 Kung
pinaniwalaan nga ninyo si Moises, pani-
niwalaan din sana ninyo ako sapagkat
tungkol sa akin siya nagsulat. 47 Ngunit
kung hindi n'yo pinaniniwalaan ang kan-
yang mga sinulat, paano n'yo paniniwala-
an ang aking mga pananalita?

**7** • 19 Di ba't ibinigay sa inyo ni Moises
ang Batas? Pero wala sa inyong
tumutupad sa Batas. Bakit hangad n'yo
akong patayin?"

20 Sumagot ang mga tao: "May demon-
yo ka! Sino ang gustong pumatay sa iyo?"

21 Sinagot sila ni Jesus: "Isa lang ang
ginawa ko at nagtataka kayong lahat.
22 Iniutos sa inyo ni Moises ang pagtutuli –
hindi nga 'yon galing kay Moises kundi sa
mga ninuno – at nagtutuli kayo kahit Araw
ng Pahinga. 23 Kaya tinutuli ang isang tao
maging Araw ng Pahinga upang hindi
labagin ang Batas ni Moises, bakit kayo
galit sa akin kung pinaigi ko ang buong
tao sa Araw ng Pahinga? 24 Huwag kayong
humatol ayon sa panlabas na anyo kundi
maging makatarungan sa inyong paghu-
hukom."

---

Nagtuturo ang Diyos sa bawat isa sa atin. Inilalagay niya sa ating buhay at sa buhay ng mga bansa ang maraming tawag at tanda na mauunawaan sana natin kung handa tayong matuto sa iba. Ginagabayan din niya tayo sa pamamagitan ng Kristiyanong komunidad – ang Iglesya. Sa loob nito may matatagpuan tayong mga taong nabubuhay ayon sa Espiritu niya samantalang nagpapanggap lamang na maka-Diyos at mabuting tao ang iba.

Ngunit papaano natin malalaman ang katotohanan sa kasinungalingan? Papaano natin matutuklasan ang mga nagtuturo ng mga daan ng Diyos dahil mayroon silang karanasan ukol sa mga iyon? Sinabi ni Jesus na yaong nagmamahal sa katotohanan ay nakakakilala sa nagsasalita ng katotohanan. Sapagkat binibigyang halaga ng sinuman ang mga saksing kapareho niya. Upang makilala ang sugo ng Diyos, hindi tayo dapat *naghahangad ng papuri mula sa iba*, at kung gayon, hindi tayo maaakit ng mga maling pangangaral. Sinumang naghahanap ng katotohanan at awa ay makikilala ang pagbubunyag ng *Luwalhati ng Diyos* sa salita at gawa ng mga inabang lingkod ng Diyos.

Ikinalulugod ng Diyos ang ating pagkilala sa kanyang mga saksi at pinararangalan siya nito. Pero lalo pang nais niya na *parangalan ng lahat* ang Anak katulad ng Ama. Sa paniniwala sa Anak, tayo'y nagiging karapat-dapat sa kanyang pagtitiwala at nagiging anak rin tayo para sa kanya.

---

• **7.**19 Sa hulihan ng ikalimang kabanata inilagay natin ang saknong 7:19-24 na siyang konklusyon ng pangangaral na ito. Dahil sa di malamang kadahilanan nalagay ito pagkatapos sa kabanata 7.

---

• **6.**1 Tingnan Mc 6:35.

**Ang pagpaparami ng tinapay**
*(Mc 6:34; Mt 14:13; Lc 9:10)*

**6** • 1 Pagkatapos nito, nagpunta si
Jesus sa kabilang ibayo ng dagat ng
Galilea sa may Tiberias. 2 Sinusundan siya
ng makapal na tao dahil napansin nila ang
mga tandang ginagawa niya sa mga may-
sakit. 3 Umahon si Jesus sa bundok at
naupo siya roon kasama ang kanyang
mga alagad. 4 Malapit na ang Paskuwa na
piyesta ng mga Judio.
5 Kaya pagkatunghay ni Jesus at pag-
kakita niyang marami ang taong pumu-
punta sa kanya, sinabi niya kay Felipe:
"Saan kayo makabibili ng tinapay para
makakain ang mga ito?" 6 Sinabi niya ito
bilang pagsubok sa kanya dahil alam na
niya kung ano ang napipinto niyang ga-
win. 7 Sumagot sa kanya si Felipe: "Dala-
wandaang denaryong tinapay ay hindi sa-
pat sa kanila para makakuha ng tigkaka-
unti ang bawat isa."
8 At sinabi naman sa kanya ng isa sa
kanyang mga alagad na si Andres na ka-
patid ni Simon Pedro: 9 "May maliit na
bata rito na may limang tinapay na seba-
da at dalawang isda. Ano na ito para sa
pagkarami-raming tao?"
10 Madamo sa lugar na iyon kaya sinabi
ni Jesus: "Paupuin n'yo ang mga tao."
Kaya nag-upuan sila, halos limanlibo ang
mga lalaki.
11 Kaya kinuha ni Jesus ang mga tina-
pay at pagkapagpasalamat ay ipinabigay
sa mga nakaupo. Gayundin naman sa
mga isda – gaano man ang gustuhin nila.
12 Nang busog na sila, sinabi niya sa kan-
yang mga alagad: "Tipunin ninyo ang
natirang mga piraso para walang masa-
yang." 13 Kaya tinipon nila ang mga tira ng
mga pinakain, at labindalawang bakol
ang napuno ng mga pira-piraso mula sa
limang tinapay na sebada.

14 Pagkakita sa tandang ginawa ni Je-
sus, sinabi ng mga tao: "Ito ngang talaga
ang Propetang parating sa mundo." 15 At
alam ni Jesus na parating sila upang aga-
win siya para gawing hari kaya lumigpit
siyang muli na siya lamang mag-isa sa
bulubundukin.

16 Nang magtakipsilim na, lumusong sa
aplaya ang kanyang mga alagad 17 at pag-
kasasakay sa bangka ay nagpakabilang-
ibayo ng dagat pa-Capernaum. Dumilim
na at wala pa sa kanila si Jesus; 18 at
magalaw ang dagat sa malakas na ihip ng
hangin.

19 Pagkasagwan nila nang may lima o
anim na kilometro, napansin nilang nag-
lalakad si Jesus sa dagat at palapit sa
bangka. Nasindak sila. 20 Ngunit sinabi
niya sa kanila: "Ako siya; huwag kayong
matakot."

21 Nang isasakay na nila siya sa bang-
ka, bigla namang nasa pampang na na
pupuntahan nila ang bangka.

• 22 Kinabukasan napuna ng mga taong
nakatayo sa kabilang ibayo ng dagat na

---

• 22. Sa mga sumusunod na pahina pinalalim ni Juan ang turo ni Jesus sa sinagoga ng Capernaum. Tiyak na hindi ganap na inilantad ni Jesus ang doktrina ng Eukaristiya (b. 48-58) noong panahong iyon. Ngunit walang pagdududa na nagpahayag si Jesus sa paraang naiskandalo ang kanyang tagapakinig. At ano nga ang sinabi niya kundi ipahayag na dapat tayong lumapit sa kanya sapagkat mula sa kanya mismo matatanggap natin ang buhay na walang hanggan. Kaya siya ang ating tunay na tinapay.

Naghahanap ng pagkain ang tao. Unang pinag-aabalahan niya ang pagkain sa kinabukasan, sapagkat kung hindi pa siya kakain, hindi na siya mabubuhay. Hindi mula sa kanyang sarili ang buhay ng tao at kailangan niyang paulit-ulit na kunin sa labas ang makapagbibigay-buhay sa kanya. Pero sa kabila ng lahat, isang araw, siya'y mamamatay, dahil hindi niya natagpuan ang *pagkaing nananatili* (27).

Sa katunayan, higit pa sa tinapay ang kailangan ng tao. Sa pagkain at pag-inom siya naghahanap ng makapagbibigay sa kanya ng makaaalis ng kanyang gutom at uhaw. Matatagpuan natin ito sa araw ng Muling Pagkabuhay, sa katipunan ng lahat ng mga Banal sa Langit, kung saan may ganap at lubos na kapayapaan at pagkakaisa. Ito talaga ang *gawa ng Anak ng tao*.

dati'y walang ibang bangka roon kundi isa lang at hindi sumakay sa bangka kasama ng kanyang mga alagad si Jesus kundi ang kanyang mga alagad lamang ang magkakasamang umalis. 23 May iba namang malalaking bangkang galing Tiberias na dumating malapit sa lugar na kinainan nila ng tinapay pagkapagpasalamat ng Panginoon. 24 Kaya nang mapuna ng mga tao na wala roon si Jesus ni ang kanyang mga alagad, sumakay sila sa mga bangka at nagpa-Capernaum sa paghanap kay Jesus.

25 Nang matagpuan nila siya sa kabilang ibayo ng dagat, sinabi nila sa kanya, "Rabbi, kailan ka dumating?"

26 Sumagot sa kanila si Jesus at sinabi: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, hinahanap n'yo ako hindi dahil sa nakita n'yo sa pamamagitan ng mga tanda kundi dahil sa tinapay na kinain n'yo at nabusog kayo. 27 Magtrabaho kayo, hindi nga para sa pagkaing nasisira kundi para sa pagkaing namamalagi hanggang buhay na magpakailanman. Ito ang ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao; siya nga ang tinatakan ng Diyos Ama."

**Ang tinapay ng buhay; ang maniwala sa Anak ng Diyos**

• 28 Kaya sinabi nila sa kanya: "Ano ang matatrabaho namin para maisagawa ang mga gawa ng Diyos?" 29 Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila: "Ito ang gawa ng Diyos: patuloy kayong manalig sa sinugo niya."

30 Kaya sinabi nila sa kanya: "At anong tanda ang matatrabaho mo para makita nami't maniwala kami sa iyo? Ano ba'ng gawa mo? 31 Kumain ng manna sa disyerto ang aming mga ninuno ayon sa nasusulat: *Binigyan sila ng tinapay mula sa langit at kumain sila."*

32 Kaya sinabi ni Jesus sa kanila: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay mula sa Langit; ang Ama ko ang nagbibigay sa inyo ng totoong tinapay mula sa Langit. 33 Ang tinapay ng Diyos ang pumapanaog mula sa Langit at nagbibigay-buhay sa mundo." 34 Kaya sinabi nila sa kanya: "Lagi n'yo pong ibigay sa amin ang tinapay na ito."

35 Sinabi ni Jesus sa kanila: "Ako siyang tinapay ng buhay. Hinding-hindi ma-

---

Nagsisimula ang pangangaral sa isang tanong ng mga Judio: *Ano ang mga ipinagagawa ng Diyos?* Sumasagot si Jesus: *Ito ang ipinagagawa ng Diyos: maniwala kayo*. Hindi humihingi ang Ama *ng mga gawa*, ibig sabihin pagsunod sa mga reliyosong batas, kundi, pananampalataya. Sa nagdaang kabanata, ipinahayag ni Jesus na ang kanyang Gawa ay magbibigay-buhay sa tao. Dito, kanyang ipinahiwatig ang ating *gawa: maniwala sa sinugo ng Ama*.

Ang pinakamahalagang salita sa pangangaral ay *tinapay*. Kaya nga inulit ni Juan ng pitong beses ang salitang ito sa bawat bahagi ng kabanata. At pitong beses ding inulit ang mga katagang *nanggaling mula sa langit*.

• 28. Dito nagsisimula ang unang bahagi ng pangangaral: Nagiging pagkain natin si Jesus sa ating pagsampalataya sa kanya.

Sa nakaraan, nang nagpagala-gala ang mga Israelita at wala silang pagkain sa disyerto, binigyan sila ng Diyos ng pansamantalang pagkain, ang *manna*. At sila'y nagpasalamat sa kanya. Ngunit kung tagapamigay lamang natin ang Diyos, lumalapit tayo sa kanya upang magpalimos lamang. Bunga nito, binibigyang-pansin natin ang mga bagay na ibibigay niya. Kakaunti ang ating pasasalamat at lumaon, tayo'y hihingi uli at muling magrereklamo.

Ito ang nangyari sa mga Israelita matapos makakain ng manna. Nagrebelde sila sa Diyos *at namatay sa ilang*. Nanggaling man sa langit ang bagay na makalupa, hindi pa sila nagpapabuti sa atin o nagbibigay sa atin ng tunay na buhay.

Dahil dito, nag-aalok na ng bago ang Diyos. Hindi bagay ang *tinapay na pumanaog mula sa langit*, kundi isang tao, si Kristo. Nagbibigay ang tunay na tinapay ng buhay na walang hanggan, ngunit upang tanggapin iyon, kailangan nating sumampalataya kay Kristo at gumawa ng isang personal na pagtatalaga ng sarili sa kanya.

*Lalapit sa akin ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama* (b. 37). Hindi ang lahat ng nagmamalaki dahil sa kanilang relihiyon ang *lumalapit* kay Kristo, kundi ang mga *kilala ng Ama* lamang. Maraming uri ng tao sa Iglesya. Gayunman ang mga tao lamang na pinagkalooban ng Ama ng grasyang ito ang makatatagpo ng mga daan ni Kristo na sinasalungat pa at hinahamak ngayon. Sabihin man natin ang tungkol sa kahalagahan ng sakramento at mabuting gawa, hindi natin dapat kalimutan ang itinuro ni Jesus: walang maka-

gugutom ang lumalapit sa akin at hinding-
hindi mauuhaw kailanman ang nananalig
sa akin. 36 Pero sinabi ko sa inyo: nakita
n'yo at hindi naman kayo naniniwala.

37 Lalapit sa akin ang bawat ibinibigay
sa akin ng Ama at hinding-hindi ko ipag-
tatabuyan sa labas ang lumalapit sa akin.
38 Sapagkat pumanaog ako mula sa La-
ngit hindi para gawin ang aking kalooban
kundi ang kalooban ng nagpadala sa akin.

39 Ito ang kalooban ng nagpadala sa
akin: na huwag kong pabayaang mawala
ang bawat ibinigay niya sa akin; sa halip
ay itatayo ko ito sa huling araw. 40 Ito nga
ang kalooban ng Ama ko: magkakaroon
ng buhay na magpakailanman ang bawat
pumapansin sa Anak at nananalig sa kan-
ya, at itatayo ko siya sa huling araw."

41 Kaya nagbulung-bulungan ang mga
Judio tungkol sa kanya dahil sinabi ni-
yang "Ako siyang tinapay na pumanaog
mula sa Langit." 42 At sinabi nila: "Di ba't
ito si Jesus na anak ni Jose? Di ba't kilala
natin ang kanyang ama at ina? Paano niya
ngayong masasabing 'Mula sa Langit ako
pumanaog'?"

43 Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila:
"Huwag na kayong magbulung-bulungan
pa sa isa't isa. 44 Walang makalalapit sa
akin kung hindi siya aakitin ng Amang
nagpadala sa akin. At itatayo ko siya sa
huling araw. 45 Nasusulat sa Mga Propeta:
*Tuturuan nga silang lahat ng Diyos.* Kaya
lumalapit sa akin ang bawat nakarinig at
tinuruan ng Ama.

46 Wala ngang nakakita sa Ama liban sa
kanya na galing sa Diyos; siya ang naka-
kita sa Diyos. 47 Talagang-talagang sina-
sabi ko sa inyo, may buhay na magpakai-
lanman ang naniniwala.

**Katawan ni Kristo, tinapay ng buhay**

• 48 Ako siyang tinapay ng buhay. 49 Ku-
main nga ng manna sa disyerto ang in-
yong mga ninuno at nangamatay pa rin.
50 Narito naman ang tinapay na pumapa-
naog mula sa Langit upang makakain nito
ang sinuman at di mamatay. 51 Ako siyang

---

kapalit sa hirang ng Amang tumatawag sa atin upang makilala ang Anak sa katotohanan.

*Anak ni Jose ang taong ito* (b. 42). Naniniwala sa Diyos at sa Banal na Kasulatan ang mga Judiong nakikinig kay Jesus. Ngunit isang bagay ang paniniwala sa propetang iginalang ng lahat pagkatapos ng kamatayan; isa pang mahirap na bagay ang pagkilala sa kasalukuyan sa mga sinasalungat na sinugo ng Diyos, lalo na kung isa lamang karpintero ang sinugo. Ito ay totoo din sa kasalukuyan; dapat nating itakwil ang mga pagdududa upang makinig sa sinugo ng Diyos na nagtuturo sa atin ng niloloob ng Diyos ngayon. Maraming naniniwala sa Biblia at kay Kristo subalit ayaw makinig sa Iglesya, lalo na kung ito'y nagsasalita sa pamamagitan ng mga Kristiyano at relihiyosong nabibilang sa mga mahihirap at simpleng manggagawa.

*Huwag kayong magbulung-bulungan* (b. 43). Ginamit ng Biblia ang pandiwang "magbulung-bulungan" sa Exodo: hindi nanalig kay Yawe ang mga Israelita at palaging pinupuna ang pasya ni Moises (Ex 15:24; 16:2; 17:3).

*Lahat ay tuturuan ng Diyos.* Makikita sa ilang teksto ng mga propeta kung bakit dapat lampasan o higitan ang relihiyon ng mga Judio. Pagkatapos ng Tipan ng Diyos sa Israel sa Sinai, na may mga batas at mga obligasyong panrelihiyon na nagturo sa konsiyensya ng bayang Judio, dapat simulan ang bagong panahon ng pagpapahayag ng Diyos ng kanyang sarili sa bawat isa sa mga nananampalataya sa kanya, sa parehong pamamaraang ginawa niya sa mga dakilang propeta (Is 54:13; Jer 31:34; Jl 3:1). Ipinaaalaala ni Jesus ang mga pangakong ito, subalit nagdaragdag siya ng isang katotohanan. Ang bagong paraan ng pakikipag-ugnayan sa Diyos ay hindi nangangahulugang magiging sarado ang bawat isa sa kanyang sariling katotohanan o sa kanyang pag-aakalang narinig niya ang Diyos. Mula sa Ama, nakatatanggap tayo ng kagustuhang hanapin ang lahat kay Jesus. At sapagkat si Jesus ang perpektong salamin ng Diyos, nakikita natin sa kanya ang kalooban ng Ama para sa atin. Maaari ding sabihin na si Jesus *ang* Salita ng Diyos: sa kanya sinabi ng Ama ang lahat kaya walang pagpapahayag na talagang espirituwal kung hindi tayo babalik sa kanya.

• 48. *ANG KOMUNYON – ANG MGA SAKRAMENTO*

Ang ikalawang bahagi ng pangangaral: Nagiging tinapay natin si Jesus kapag kinakain natin ang kanyang katawan sa sakramento ng eukaristiya.

*Paano tayo mabibigyan ng taong ito ng karne para kanin natin* (b. 52). Gayon ang salita ng mga Israelita na hindi nanalig sa Diyos sa ilang (Blg 11:4 at 18). Ginagamit ni Juan ang salitang iyon ngunit iba ang kahulugan: bakit magbibigay ng laman ang sugo ng

tinapay na buhay, na pumanaog mula sa Langit. Kung may kakain ng tinapay na ito, mabubuhay siya magpakailanman. At ang laman ko ang tinapay na aking ibibigay alang-alang sa ikabubuhay ng mundo."

52 Kaya nagtalu-talo ang mga Judio at
nagsalita: "Paano tayo mabibigyan ng ta-
ong ito ng laman para kainin?" 53 Sinabi
naman ni Jesus sa kanila: "Talagang-tala-
gang sinasabi ko sa inyo, kung hindi n'yo
kakanin ang laman ng Anak ng Tao at
iinumin ang kanyang dugo, wala kayong
buhay sa inyong sarili. 54 May buhay na
magpakailanman ang ngumunguya ng
aking laman at umiinom ng aking dugo, at
itatayo ko siya sa huling araw.

55 Sapagkat totoong pagkain ang aking
laman at totoong inumin ang aking dugo.
56 Ang ngumunguya ng aking laman at
umiinom ng aking dugo ay namamalagi
sa akin at ako naman sa kanya. 57 Sinugo
nga ako ng Amang buhay at buhay ako
dahil sa Ama, gayundin naman dahil sa
akin mabubuhay ang ngumunguya sa
akin.

58 Ito ang tinapay na pumanaog mula sa
Langit, hindi gaya ng sa inyong mga ninu-
no na kumain at nangamatay pa rin. Ma-
bubuhay naman magpakailanman ang
ngumunguya ng tinapay na ito."

59 Sinabi niya ang mga bagay na ito sa
sinagoga habang nangangaral siya sa Ca-
pernaum.

**Gusto n'yo rin bang umalis?**

• 60 Nang marinig ito ng kanyang mga
alagad, marami sa kanila ang nagsabi:
"Mabigat ang salitang ito. Sino ang maka-
kapakinig dito?"

---

Diyos sa mundo, gayong bagay na espirituwal ang kailangan natin? Sumagot si Jesus sa talata 63: parang pagkain lamang ng katawan itong laman upang kanin; ngunit ito'y pakikibahagi sa buhay ng Kristong muling nabuhay na pinagbago ng Espiritu. Dahil dito ito'y *nagbibigay-buhay* (6:63).

Sa pamamagitan ng isang nakikitang bagay, nakikibahagi sa makalangit na buhay ang sumasampalataya at sumasama kay Kristong muling nabuhay. Tinatawag nating sakramento ang isang nakikitang bagay na nagpapahiwatig at naghahatid ng espirituwal na buhay. Kapag tayo'y buong pananalig na nakikibahagi sa sakramento, ating nakakatagpo ang Kristong buhay na nagpapalakas sa ating buhay. Sa Hapunan ng Panginoon, sa Misa, tinatanggap natin ang katawan at dugo ni Kristo sa anyo ng tinapay at alak. At nagiging pagkain ng buhay na walang hanggan ang Kristong muling nabuhay.

Parang bunga ng isang buhay na tinapay ang gawa ni Jesus sa atin. Sa pagkain natin ng ordinaryong tinapay ito'y tinutunaw ng katawan, ngunit kung kumakain tayo ng buhay na tinapay (ang katawan ni Kristo) itong tinapay ang nagpapabago sa atin. Nagbabagong-tao tayo sa pamamagitan ni Kristo; ibinibigay ang kanyang buhay sa atin at nabubuklod sa kanya: *dahil sa akin mabubuhay ang kumakain sa akin*.

Malinaw na ipinakita ng ebanghelyo na hindi naunawaan ang pangako ni Jesus at hindi rin tinanggap. Tandaan natin na sa panahong iyon, mayroong "relihiyosong salu-salo" ang mga Judio nang kainin nila ang mga karne ng hayop na inialay sa templo.

Bakit kailangan tayong kumain ng katawan ni Kristo? Ginagawa natin ito sapagkat katawan at dugo tayo, hindi anghel, at sa pamamagitan ng katawan tinatanggap ang lahat ng tanggapin ng tao.

Sa kabila ng sinasabi ni Jesus, hindi agad tayo kumbinsido. Madalas tayo'y namamangha sa mga salita ni Jesus: "*May buhay ang kumakain... kung hindi ninyo kakanin...*" Sapagkat nakaranas tayo mismo na hindi sapat na makinabang upang maging Kristiyano at tanggapin ang diwa ni Kristo. Ngunit kailangan nating tandaan ang mga talinhaga tungkol sa kaharian ng Diyos. Isang maliit na buto ang regalo ng Diyos, maging ito'y kanyang salita o katawan ni Kristo. At kalimitan nawawala ito o hindi nagbubunga. Nagbubunga lamang ito kung may pananampalataya at pagtitiis.

Pinauunlad tayo ng mga sakramentong ating tinatanggap sa buhay sa Diyos; ngunit gumagawa ang mga iyon sa pinakaloob ng ating pagkatao. Kung minsan nasisiraan tayo ng loob dahil sa maraming kahinaan kahit na sa madalas na pagtanggap ng sakramento. Hindi natin nauunawaan na malalim at hindi agad napapansin ang tunay na pagbabago ng ating pagkatao.

• 60. *Mabigat ang salitang ito*. Papaano maniniwala ang mga nakikinig kay Jesus na sa Diyos nanggaling ang "anak ni Jose"? At paano tayo ngayon maniniwala na kailangan natin ng eukaristiya na katawan ni Kristo? Kaya sinasabi ni Jesus ang dahilan ng kanyang pagparito: Bumaba ang anak ng Diyos sa atin upang *muli siyang umakyat sa dati niyang kinaroroonan*. Sa Diyos nanggaling ang nagbibigay sa atin ng buhay ng Diyos at dadalhin niya tayo sa kalooban ng Diyos (Jn 14:12).

Dapat nating maunawaan na sa muling pagkabuhay

61 Alam ni Jesus sa kanyang sarili na
nagbubulung-bulungan tungkol dito ang
kanyang mga alagad kayat sinabi niya sa
kanila: "Nakakaiskandalo ba ito sa inyo?
62 Ano kayat mapansin n'yo ang Anak ng
Tao na umaakyat sa dati niyang kinaro-
roonan? 63 Ang espiritu ang nagbibigay-
buhay; walang bisa ang laman. Ang mga
salitang binigkas ko sa inyo'y espiritu ka-
ya buhay. 64 Ngunit may ilan sa inyo na
hindi naniniwala." Pagkat alam ni Jesus
mula sa simula kung sinu-sino ang mga di
naniniwala at kung sino ang magkakanulo
sa kanya.

65 At sinabi niya: "Dahil dito kaya ko
sinabi sa inyong walang makalalapit sa
akin malibang ipagkaloob ito sa kanya ng
Ama."

66 Kaya mula noo'y marami sa kanyang
mga alagad ang tumalikod at hindi na
nagpatuloy sumama sa kanya. 67 Sinabi
naman ni Jesus sa Labindalawa: "Gusto
n'yo rin bang umalis?"

68 Sumagot sa kanya si Simon Pedro:
"Panginoon, kanino kami pupunta? Mga
salita ng buhay na magpakailanman
meron ka. 69 Naniniwala na kami at
kilala naming ikaw ang Banal ng Diyos."
70 Sumagot si Jesus sa kanila: "Di ba't
ako ang humirang sa inyong labin-
dalawa? Pero diyablo ang isa sa inyo."
71 Si Judas na anak ni Simon Iskariote
ang tinutukoy niya. Ito ang magkaka-
nulo sa kanya, gayong isa siya sa Labin-
dalawa.

**Umahon si Jesus sa Jerusalem**

**7** • 1 Pagkatapos nito, naglibot si Jesus
sa Galilea. Ayaw niyang maglibot sa
Judea dahil balak siyang patayin ng mga
Judio. 2 Malapit na ang piyesta ng mga
Judio, ang piyesta ng mga Kubol. 3 Kaya
sinabi sa kanya ng kanyang mga kapatid:
"Umalis ka rito at magpa-Judea upang
mapansin din ng mga alagad mo ang
iyong mga ginagawa. 4 Wala ngang pali-

---

ni Kristo, nagbagong-anyo rin ang ating mundo. Nang pumasok ang Anak ng Tao sa kaluwalhatian ng Ama, pinasan niya ang buong sangnilikha na nais niyang baguhin at italaga sa Diyos. Umakyat ang Anak ng Diyos *sa lugar na kinaroronan niya noon* nang nakabihis ang kanyang laman na binago ng Espiritu, kaya pumasok na sa Diyos ang una sa ating lahi.

Bagamat tila nagpapatuloy ang buhay gaya ng dati, dapat tayong manalig na naparito na ang bagong mundo na tunay rin. Kumikilos ang Espiritu Santo sa gitna ng mga kaguluhan na kumakalog at nagpapagalaw sa masa ng sangkatauhan. Bagamat di nakikita, patuloy na itinatalaga ni Kristo ang mundong ito. Pinalalago niya at pinagiging ganap ang sangkatauhan sa pamamagitan ng mga krisis at kamatayan na naghahanda para sa muling pagkabuhay.

Hindi maunawaan ng mga tagapakinig ni Jesus (6:61) ang hiwaga ng anak ng Diyos at ng kanyang pagpapakababa. Nais hubarin ni Jesus ang kanyang maka-Diyos na luwalhati sa pagiging tao at mamatay bilang alipin (Jn 1:14 at Fil 2:6), upang sa bandang huli paaakyatin siya ng Ama *sa dating kinaroroonan niya*. Ganoon din, mahirap para sa atin ang manalig na patuloy na kumikilos ang Diyos sa ating daigdig. Mahal pa rin ng Diyos ang sangkatauhang ito na mababaw ang kaligayahan; tinutupad niya ang kanyang balak sa Iglesyang ito na di karapat-dapat. Inihanda niya para sa piging ng kaharian ang ating kasaysayang puno ng banggaan at pagsisiraan.

*Walang-bisa ang laman* (6:63). Nagsasalita si Jesus tungkol sa pagbibigay ng kanyang laman. Ito'y di dapat maunawaang pagpapatuloy lamang ng Judiong relihiyon kung saan kinakain ang karne ng mga inialay na hayop. Sa kulturang Hebreo, "*ang laman at dugo*" ay nangangahulugan ng "daigdig sa ibaba" kung saan kumikilos ang tao, na wala siyang kakayahang makipag-ugnay sa Diyos. Naiiba ang eukaristiya. Ito'y katawan o laman ng Kristong muling nabuhay. Ito'y binagong anyo ng Espiritu, at gumagawa ito sa paraang espirituwal.

*Panginoon, kanino kami pupunta?* Pag-alis ng marami sa mga alagad ni Jesus, ipinapatotoo ni Pedro ang katapatan sa ngalan ng mga naiwan (tingnan rin ang Mt 16:13).

• **7**.1 Pinipilit ni Jesus ang mga tao na siyasatin at itanong: Sino ito? Huwag sana silang mapabilang sa mga hindi nagtatanong dahil iniisip nilang alam na nila ang lahat. Kabilang sa mga ito ang mga "kapatid" ni Jesus.

*Magpakilala ka sa sanlibutan* (3 at 4). Mga kamag-anak at kababayan ni Jesus ang mga "kapatid" na ito (tingnan ang komentaryo ng Mc 3:31). Mapapabilang sa Iglesya ang mga taong ito pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Jesus at iisipin nilang sila'y importante dahil lamang sa kanilang dating kaugnayan kay Jesus. Ngunit ng panahong iyon malayung-malayo pa sila sa pagkaunawa sa kanya. Nais nilang ipakilala ni Jesus ang sarili sa tulong ng mga himala. Ipakikilala naman ni Jesus ang kanyang sarili pagkahamak sa kanya at

him na gumagawa kung hangad niyang
magpakatanyag. Dahil nagagawa mo ang
mga ito, ipakita mo ang iyong sarili sa
mundo.” 5 Sapagkat hindi naniwala sa
kanya ni kanyang mga kapatid.
6 Kaya sinabi ni Jesus sa kanila: “Hindi
pa sumasapit ang panahon ko. Ngunit
pupuwede sa inyo kahit anong panahon.
7 Hindi kayo kayang kapootan ng mundo
pero kinapopootan ako nito dahil nagpa-
patunay ako na masasama ang mga
gawa nito. 8 Kayo ang umahon sa piyes-
ta. Hindi ako aahon sa piyestang ito
pagkat hindi pa sumasapit ang panahon
ko.”
9 Pagkasabi niya ng mga ito, namalagi
siya sa Galilea. 10 Pagkaahon ng kanyang
mga kapatid sa piyesta, umahon din na-
man siya pero palihim at hindi lantad.
11 Hinahanap siya ng mga Judio sa piyes-
ta at itinatanong: “Nasaan siya?” 12 At ma-
raming bulung-bulungan ang mga tạo
tungkol sa kanya. May nagsasabing “Ma-
bait siya.” At sinasabi naman ng iba: “Hin-
di! Nililinlang lamang niya ang mga tao.”
13 Ngunit walang makapangusap nang
lantaran tungkol sa kanya dahil sa takot
sa mga Judio.
14 Nasa kalagitnaan na ngayon ang pi-
yesta, at umahon si Jesus sa Templo at
nangaral. 15 Kaya nagtatakang sinabi ng
mga Judio: “Walang nagturo sa kanya,
paano niya nalaman ang Kasulatan?”
16 Kaya sumagot si Jesus sa kanila at
nagwika: “Hindi sa akin ang aking aral
kundi sa nagpadala sa akin. 17 Mala-
laman ng sinumang gustong gumawa sa
kanyang kalooban kung sa Diyos galing
ang aral o sa ganang sarili ako nangu-
ngusap.
18 Sariling papuri ang hanap ng nangu-
ngusap sa ganang sarili niya. Ang nagha-
hanap naman ng papuri sa nagpadala sa
kanya – iyon ang totoo at walang maipu-
pula sa kanya.”

Inilagay ang talatang 19-24 pagkatapos ng kabanata 5. Basahin ang paliwanag doon.

• 25 Kaya sinabi ng ilang taga-Jerusa-
lem: “Di ba't ito ang balak nilang patayin?
26 Pero tingnan n'yo't lantaran siyang na-

pagkamatay niya, sa mga makapapasok din sa misteryo ng kamatayan na magdadala ng luwalhati.

*Hindi pa sumasapit ang aking oras*... Punahin natin ang dalawang klase ng tao: una, ang mga nabubuhay ayon sa kanilang plano at ikalawa, ang mga nadadala ng Espiritu. Walang *oras* ang mga nasa una dahil wala silang karanasan ng tawag ng Diyos, mapusok silang kumilos at ayon lamang sa kanilang pakiramdam. Naghihintay naman ang pinapatnubayan ng Espiritu ng mga tanda na nagpapatunay na ito nga ang oras ng Diyos. Anumang gawin sa oras na iyon ay magbibigay luwalhati sa Diyos.

*ANG MGA JUDIO*

Tulad ni Jesus, isang Judio si Juan Ebanghelista. Napapaligiran siya ng mga Judiong tumanggap ng paniniwalang Kristiyano. Gayunpaman, tinatawag niyang *Judio* ang mga kababayang hindi sumasampalataya. Ginagawa niya ang katulad ng ginawa ng ilan ngayon na tinatawag na “Katoliko” o “Kristiyano” ang mga taong sadyang ipinakikita ang pagka-“Katoliko”, ngunit walang pagpapahalaga sa pagsasabuhay ng ebanghelyo.

Tinatawag na Judio ni Juan ang mga taong panatag ang loob sa pagkakaroon ng tunay na relihiyon ngunit matigas ang puso at sarado sa lahat ng marangal at makatotohanan. Ipinagkamali nila ang “panatismo” sa tunay na pananampalataya. Wala silang kakayahang makinig at makipag-usap sa mga taong iba ang pananaw, at wala silang kinikilalang masama kapag ito'y tumutugon sa interes ng kanilang grupo.

Sumusunod ang mga Judiong iyon sa isang kaayusang panlipunan at isang pang-unawa sa buhay at relihiyon na bagay sa panahong iyon. Ang panlipunan at panrelihiyong pormalidad ang mahalaga para sa kanila; interesado sila sa Diyos sa punto lamang na ginawa nila siyang tagapagtanggol ng mga bagay na ito (Mt 23:29).

• 25. *KALIGTASAN PAGHAHANAP SA KATOTOHANAN*

Sino si Jesus? Napakahalagang malaman natin kung sino si Jesus at saan siya nanggaling. Sapagkat kaiba at higit na ang inaalok niya sa atin kaysa mga nagtatag ng ibang relihiyon: pakikibahagi sa buhay ng Diyos ang pangako niya. At ano'ng halaga ng pananalitang ito kung hindi siya galing sa Diyos?

Kailangang matuklasan natin kung sino si Jesus, at sa pagkatuklas natin, maliligtas na tayo.

Naaakit tayo ni Jesus ngunit ginugulat tayo ng kanyang salita. Nang ipahayag ni Jesus na natubos na

ngungusap at wala silang anumang sina-
sabi sa kanya. Alam nga kaya ng mga
pinuno na siya ang Kristo? 27 Pero alam
natin kung saan siya galing. Ngunit pag-
dating ng Kristo, walang makaaalam
kung saan siya galing."

28 Kaya nang mangaral si Jesus sa
Templo, pasigaw niyang sinabi: "Kilala
n'yo nga ako at alam n'yo kung saan ako
galing! Ngunit hindi ako pumarito sa ga-
nang sarili ko. Ipinadala ako ng Totoo na
hindi n'yo kilala. 29 Kilala ko siya pagkat
sa kanya ako galing at siya ang nagsugo
sa akin."

30 Balak nilang dakpin siya ngunit wa-
lang nagbuhat sa kanya ng kamay
sapagkat hindi pa sumasapit ang kan-
yang oras. 31 Marami naman sa mga tao
ang nanalig sa kanya at nagsabi: "Pag-
dating ng Kristo, mas marami pa ba
siyang gagawing tanda kaysa ginawa
nito?" 32 Narinig ng mga Pariseo ang mga
ipinagbububulong ng mga tao tungkol sa
kanya kaya nagsugo ang mga punong-
pari at mga Pariseo ng mga bantay ng
Templo para dakpin siya.

33 At sinabi ni Jesus: "Kaunting pana-
hon na lamang n'yo akong makakasama
at pupunta na ako sa nagpadala sa akin.
34 Hahanapin n'yo ako ngunit hindi n'yo
ako matatagpuan; at kung nasaan ako,
hindi kayo makaparoroon."

35 Kaya nagtanungan ang mga Judio sa
isa't isa: "Saan ba siya papunta at hindi
natin siya matatagpuan? Hindi kaya sa
kalat-kalat na mga Judio sa mga bansang
Griyego siya papunta at mangangaral
maging sa mga Griyego? 36 Ano ba ang
salita niyang ito: 'Hahanapin n'yo ako
ngunit hindi n'yo ako matatagpuan; at
kung nasaan ako, hindi kayo makaparo-
roon'?"

**Ang pangako ng tubig na buhay**

• 37 Ngayon sa huling araw na pinaka-
tampok sa piyesta, tumayo si Jesus at
pasigaw na sinabi: "Lumapit sa akin ang
nauuhaw at uminom 38 ang nananalig sa

---

ang mundo, na muling nabuhay na tayo, na mga anak tayo ng Diyos, iniisip nating gumagamit siya ng talinhaga sapagkat iba ang realidad na ating nakikita. Kailangan ang matagal na panahon, maraming karanasan at paghihirap upang baguhin ang pananaw na iyon. Sa gayon, umaakyat tayo mula sa lugar na ito at natutuklasan na ang mundo at tao ay ayon sa kanyang inilahad. Kaya kinikilala natin siya bilang Tagapagligtas at naliligtas din naman tayo sapagkat nakakakita na tayo ng mga bagay ayon sa Diyos.

Kaya nga, kung nais nating tulungan ang iba na manalig, kung minsan mas makabubuti na huwag magtalakay ng relihiyon. Ang bawat isa ang dapat tumuklas ng katotohanan. Ang bawat isa ang dapat na humukay muna sa sarili at tuklasin ang balon ng buhay. Hindi uunlad sa kaalaman kay Kristo ang hindi umuunlad sa kaalaman sa sarili.

*Alam natin kung saan siya galing* (b. 27). Akala ng mga Judiong iyon kilala nila ang Diyos at alam ang kanyang plano, ngunit inuunawa nila ang lahat ayon sa kanilang pananaw at nanatiling sarado sa katotohanan. Sa harap nila, ipinahayag ni Jesus na Sugo siya ng Ama. Sa pagsasalita ng ganito hindi siya humahanap ng titulo upang maging kapani-paniwala; gusto lamang niyang bigyang-diin ang ganap na pagpapailalim niya sa Ama at ang tunay na kaalaman tungkol sa kanya.

*Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ninyo ako matatagpuan* (b. 34). Ito'y isang babalang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng naunang propeta (Jer 13:16). Muli, kinukuha ni Jesus para sa sarili ang mga salitang bagay sa Diyos sa Banal na Kasulatan.

• 37. *ANG PAGKAKALOOB NG ESPIRITU*

*Wala pang kaloob na espiritu*. Sa Karunungan 1:17, mababasa naman natin: "Laganap sa buong sanlibutan ang Espiritu ng Diyos." Sa katunayan ibinibigay ng Diyos ang sarili mula pa sa simula. Pumapasok ang kanyang Espiritu sa espiritu ng tao na kanyang ginigising, binubuhay at binibigyang direksyon. Sa lahat ng panahon, aktibo siya sa mga artista, pilosopo at bayani, at naroon din siya sa espiritu ng taong may mabuting kalooban.

Ngunit hindi ibinubuhos na parang tubig ang Espiritu. Ang Espiritu ng Diyos ay nagiging kaisa ng espiritu ng taong tumatanggap sa kanya. Hanggang wala tayong tunay na pagkilala sa Diyos, "lumulukob" sa atin ang Espiritu gaya ng sa mga tagapagligtas ng Israel na hindi naman mas naging mabuti dahil sa pagiging instrumento ng Diyos (Hkm 11:27). Pagka*luwalhati ni Jesus* lamang maaari niyang ibigay ang kanyang Espiritu sa mga taong nagiging kaisa niya.

*Wala pang kaloob na espiritu*. Mababasa sa maraming manuskrito: "Walang espiritu." Kakaiba ito

akin. Gaya ng sinabi sa Kasulatan: *Bubulwak mula sa kanyang sinapupunan, mga ilog ng tubig na buháy.*"

39 Ang Espiritu na malapit nang tanggapin ng mga nananalig sa kanya ang tinutukoy niya rito. Sapagkat wala pang kaloob na espiritu dahil hindi pa niluluwalhati si Jesus.

**Pagtatalo sa pinanggalingan ng Mesiyas**

40 Kaya sa maraming taong nakarinig
sa mga salitang ito, may mga nagsabing
"Totoo ngang ito ang Propeta." 41 Sinabi
naman ng iba: "Ito ang Mesiyas." Ngunit
sinabi ng iba pa: "Sa Galilea ba manggagaling ang Mesiyas? 42 Di ba't sinabi ng
Kasulatan, na sa binhi ni David at mula sa
Betlehem na nayon ni David galing ang
Kristo?" 43 Kaya nahati ang mga tao dahil
sa kanya. 44 Balak ng ilan sa kanila na
dakpin siya ngunit walang nagbuhat sa
kanya ng kamay.

45 Kaya nagbalik ang mga bantay ng
Templo sa mga punong-pari at mga Pariseo, at sinabi naman ng mga ito sa kanila: "Ba't di n'yo siya dala?" 46 Sumagot
ang mga bantay: "Kailanma'y wala pang
taong nangusap gaya ng pangungusap ng
taong ito." 47 Kaya sinagot sila ng mga
Pariseo: "Nalinlang din pala kayo! 48 May
mga pinuno ba o Pariseong nanalig sa
kanya? 49 Pero ang mga taong ito na hindi
alam ang Batas: mga isinumpa sila!"

50 Nagsalita ang isa sa kanila, si Nicodemo. Siya ang nagpunta kay Jesus noong una. 51 At sinabi niya: "Hinahatulan ba
ng ating Batas ang sinuman nang hindi
muna siya dinidinig para alamin ang kanyang ginagawa?" 52 Sumagot sila sa kanya: "Taga-Galilea ka rin ba? Saliksikin
mo't tingnan, mula Galilea'y walang lumilitaw na propeta."

53 At umuwi ang bawat isa sa kanila.

**Ang babaeng nakikiapid**

**8** • 1 Pumunta naman si Jesus sa Bundok ng mga Olibo. 2 Maaga siyang
muli sa Templo, at naglapitan sa kanya
ang lahat ng tao, at pagkaupo niya'y, nangaral siya sa kanila.

3 Dinala naman ng mga guro ng Batas
at ng mga Pariseo ang isang babaeng

---

talaga para sa mga nananalig at nagpapalagay na ang Espiritu ay maka-Diyos na Persona. Tunay na persona at tunay na Diyos ang Espiritu tulad ng Ama at ng Anak ngunit kaiba ang pagka-persona at pagka-Diyos ng Espiritu. Ang Espiritu ang pagkakaloob ng Diyos ng kanyang sarili sa lahat ng nilikha sa lahat ng panahon. May kakayahan siyang hatiin ang kanyang sarili, lumulukob sa bawat nilikha na may iba't ibang regalo; pagkatapos ay dadalhin niya silang lahat sa pagkakaisa sa Diyos. Dahil dito, sa maraming lugar sinasabi ng kasulatan: "ang Espiritu", at sa ilan pa: "espiritu" (Lc 1:15; Gawa 6:3) o kaya: "mga espiritu" (Pag 1:4; 3:1).

*Mula sa kanya dadaloy ang tubig na buhay.* Ihambing ang 4:10. Tinapay at tubig: ang Katawan ni Kristo at ang bigay na Espiritu Santo. Sa 7:30, maisasalin din natin: "Mula sa naniniwala sa akin dadaloy ang tubig na buhay."

• **8.**1 Hindi matatagpuan sa pinakamatandang manuskrito ng Ebanghelyo ni Juan ang tagpong ito sa 8:1-11. Gayunpaman, tunay na maka-Juan ang estilo at mga salita ng saknong na ito. Marami ang nag-iisip na ito'y may ibang pinagmulan. Ngunit puwede ring saklaw ito ng ebanghelyong iwinasto na ni Juan; at nang lumaon ay sinugpo sa maraming kopya at baka hindi mauunawaan ang pagtanggap ni Jesus sa babaing nangangalunya.

Kung nagpakita si Jesus ng gayong respeto sa makasalanan at hindi niya kinondena ito tulad ng ibang tao, nangangahulugan bang hindi niya ipinalagay na mabigat ang kasalanan? Hindi, ngunit iba ang pamamaraan ng Diyos kaysa ng tao upang mapagbago ang makasalanan at linisin siya sa pamamagitan ng paghihirap.

Ibang-iba ang pagsasabi sa isang tao na ang kanyang idea o gawa ay mali o kasalanan, kaysa pagkokondena agad sa kanya. Kadalasan, kinokondena natin ang isang tao, at hindi naglalaan ng palugit para sa pagbabago at awa. Hinihingi ni Jesus ang dapat subalit naroon ang awa para sa babae.

Waring nalipat ng lugar ang ibang pahina sa Ebanghelyo ni Juan. Ating pinuna na pagpapatuloy ng kabanata 5 ang saknong 7:19-24.

Gayundin, parang angkop na pagpapatuloy ng himala sa kabanata 9 ang paglalahad sa 8:12-29. Pagkatapos na pagalingin ang bulag at ipakita ang pagkabulag ng Pariseo, ipinahayag ni Jesus: *"Ako ang liwanag."* Ang salita ni Jesus: Kaya sinabi ko sa inyo na *mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan* (8:24), ay nagpapaalala sa atin ng kawikaan sa 9:41.

huling-huli sa pakikiapid. Pinatayo nila
siya sa gitna, 4 at sinabi nila kay Jesus:
"Guro, huling-huli sa akto na nakikiapid
ang babaeng ito. 5 Iniutos sa amin ni Moi-
ses sa Batas na batuhin ang ganitong mga
babae; ano naman ang sabi mo?" 6 Sinabi
nila ito bilang pagsubok sa kanya upang
may maiparatang sila sa kanya.

Yumuko naman si Jesus at nagsulat sa
lupa sa pamamagitan ng kanyang daliri.
7 Nang magpatuloy sila sa pagtatanong sa
kanya, tumindig siya at sinabi sa kanila:
"Ang walang sala sa inyo ang unang bu-
mato sa kanya." 8 At muli siyang yumuko
at nagsulat sa lupa.

9 Ang mga nakarinig nama'y isa-isang
nag-alisan mula sa matatanda at naiwan
siyang mag-isa pati ang babae na nasa
gitna. 10 Tumindig si Jesus at sinabi sa
kanya, "Babae, nasaan sila? Wala bang
humatol sa iyo?" 11 At sinabi niya: "Wala,
Panginoon." Sinabi ni Jesus: "Hindi rin
kita hahatulan. Humayo ka at mula nga-
yo'y, huwag nang magkasala pa."

**Ako Siyang Liwanag ng Mundo**

• 12 Kaya muling nangusap si Jesus sa
kanila at nagwika: "Ako siyang liwanag
ng mundo. Magkakaroon ng liwanag ng
buhay ang sumusunod sa akin at
hinding-hindi magpapalakad-lakad sa
karimlan."

13 Kaya sinabi sa kanya ng mga Parise-
o: "Ikaw ang nagpapatunay sa iyong sarili.
Hindi totoo ang patunay mo."

14 Sumagot si Jesus sa kanila: "Kahit na
nagpapatunay ako sa aking sarili, totoo
ang patunay ko dahil alam ko kung saan
ako galing at kung pasaan ako. Pero hindi
n'yo alam kung saan ako galing at kung
pasaan ako. 15 Ayon sa laman kayo nag-
huhukom; hindi ko hinuhukuman ang si-
numan. 16 Kung magmukom man ako,
totoo ang paghuhukom ko dahil hindi ako
nag-iisa, kundi ako at ang Amang nagpa-
dala sa akin.

17 Nasusulat sa Batas ninyo na totoo
ang patunay ng dalawang tao. 18 Ako ang
nagpapatunay sa aking sarili at nagpapa-
tunay naman tungkol sa akin ang Amang
nagpadala sa akin."

19 Kaya sinabi nila sa kanya: "Nasaan
ba ang Ama mo?" Sumagot si Jesus: "Ni
ako o ang aking Ama ay hindi n'yo kilala.

---

• 12. *ANG LIWANAG*

Si Jesus ang liwanag ng lahat ng tao sa lahat ng panahon. Pinatnubayan ng Diyos ang mga Judio sa ilang sa pamamagitan ng nagliliwanag na ulap. Pinapatnubayan niya tayo ngayon sa pamamagitan ng Anak: "*Hindi lalakad sa karimlan ang sumunod* kay Jesus."

Nangangahulugan ng maraming mabuting bagay ang liwanag; ang pagdating ng bukanliwayway pagkatapos ng gabi ng kadiliman, ang

ilang sa pamamagitan ng nagliliwanag na ulap. Pinapatnubayan niya tayo ngayon sa pamamagitan ng Anak: "*Hindi lalakad sa karimlan ang sumunod* kay Jesus."

Nangangahulugan ng maraming mabuting bagay ang liwanag; ang pagdating ng bukanliwayway pagkatapos ng gabi ng kadiliman, ang koryenteng ilaw na nagbibigay liwanag sa loob ng ating tahanan habang nakalukob ang kadiliman sa labas; ang ilaw sa poste na tumatanglaw sa lahat mahirap man o mayaman; ang liwanag na nananaig laban sa madilim na puwersa ng kasamaan at kamangmangan. Lahat ng iyan at higit pa si Kristo sa sinumang sumunod sa kanya. Binibigyang-kakayahan tayo ng liwanag na iyon na ayusin ang ating pamumuhay at nakikita natin ang tunay na kahalagaan ng bawat isang bagay at malasakit.

Sa tulong ng liwanag na iyan nadadaig din natin ang lahat ng kadilimang nasa ating sarili. May kamalayan lamang tayo sa maliit na bahagi ng ating kalooblooban; malimit na sumusunod ang ating pagkilos sa simbuyong di masupil na nanggagaling sa ating kalikasan. Tila nagpapasigla sa atin ang mabuting layunin at may malinis tayong puso (akala natin), ngunit hindi natin napapansin na sa katunayan sinusunod natin ang tawag ng "laman at dugo", gaya ng nasasaad sa Kasulatan. Ngunit kung tayo'y nabubuhay sa liwanag, unti-unting tatanglaw ang liwanag sa ating kaibuturan (bilang tao).

*Kasama sa kalagayan ng tao na pinalala ng kasalanan ang kawalan ng liwanag upang hanapin at makita ang mabuti. Napipinsala ng "pagkabulag ng diwa" na ito ang ating moral na pagpapasya. Tayong lahat ay bulag sa ilang aspekto sa ating pagkilatis ng mga bagay-bagay. Kaya nga sa mahahalagang bagay hindi natin dapat sundin ang unang udyok o biglang paghahangad, dahil maaari tayong magkamali at makagawa ng masama hindi dahil sa masamang intensyon kundi sa "pagkabulag." Kaila-*

Kung kilala ninyo ako, kilala rin sana
ninyo ang aking Ama."
20 Sinabi niya ang mga pananalitang ito
sa may Kabang-yaman sa pangangaral
niya sa Templo. At walang dumakip sa
kanya dahil hindi pa sumasapit ang
kanyang oras.
21 Sinabi niyang muli sa kanila: "Aalis
ako at hahanapin ninyo ako, at sa inyong
kasalanan kayo mamamatay. Kung saan
ako pupunta, hindi kayo makapaparoroon."
22 Kaya sinabi ng mga Judio: "Magpapa-
kamatay kaya siya kaya niya sinasabing
'Kung saan ako pupunta, hindi kayo
makaparoroon'?"
23 At sinabi ni Jesus sa kanila: "Taga-
ibaba kayo; taga-itaas naman ako. Taga-
mundong ito kayo. Hindi ako taga-
mundong ito. 24 Kaya sinabi ko sa inyo na
sa inyong mga kasalanan kayo mama-
matay. Sa inyong mga kasalanan nga
kayo mamamatay kung hindi kayo mani-
niwalang Ako Siya."
25 At sinabi nila sa kanya: "Sino ka
ba?" sinabi naman sa kanila ni Jesus:
"Ba't pa kaya ako mangungusap sa inyo?
26 Marami akong masasabi at mahu-
hukuman tungkol sa inyo. Totoo nga ang
nagpadala sa akin; at ang narinig ko
mula sa kanya – ang mga ito ang sinasabi
ko sa mundo."
27 Hindi nila naintindihan na ang Ama
ang tinutukoy niya. 28 At sinabi ni Jesus:
"Kapag itinaas ninyo ang Anak ng Tao,
maiintindihan ninyong Ako siya at wala
akong ginagawa sa ganang sarili ko kun-
di ayon sa iniaral sa akin ng Ama – ang
mga ito ang aking sinasabi. 29 Kasama ko
nga ang nagpadala sa akin at hindi niya
ako iniiwang nag-iisa pagkat lagi kong
ginagawa ang mga kalugud-lugod sa
kanya."

**Mga anak ng katotohanan**

• 30 Habang sinasabi ito ni Jesus, mara-
mi ang nanalig sa kanya.

---

*ngang patuloy tayong maliwanagan sa panalangin, pakikinig sa Salita ng Diyos, pag-aralan ang turo ng Iglesya at tanggapin ang mabuting payo ng ating kapatid. Sa ganitong paraan pinagliliwanag ni Kristo ang ating konsiyensya.*

*AKO NGA*

Sa paglalahad na ito, pinatutunayan ni Jesus ang kanyang pagka-Diyos. Ipinahihiwatig niya na may sikretong misteryo sa kanyang pinagmulan. Sa pahinang ito mababasa natin: *Ako nga* ng pitong beses. Nais ni Juan na maunawaan natin na ito ang buod o ang "susing salita" sa paglalahad. *Ako Nga.* Ganito ang pagpapakilala ng Diyos sa kanyang sarili sa pakikipag-usap kay Moises. Alam natin na tinawag ng Judio ang Diyos na *Yawe*; ibig sabihin, "Siya ang Siya nga, Siya ang nagbigay ng pag-iral sa lahat." Sinasabi nga ni Jesus: "Ako Nga," at ginagamit para sa sarili ang Pangalan na di-maibibigay sa sinumang nilikha. May Kristiyano (tulad ng Saksi ni Jehovah) na hangad na mababa si Kristo. Ikinakatwiran nila na isa lamang ang Diyos, ngunit hindi nila naiintindihan na mayroong pagbibigay-buhay at pagbalik sa pagkakaisa sa loob niya. Kahit na tinatanggap nila na si Kristo ay Anak ng Diyos, hindi nila tinatanggap na siya ay Diyos mula sa Diyos. Ngunit nasasabi ni Jesus na kagaya ng Ama: *Ako nga ang umiiral* bagamat hindi siya ang persona mismo ng Ama, sapagkat sinabi niya: Isinugo ako ng Ama, at: *Karapat-dapat ang pagpapatotoo ng dalawang persona* (Dt 17:6).

*Sa inyong mga kasalanan kayo mananatili* (21 at 24). Ang pagkakasala ay hindi lamang paggawa ng masama. Kasalanan din ang pagkukulong sa ating sarili sa ating maliliit na problema at umasa lamang sa ating makataong karunungan at huwag buksan ang ating sarili sa iba pang pananaw na sa Diyos.

Doon hinahati ang mga tao sa dalawang grupo: ang mga *mula sa itaas* at ang mga *mula sa ibaba*. Kasalanan ang hindi pumayag na muling ipanganak mula sa itaas, tulad ng sinabi ni Jesus kay Nicodemo (3:3). Hindi naniwala kay Jesus ang mga Judio dahil ang kanyang buhay at mensahe ay pagpapahayag ng anumang lumalampas sa pananaw ng mundo – na hindi nila mahangad. Parang nag-aksaya lamang ng panahon si Jesus sa pakikipag-usap sa kanila. Mabuti pang ipakita ang karunungan ng Diyos sa kanyang kamatayan sa Krus (b. 28).

• 30. *ANG KATOTOHANAN – KALAYAAN – KASALANAN*

Sinabi ni Jesus sa mga Judiong naniwala sa kanya. Pareho ang paniniwala ng mga Judiong iyon kay Jesus at ng mga Judiong sinalungat ni Pablo sa Gal 3-4. Itinuturo ng pakikipagtatalong iyon ni Jesus sa mga taong akala'y mayroon silang tunay na relihiyon, kung paano haharapin ni Jesus ngayon ang mga nagmamayabang na Kristiyano o Katoliko, kung siya'y magdaraan sa ating piling.

Hindi tayo gaanong sisisihin ni Jesus sa ating mga kasalanan, kundi sa ating pagpapatuloy na mabuhay sa

31 Kaya sinabi ni Jesus sa mga Judiong
nanalig sa kanya: “Kung mamamalagi
kayo sa aking salita, totoong mga alagad
ko kayo, 32 at maiintindihan ninyo ang
katotohanan, at palalayain kayo ng kato-
tohanan.”
33 Sumagot sila sa kanya: “Binhi kami
ni Abraham at hinding-hindi kami nagpa-
alipin kaninuman. Paano mo masasabing
‘Palalayain kayo’?”
34 Sumagot sa kanila si Jesus: “Tala-
gang-talagang sinasabi ko sa inyo na
alipin ng kasalanan bawat gumagawa ng
kasalanan. 35 Ngunit hindi namamalagi
magpakailanman ang alipin sa bahay.
Ang anak ang namamalagi magpakailan-
man. 36 Kaya kung ang Anak ang nagpa-
palaya sa inyo, totoong magiging malaya
kayo.
37 Alam kong binhi kayo ni Abraham.
Ngunit dahil walang lugar sa inyo ang
aking salita, hangad n'yo akong patayin.
38 Ang nakita ko sa piling ng Ama ang
sinasabi ko at ang narinig n'yo naman
mula sa inyong ama ang inyong gina-
gawa.”
39 Kaya sumagot sila at sinabi sa kanya:
“Si Abraham ang aming ama.” Sinabi sa
kanila ni Jesus: “Kung mga anak kayo ni
Abraham, mga gawa sana ni Abraham
ang inyong ginagawa. 40 Ngunit ngayon,
hangad n'yo akong patayin, na taong
nagsasabi sa inyo ng katotohanang nari-
nig ko mula sa Diyos. Hindi ito gawa ni
Abraham. 41 Mga gawa nga ng inyong ama
ang inyong ginagawa.” Kaya sinabi nila sa
kanya: “Hindi kami mga anak sa labas.
Isang ama lamang meron kami – ang
Diyos.”
42 Sinabi sa kanila ni Jesus: “Kung ang
Diyos nga ang inyong Ama, mamahalin
n'yo sana ako sapagkat sa Diyos ako
galing at ngayo'y naparito. Dumating ako
hindi sa ganang sarili ko kundi siya ang

---

kasalanan. Sapagkat maipagpapaumanhin ang mga masamang gawa na tinatawag na kasalanan; madalas hindi pa natin natatapos na magawa iyon, ay nagsisisi na tayo. Sa kabilang dako, pag-iral naman sa kasinungalingan ang mabuhay sa kasalanan; ito'y ang manindigan sa ating kapalaluan, ang umasa lamang sa ating kuru-kuro. At hindi na tayo makapasok sa mga daan ng Diyos, kahit na sa panlabas wari'y nabubuhay tayo ng matuwid.

Hindi bandera si Jesus ng anumang grupong panlipunan, maging “Katoliko” man o ibang pangalan, na gagamitin upang labanan ang ibang grupo. Naparito siya bilang hari ng kaharian *ng katotohanan*. Sa kanya ang lahat ng naghahanap sa katotohanan, anuman ang kanilang relihiyon at kuru-kuro; lalo pang sa kanya ang lahat ng *nabubuhay sa katotohanan*.

Para sa Judio, nahahati ang mundo sa dalawang grupo: ang mga *anak ni Abraham*, sila na nga, at ang iba. Ipinagyayabang nila ang kanilang mga ninuno at nalimutan na pinahahalagahan ng Diyos ang bawat isa ayon sa sariling gawa.

Saksi ng katotohanan si Jesus, at napipilitan ng kanyang pagparito ang lahat na suriin ang kanilang sarili.

Hindi isang doktrina ang katotohanang inihayag ni Jesus, at hindi dapat na ipagpilitan ito ng kanyang mga alagad sa pamamagitan ng karahasan o ng *loud speaker*. Hindi kailangan ang tagapag-anunsiyo na makakagamit ng sanlibong sipi mula sa Biblia gaya ng masinggan. Kailanga'y mga saksi na magsasalita mula sa kanilang karanasan. Sabi ni Jesus: *Magpapalaya sa inyo ang katotohanan*, at *ang anak ang magpapalaya sa inyo* (b. 32 at 36). Ang katotohanan natin ay ang pamumuhay ayon sa pagtawag sa atin upang maging mga anak ng Diyos.

Nasa katotohanan na ang Kristiyano na alam na siya'y mahal ng Diyos at nagsisikap upang maging awtentiko, kahit na sumusunod pa rin siya sa ilang maling kuru-kuro ng kanyang kultura o kapaligiran, at mayroon pa siyang ilang kamalian o ilusyon sa kanyang pamumuhay.

Nagsalita din si Jesus tungkol sa *kalayaan*. May kaugnayan ang katotohanan at kalayaan. Nagsisikap ang mga tao at bansa na kalagan ang kanilang mga gapos. Ngunit kapagdaka nakalaya sila, madali silang nahuhulog sa ibang pagkaalipin, sapagkat nasa puso ng tao ang mga ugat ng pagkaalipin.

Nagiging kasabwat ng Diyablo ang gumagawa ng masama at kahit hindi niya gusto, nahuhulog siya sa mga bitag nito. Kaya hindi na niya matatanggihan ang mga pakita at masamang lakas na ginagamit ng *Ama ng kasinungalingan* upang mapasailalim ng kanyang kapangyarihan ang mundo (47).

Hanggang wala pa tayong pakialam sa ating tunay na kalagayan, mga alipin tayo kahit na umangat sa yaman, kaalaman o uniporme. At kabilang tayo sa mundong *nasa ibaba* na di matatag. Henerasyon ng mga alipin ang susunod tulad ng alon ng dagat: *pansamantala lamang nasa bahay* ang alipin (b. 34). Ngunit ngayon, ipinapasok tayo ni Kristo sa ibang mundo, ang *mundo sa itaas* kung saan mananatili tayong mga anak magpakailanman (b. 35). Mula sa oras na maging anak tayo ng Diyos, magbubunga para sa eternidad ang lahat ng gawin natin.

nagsugo sa akin. 43 Ba't di n'yo maintindihan ang pangungusap ko? Dahil hindi ninyo mahagip ang aking salita.

44 Sa inyong amang diyablo kayo at ang mga pagnanasa ng inyong ama ang gusto n'yong gawin. Mula sa simula'y mamamatay-tao siya at di naninindigan sa katotohanan pagkat walang katotohanan sa kanya. Sa pangungusap niya ng kasinungalingan, mula sa sarili siya nangungusap pagkat sinungaling siya at ama ng kasinungalingan.

45 At dahil ang katotohanan ang sinasabi ko, hindi n'yo ako pinaniniwalaan.
46 Sino sa inyo ang makapagpapatunay na may mali ako? Kung katotohanan ang sinasabi ko, bakit hindi n'yo ako pinaniwalaan?
47 Nakikinig sa mga pananalita ng Diyos ang mula sa Diyos. Dahil hindi kayo mula sa Diyos kaya hindi kayo nakikinig."

48 Sumagot ang mga Judio at sinabi sa kanya: "Di ba't tama ang sinasabi naming Samaritano ka nga at may demonyo?"

49 Sumagot si Jesus: "Wala akong demonyo kundi iniinsulto n'yo ako samantalang iginagalang ko ang aking Ama.
50 Hindi ko hangad ang sariling papuri. May ibang naghahangad nito at siyang maghuhukom.
51 Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi niya papansinin ang kamatayan magpakailanman."

52 Kaya sinabi sa kanya ng mga Judio: "Alam na namin ngayon na may demonyo ka nga. Namatay si Abraham pati ang mga propeta at sinasabi mong 'Kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi siya lalasap ng kamatayan magpakailanman.'
53 Mas dakila ka pa ba kaysa ama naming si Abraham na namatay? Nangamatay pati ang mga propeta. Sino ka ba sa akala mo?"

54 Sumagot si Jesus: "Kung ako ang pumupuri sa aking sarili, walang saysay ang aking papuri. Ang Ama ko ang pumupuri sa akin, siya na sinasabi n'yong 'Diyos namin.'
55 Hindi n'yo siya kilala pero kilala ko siya. Kung sasabihin kong hindi ko siya kilala, magiging sinungaling akong tulad n'yo. Pero kilala ko siya at isinasakatuparan ko ang kanyang salita.

56 Nagalak ang inyong amang si Abraham at makikita niya ang Araw ko; nakita nga niya at siya'y natuwa."

57 Kaya sinabi ng mga Judio sa kanya: "Wala ka pang limampung taon at nakita mo na si Abraham?"
58 Sinabi sa kanila ni Jesus: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, bago pa man si Abraham, ako na nga."

59 Kaya dumampot sila ng mga bato para ibato sa kanya. Pero nagtago si Jesus at umalis sa Templo.

**Pinagaling ni Jesus ang lalaking ipinanganak na bulag**

**9** • 1 Sa kanyang pagdaan, nakita niya ang isang taong ipinanganak na bulag.
2 Tinanong siya ng kanyang

---

• **9.**1 *ANG MANALIG AY MAKAKITA*

Si Jesus ang liwanag: ang bulag ay nakakita ng liwanag. Si Jesus ang liwanag ngunit nahahati tungkol sa kanya ang sambayanan. May mga taong bukas sa liwanag, ibig sabihin, sa pananampalataya; nananatiling bulag naman ang iba, ibig sabihin, nakahawak sila sa kanilang mga isipin at pananalig at ayaw manalig sa sugo ng Diyos.

Mapapalalim ang pagkaunawa sa kapitulong ito kung pagmamasdan ang reaksyon ng mga Judio sa himala. Ipinakita sa atin ng ebanghelyong ito ang madaling pagkaunawa ng bulag sa kahalagahan ng paggaling, ang mga takot at praktikal na mga magulang niya at ang mga Pariseong wala namang magagawa maliban sa humatol at walang malay na kinondena ang sarili sa kanilang paghahatol.

Pero binuksan din sa atin ng Ebanghelyo ang ibang kahulugan ng himala: ang taong nagsimulang makakita ay ang sumasampalataya (b. 4 at 39-41).

*Guro, sino po ang nagkasala, ito o mga magulang niya* (b. 2). Ayaw ipalagay ni Jesus na parusa ng Diyos ang lahat ng kasamaang palad. Sa Araw ng Pahinga pinagaling ang bulag. Kaya nag-iisip ang mga tao kung kapanig ang Diyos sa batas na nagbabawal na gumawa sa Araw ng Pahinga, o sa taong magsagawa ng pagpapagaling. Ipinagtatanggol ng mga Pariseo ang Batas:

mga alagad: "Rabbi, sino ang nagkasala
at ipinanganak siyang bulag: siya ba o
ang kanyang mga magulang?"

3 Sumagot si Jesus: "Hindi dahil nag-
kasala ni ang kanyang mga magulang
kundi upang mahayag ang mga gawa ng
Diyos sa kanya. 4 Kailangan nating gawin
ang mga gawa ng nagpadala sa akin sa-
mantalang araw pa. Dumarating ang gabi
at wala nang makagagawa. 5 Habang nasa
mundo ako, liwanag ako ng mundo."

6 Pagkasabi niya ng mga ito, lumura
siya sa lupa at gumawa ng putik mula sa
lura at nilagyan ng putik ang mga mata ng
tao. 7 At sinabi sa kanya: "Pumunta ka't
maghilamos sa palanguyan ng Siloam (na
kung isasalin ay *Sinugo*)." Kaya pumunta
siya at naghilamos at umalis na nakaka-
kita.

8 Kaya sinabi ng kanyang mga kapit-
bahay at ng mga dating nakakapansin sa
kanyang nagpapalimos: "Di ba't ito ang
nakaupo at namamalimos?" 9 Sinabi ng
ilan: "Ito nga siya!" At sinabi naman ng
iba: "Hindi! Kamukha lamang siya."
Ngunit sabi niya: "Ako siya!" 10 Kaya
sinabi nila sa kanya: "Paano napadilat ang
iyong mga mata?"

11 Sumagot siya: "Gumawa ng putik
ang taong tinatawag na Jesus at pinahiran
ang aking mga mata at sinabi sa akin,
'Pumunta ka sa Siloam at maghilamos.'
Kaya umalis ako at naghilamos at naka-
kita ako." 12 Sinabi nila sa kanya: "Nasaan
siya?" Aniya: "Hindi ko alam."

13 Dinala nila siya sa mga Pariseo, siya
na dating bulag. 14 Araw ng Pahinga noon
nang gumawa ng putik si Jesus at nagpa-
dilat sa kanyang mga mata. 15 Kaya muli
siyang tinanong ng mga Pariseo kung
paano siya nakakita. At sinabi niya sa
kanila: "Nilagyan niya ng putik ang aking
mga mata at naghilamos ako at nakaki-
ta." 16 Kaya sinabi ng ilan sa mga Pariseo:
"Hindi mula sa Diyos ang taong iyon dahil
hindi niya ipinangingilin ang Araw ng
Pahinga." Ngunit sinabi naman ng iba:
"Paanong magagawa ng taong maka-
salanan ang ganitong mga tanda?" At
nahati sila.

17 Kaya sinabi nilang muli sa bulag:
"Ikaw, ano'ng masasabi mo tungkol sa
kanya pagkat mga mata mo ang pinadilat
niya?" At sinabi niya: "Siya ang Propeta!"

18 Hindi nga naniwala ang mga Judio na
dati siyang bulag at nakakakita na, hang-
gang ipatawag nila ang mga magulang ng
taong nakakita. 19 At tinanong nila sila:
"Ito ba ang inyong anak na sinasabi
n'yong ipinanganak na bulag? Paano't
nakakakita siya ngayon?"

20 Kaya sumagot ang kanyang mga
magulang: "Alam naming ito ang aming
anak at ipinanganak siyang bulag. 21 Pero
hindi namin alam kung paano't ngayo'y
nakakakita siya at wala kaming kaalam-
alam kung sino ang nagpadilat sa kan-

---

ito'y maaasahan sa mga taong mas sanay pang magturo at maghatol kaysa tumulong sa mga nangangailangan.

*Hindi ninyo alam kung saan siya nanggaling?* (b. 30). Sino ang karapat-dapat tumanggap ng katotohanan? Madaling makita kung bakit itiniwalag ng Pariseo ang bulag: dahil inihiwalay ng pananampalataya ang Kristiyano sa mga hindi nakakita sa pagkilos ng Diyos.

Nakakakita ang bulag: natagpuan niya si Kristo at nagsimulang manalig.

Maraming tao ang nag-iisip na ilusyon lamang ang pananampalataya. Iniisip nilang pantakip lamang sa tunay na realidad ang pananampalataya at ang tunay ay mga bagay lamang na nakikita, nahahawakan, nabibilang o nasusukat.

Kaiba ang katotohanan. Nakikita ng nananalig ang mga nakikita ng iba; subalit bukod dito, may natutuklasan siyang hindi nakikita ng walang pananalig.

Ang Kristiyano ay hindi lamang naniniwala sa isang Diyos na mas mataas kaysa atin. Binibigyang-kakayahan tayo ng pananampalataya na makita sa pamamagitan ng liwanag ni Kristo ang lahat ng katotohanan, sa mga layunin man o sa mga pamamaraang ginagamit ng tao. Kadalasan nadidinig natin ang ganitong pagtawag: "Inaanyayahan namin ang lahat, walang pinipili, kahit na anong opinyon o paniniwala." Sa totoo lang, kaisa tayo ng mga hindi nananalig sa maraming bagay . Ngunit hindi natin dapat isipin na ang maniwala o hindi ay isang bagay na maliit ang halaga sa mga pagpupunyagi sa buhay.

Sa pagdating ni Kristo, isang pagpapasya o isang

yang mga mata. Siya ang tanungin n'yo.
May edad na siya at makapangungusap
mismo tungkol sa kanyang sarili."
22 Sinabi ito ng kanyang mga magulang
dahil takot sila sa mga Judio. Sapagkat
napagkasunduan na ng mga Judio na
itiwalag sa sinagoga ang sinumang
kikilala sa kanya bilang Kristo. 23 Dahil
dito kaya sinabi ng kanyang magulang:
"May edad na siya. Siya ang inyong tanu-
ngin."
24 Kaya makalawa nilang tinawag ang
taong dating bulag at sinabi sa kanya:
"Umamin ka sa harap ng Diyos. Alam
naming makasalanan ang taong ito."
25 Kaya sumagot siya: "Kung maka-
salanan siya, hindi ko alam. Iisa ang alam
ko: bulag ako noon at ngayo'y nakaka-
kita." 26 Kaya sinabi nila sa kanya:
"Ano'ng ginawa niya sa iyo? Paano niya
pinadilat ang mga mata mo?" 27 Sinagot
niya sila: "Sinabi ko na sa inyo at ayaw
n'yong makinig. Ano't gusto n'yo na
namang marinig? Hindi kaya gusto n'yo
ring maging mga alagad niya?"
28 At nilait nila siya: "Alagad ka niya
pero mga alagad kami ni Moises. 29 Alam
naming kay Moises nangusap ang Diyos
pero hindi namin alam kung saan galing
ang taong ito."
30 Sumagot ang tao sa kanila: "Ito nga
ang kataka-taka: hindi n'yo alam kung
saan siya galing at pinadilat niya ang
aking mga mata. 31 Alam natin na hindi
dinidinig ng Diyos ang mga makasalanan
pero kung merong maypitagan sa Diyos
at ang kalooban niya ang ginagawa,
dinidinig niya ito. 32 Kailanma'y wala pang
narinig na may nakapagdilat sa mga mata
ng isang ipinanganak na bulag. 33 Kung
hindi siya galing sa Diyos, wala siyang
anumang magagawa."
34 Sumagot sila sa kanya: "Tinuturuan
mo ba kami, ikaw na ipinanganak na
tagos ng mga kasalanan?" At ipinagta-
buyan nila siya palabas.
35 Narinig ni Jesus na ipinagtabuyan
nila siya palabas. At pagkatagpo niya sa
kanya, sinabi niya: "Nananalig ka ba sa
Anak ng Tao?" 36 Sumagot siya: "Sino po
siya upang manalig ako sa kanya?"
37 Sinabi ni Jesus: "Nakikita mo siya at
siya ang nakikipag-usap sa iyo. (38 Aniya:
"Nananalig ako, Panginoon." At nagpa-
tirapa siya sa kanyang paanan. At sinabi
ni Jesus:)
39 Sa paghatol ako dumating sa mun-
dong ito: makakakita ang mga walang
paningin at magiging bulag ang mga
nakakakita."
40 Narinig ito ng ilang Pariseo na nasa
tabi ni Jesus at sinabi nila sa kanya: "Eh di
bulag din kami?" 41 Sumagot sa kanila si
Jesus: "Kung sakaling bulag kayo, wala
sana kayong kasalanan. Ngunit ngayong
sinasabi n'yong 'Nakakakita kami,'
namamalagi ang inyong kasalanan.

**Ang mabuting pastol**

**10** • 1 "Talagang-talagang sinasabi
ko sa inyo, magnanakaw at tulisan
ang hindi dumaraan sa pintuan pagpasok

---

kahatulan ang naisakatuparan (9:39). Ito'y nangangahulugan ng pagkakahati ng sangkatauhan dahil dapat magpasya ang lahat: para kay Kristo o laban sa kanya. Hinahatulan ni Jesus ang mga tao; tayo mismo ang humahatol sa ating sarili sa pagtanggap o pagayaw natin sa kanya.

• **10.**1 *BAYANG WALANG HANGGANAN*

Sa pagbasa sa talinhaga ni Jesus, mailalarawan sa ating isip ang isa sa mga kulungan ng tupa kung saan tinitipon ng mga pastol ang kani-kanilang tupa upang bantayan sa gabi. Sa pagbubukanliwayway, tinatawag ng bawat pastol ang kanyang mga tupa at inilalabas ang mga ito.

Nagpropesiya ang Biblia tungkol sa araw na titipunin ng Diyos ang nagkalat na tupa ng kanyang bayan upang mabuhay sila sa kanilang sariling lupain. Si Jesus ang pastol, at naparito siya upang isakatuparan ang naipangako, ngunit hindi niya gagawin ito sa paraang inaasahan. Inisip ng mga Judio na muling ibabangon ng Pastol ang dati nilang kaharian at kasaganaan: magiging isang bansa silang pinagpala sa lahat ng bansa.

Ngunit maliwanag na sinasabi ni Jesus na hindi ang bansang Judio ang kanyang bayan. Sa kanya ang

sa kulungan ng mga tupa kundi lumuluk-
so sa ibang dako. 2 Ang pastol ng mga
tupa ang pumapasok sa pintuan. 3 Pinag-
bubuksan siya ng bantay-pinto at naki-
kinig ang mga tupa sa kanyang tinig. At
tinatawag niya sa pangalan ang sarili
niyang mga tupa at inaakay palabas.
4 Kapag napalabas na niya ang tanang
kanya, sa harap nila siya naglalakad at sa
kanya sumusunod ang mga tupa pagkat
kilala nila ang kanyang tinig. 5 Hinding-
hindi sila susunod sa dayuhan kundi
lalayuan nila ito sapagkat hindi nila kilala
ang tinig ng mga dayuhan."

6 Ito ang talinhagang sinabi ni Jesus sa
kanila. Ngunit hindi nila naintindihan ang
gusto niyang sabihin sa kanila.

7 Kaya sinabi uli ni Jesus: "Talagang-
talagang sinasabi ko sa inyo: Ako siyang
pintuan ng mga tupa. 8 Magnanakaw at
tulisan ang lahat ng nauna sa akin. Ngunit
hindi sila pinakinggan ng mga tupa. 9 Ako
siyang pintuan; kung may pumapasok sa
pamamagitan ko, maliligtas siya, at
papasok at lalabas, at makakatagpo ng
pastulan. 10 Hindi dumarating ang magna-
nakaw kundi para lamang magnakaw,
pumaslang at magpahamak. Dumating
naman ako upang magkaroon sila ng
buhay at lubos na magkaroon nito.

11 Ako siyang mabuting pastol. Nag-
aalay ng kanyang buhay alang-alang sa
mga tupa ang mabuting pastol. 12 Ang
upahan at hindi pastol, na hindi naman
kanya ang mga tupa, pag napansin ni-
yang dumarating ang asong-gubat, ini-
iwan niya ang mga tupa at tumatakas.
Kayat inaagaw ng asong-gubat ang mga
ito at pinangangalat. 13 Sapagkat upahan
siya at wala siyang pakialam sa mga
tupa.

14 Ako siyang mabuting pastol. Kilala
ko ang mga akin at kilala ako ng mga akin
15 kung paanong kilala ako ng Ama at
kilala ko ang Ama. At itinataya ko ang
aking buhay para sa mga tupa.

16 May iba akong mga tupa na di mula
sa kulungang ito. Maging sila ay kaila-
ngan kong akayin palabas, at makikinig
sila sa tinig ko at magkakaroon ng iisang
kawan, iisang pastol.

17 Kaya mahal ako ng Ama dahil itina-

---

mga naniniwala at sila lamang. Kukunin niya muna sa mga Judio ang mga sa kanya. Pagkatapos, kukunin niya *ang ibang tupa na di mula sa kulungang ito* (b. 16), ibig sabihin, mula sa mga di-Judiong bansa. Kaya nga, pamumunuan niya silang lahat at papatnubayan niya ang kawang ito – isang bayang walang hangganan – papunta sa alam niya. *Ang iisang kawan*, ito'y ang iisang Iglesya, na lumalakad hanggang sa matapos ang kasaysayan at hindi nakukulong ng alinmang kulungan; hindi siya nakikiisa sa alinmang bansa o kultura.

Inisip ng mga pastol ng bayang Judio na makakamit nila ang pagkakaisa kung ipagmamalaki nila ang kanilang bansa, tatangkilikin ang "matataas" na uring panlipunan, at kapopootan ang mga hindi Judio. Napagbuklod naman ni Jesus ang kanyang bayan sa pag-akit dito sa kanyang sarili, at pagpapabayang maranasan ng mga tao kung sino nga siya. Sa kanya ang sinumang naakit sa kanya, *nakikilala ang tinig niya* at naniniwala sa kanyang salita.

Kadalasan nagkakalipumpunan ang mga mamamayan sa paligid ng mga dakilang tao, punong bayan man o mga banal. Pero lalo pang kailangan ang isang Pastol kung walang hangganan at armas ang isang bayan, at walang panlahat na wika o batas na magtatanggol sa kanila laban sa panlabas at panloob na krisis. Mas nabubuklod tayo ng pananampalataya kay Kristo kaysa pagsunod sa mga matandang tradisyon o pakikiisang damdamin sa ating karelihiyon. Hindi masa ang bayan ni Kristo; hindi Sangkatauhan na may malaking letrang S. Binubuo ito ng mga persona na mahalaga ang bawat isa sa kanila at ng mga nagsimulang maglakbay kasama ni Jesus sa tugunang pagtitiwala at pagmamahal. *Kilala ko ang akin at makikinig sila sa tinig ko* (14 at 16).

Kung minsan, kapag binabanggit ng Biblia *ang Pastol*, ang tinutukoy nito ay ang Diyos mismo, ang kaisa-isang hari ng Israel. Ngunit kung minsan, ang kahulugan nito'y ang Haring Mesiyas na sinugo ng Diyos. Sinasabi ni Jesus na iisa lamang ang pastol. Kahit iba siya sa Ama, *iisa kami ng aking Ama* (30).

Sa Biblia kung minsan tinatawag ang mga anghel na *anak ng Diyos*, at pinupuna ni Jesus na maging ang mga pinunong bayan ay tinatawag na *diyos*. Dahil dito, ayaw ni Jesus na ipahayag na Anak siya ng Diyos. Mas mabuti pa at mas malakas ang sabi niya: *Nasa akin ang Ama at ako'y nasa Ama*: kapantay sa kapantay (38). Kasabay ng pagbibigay-diin sa kanyang pan-Diyos na kapangyarihan (b. 15, 18, 29, 38), ipinahayag din niya ang ganap na pagtalima niya sa Ama. Dito, makikilala natin ang Diyos Anak.

taya ko ang aking buhay, at saka muli ko
itong kukunin. 18 Walang nag-aalis nito sa
akin kundi ako ang kusang nagtataya
nito. May kapangyarihan akong itaya ito
at may kapangyarihan akong kunin itong
muli. Ito ang utos na tinanggap ko mula sa
aking Ama."

19 Muling nagkaroon ng pagkakahati
ang mga Judio dahil sa mga salitang ito.
20 Sinabi ng marami sa kanila: "May de-
monyo siya at nababaliw. Ba't n'yo siya
pinakikinggan?" 21 Sinabi naman ang iba:
"Hindi sa sinasapian ng demonyo ang
ganyang pananalita. Hindi mapapadilat
ng demonyo ang mga mata ng mga
bulag!"

**Inihayag ni Jesus ang pagiging Anak ng Diyos**

22 Piyesta ng Pagtatalaga sa Jerusalem,
taglamig noon. 23 Palakad-lakad si Jesus
sa Templo sa patyo ni Solomon, 24 at pina-
ligiran siya ng mga Judio at sinabi sa
kanya: "Hanggang kailan mo ba kami
ibibitin? Kung ikaw ang Kristo, sabihin mo
sa amin nang lantaran."

25 Sinagot sila ni Jesus: "Sinabi ko na sa
inyo pero hindi kayo naniniwala. Nag-
papatunay tungkol sa akin ang mga
gawang tinatrabaho ko sa ngalan ng
aking Ama. 26 Ngunit hindi kayo nani-
niwala sapagkat hindi kayo kabilang sa
aking mga tupa.

27 Dinidinig ng aking mga tupa ang
aking tinig at kilala ko sila, at sumusunod
sila sa akin. 28 Buhay na magpakailanman
ang ibinibigay ko sa kanila at hinding-
hindi sila kailanman mapapahamak ni
walang aagaw sa kanila mula sa kamay
ko. 29 Mas dakila sa anuman ang ibinigay
sa akin ng aking Ama at walang maka-
aagaw mula sa kamay ng Ama. 30 Iisa
kami: ako at ang Ama."

31 Muling dumampot ng mga bato ang
mga Judio para batuhin siya. 32 Sinagot
sila ni Jesus: "Maraming mabubuting
gawa mula sa Ama ang itinuro ko sa
inyo. Dahil sa alin sa mga ito at binabato
n'yo ako?" 33 Sinagot siya ng mga Judio:
"Binabato ka namin hindi dahil sa isang
mabuting gawa kundi dahil sa pagla-
pastangan pagkat gayong tao ka, itinu-
turing mong Diyos ang iyong sarili."
34 Sumagot sa kanila si Jesus: "Di ba't
nasusulat sa inyong Batas: *Sinabi ko,
mga diyos kayo*? 35 Kaya tinawag na
mga diyos ang mga kinakausap ng sali-
tang ito ng Diyos at hindi mapawa-
walang-saysay ang Kasulatan. 36 Kung
gayon, bakit n'yo sinasabing lapasta-
ngan ako dahil sinabi kong Anak ako ng
Diyos – ako na pinabanal ng Ama at
sinugo sa mundo?

37 Kung hindi ko tinatrabaho ang mga
gawa ng aking Ama, huwag n'yo akong
paniwalaan. 38 Kung ginagawa ko naman,
kahit na hindi kayo naniniwala sa akin,
paniwalaan ninyo ang mga gawa. Kaya
malalaman n'yo na nasa akin ang Ama at
ako'y nasa Ama."

39 Kaya muli nilang pinagtangkaang
dakpin siya ngunit nakatalilis siya sa
kanilang kamay. 40 At muli siyang lumayo
pakabilang-ibayo ng Jordan sa lugar na
pinagbibinyagan ni Juan sa simula. At
doon siya namalagi. 41 Marami ang pu-
munta sa kanya at kanilang sinabi: "Wala
ngang ginawang tanda si Juan pero
totoong lahat ang sinabi ni Juan tungkol
sa kanya." 42 At doo'y marami ang nanalig
sa kanya.

**Ang muling pagkabuhay ni Lazaro**

**11** • 1 Ngayon, may isang maysakit
na Lazaro ang pangalan. Taga-
Betania siya, sa nayon ni Maria at ni

• **11.1** Ito ang pampito at panghuling himala ni Jesus na naitala sa ebanghelyo ni Juan. Sadyang binabanggit sa unang salita *ang taong maysakit*. Kinakatawan ni Lazaro ang taong nasugatan ng kasalanan, nasa bingit ng kamatayan ang tao maliban kung tawagin siyang muli ni Kristo sa buhay.

Muling nabuhay si Lazaro! Huwag tayong mabigla na nagkaroon si Lazaro ng magandang kapalaran na

Martang kapatid nito. 2 Si Maria ang nag-
pahid ng pabango sa Panginoon at nag-
punas ng kanyang buhok sa mga paa
niya. At may sakit ang kapatid niyang si
Lazaro.
3 Kaya nagsugo ang magkapatid kay
Jesus para sabihin: "Panginoon, may
sakit ang iyong iniibig." 4 Pagkarinig nito,
sinabi ni Jesus: "Hindi tungo sa kamata-
yan ang pagkakasakit na ito kundi alang-
alang sa ikaluluwalhati ng Diyos at lulu-
walhatiin ang Anak ng Tao sa pama-
magitan nito."
5 Mahal ni Jesus si Marta at ang kapatid
nitong babae at si Lazaro. 6 Ngunit pagka-
rinig niyang may sakit ito, dalawang araw
pa siyang namalagi sa lugar na iyon.
7 Pagkaraan lamang nito saka niya sinabi
sa mga alagad: "Tayo na uli sa Judea."
8 Sinabi sa kanya ng mga alagad: "Rabbi,
ngayon-ngayon lang eh pinagtatangkaan
kang batuhin ng mga Judio at pupunta ka
uli roon?"
9 Sumagot si Jesus: "Di ba't labin-
dalawang oras meron sa maghapon?
Hindi natitisod sinumang naglalakad sa
araw sapagkat nakikita niya ang liwanag
ng mundong ito. 10 Ngunit natitisod ang
sinumang naglalakad sa gabi sapagkat
wala sa kanya ang liwanag."
11 Sinabi niya ito at saka niya winika sa
kanila: "Nahihimlay na ang kaibigan
nating si Lazaro pero pupunta ako para
gisingin siya." 12 Kaya sinabi ng mga
alagad sa kanya: "Panginoon, kung nahi-
himlay na siya, pagaling na siya." 13 Ang
pagkamatay niya ang tinutukoy ni Jesus.
Inakala naman nilang paghimlay na

---

mabuhay pa ng ilang taon at masamang kapalaran na muling mamatay. Tunay na layunin ng himalang ito ang pagpapahayag sa tunay na pagkabuhay na hindi lamang pahabain ang buhay kundi baguhin ang buong pagkatao. Espirituwal ang Muling Pagkabuhay. Nagsimula na ito sa pag-iiwan ng mananampalataya sa maling pamumuhay at pagtanggap niya sa buhay ng Diyos.

Naniniwala ang mga Judio sa Muling Pagkabuhay ng mga patay sa huling araw gaya ng sabi ni Marta (24). Ngunit inisip nila na isang maka-Diyos na puwersa ang darating upang yugyugin ang sangnilikha at buksan ang mga puntod upang makalabas ang mga patay. Sa katunayan, hindi isang pangyayari ang muling pagkabuhay, kundi isang persona, ang Anak ng Diyos, na nasa kanya ang lahat ng kapangyarihang kailangan upang muling buhayin ang tao at mapagbagong-anyo ang sangnilikha. Nakatawid na mula sa kamatayan tungo sa buhay ang taong sumusunod kay Kristo (5:24) at dahil dito, *hindi siya mamamatay* (26).

Dahil dito, si Jesus ay tinawag na Panginoon ng pitong beses. Bagamat ang karamihan sa mga tao ay tumawag kay Jesus ng "Guro", sadyang inilagay ni Juan sa kanilang bibig ang salitang "Panginoon". Nais niyang ituro sa atin na nagpapahiwatig ang muling pagkabuhay ni Lazaro ng maluwalhating muling pagkabuhay ni Jesus, ang Panginoon.

Gustong *batuhin ng mga Judio si Jesus* (8), ngunit mahihirapan silang ipakulong si Jesus nang ayon sa Batas. Magagawa lamang nila ito sa probinsya ng Jerusalem, kung saan naging malakas ang relihiyosong komunidad at pampulitikong organisasyon nila. Hanggang nananatili si Jesus sa kabila ng ilog Jordan, siya ay panatag. Dahil dito nagpadali sa oras ng kamatayan at pagluluwalhati kay Jesus ang pagpunta niya upang buhayin si Lazaro.

*May 12 oras* (9). Bubuuin ni Jesus ang labindalawang oras ng kanyang paglalakbay (ng kanyang misyon) nang walang takot sa mga panganib na taglay nito. Hindi madadapa ang mga katulad niyang *lumalakad sa araw*, ibig sabihin, ayon sa plano ng Diyos; para sa kanila, si Kristo ang magiging *liwanag ng mundo*.

*Nananalig nga ako na ikaw ang Kristo* (27). Kahanga-hanga ang pagpapahayag ng pananampalataya ni Marta! Katulad nga ni Pedro (Mt 16:16) at sa maikling panahon, si Maria ang magsasabi sa mga apostoles tungkol sa muling pagkabuhay ni Jesus. Tunay, na ang Ebanghelyo ay hindi kumikiling sa mga lalaki o inilalagay sila sa pedestal ng hirarkiya ng Iglesya.

*Ama, pinasasalamatan kita...* (41). Ito lamang ang pagpapasalamat na mababasa natin kay Juan maliban sa mahabang panalangin sa kabanata 17, na puno ng papuri sa Ama. Mababasa rin natin ang ganitong panalangin sa Lc 10:21. Maaaring sabihin na ang nalathalang pagpapasasalamat ni Jesus ay kakaunti gayong esensyal na damdamin ng Kristiyano ang pasasalamat. Ngunit ipinahahayag ni Jesus ang kanyang pasasalamat sa lahat ng kanyang ginawa. Sa kanyang mortal na pag-iral, inalis niya ang sariling kalooban at kapangyarihan upang magamit siya ng Ama para sa kanyang mas dakilang kaluwalhatian (Jn 12:27-28).

*Kalagan ninyo siya* (44). Para sa paglilibing, pinupuluputan ng mga Judio ang kanilang patay ng kayong panlibing. Ngunit may iba pang kahulugan ang salitang "kalagan": ginamit ito ng Unang Iglesya sa pagtukoy sa kapatawaran ng kasalanan. Tulad ni Lazaro, ang tumanggap ng kapatawaran ay muling nabuhay.

pagtulog ang sinasabi niya. 14 Kaya noo'y lantarang sinabi sa kanila ni Jesus: "Patay na si Lazaro. 15 Pero nagagalak ako para sa inyo at wala ako roon kaya maniniwala kayo. Puntahan natin siya." 16 Kaya sinabi ni Tomas na tinaguriang Kambal sa kanyang mga kapwa-alagad: "Pumunta rin tayo at mamatay kasama niya."

17 Pagdating ni Jesus, apat na araw na palang nakalibing si Lazaro. 18 Malapit ang Betania sa Jerusalem, halos tatlong kilometro ang layo. 19 Marami sa mga Judio ang pumunta kina Marta at Maria para makiramay sa kanila sa kanilang kapatid.

20 Kaya pagkarinig ni Marta na dumarating si Jesus, sinalubong niya ito. Si Maria naman ay nakaupo sa bahay. 21 At sinabi ni Marta kay Jesus: "Panginoon, kung naririto ka, hindi sana namatay ang kapatid ko. 22 Ngunit kahit na ngayon, alam kong anuman ang hingin mo sa Diyos ay ibibigay sa iyo ng Diyos."

23 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Babangon ang kapatid mo." 24 Sinabi naman sa kanya si Marta: "Alam kong babangon siya sa pagkabuhay sa huling araw."

25 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siyang pagkabuhay (at ang buhay). Mabubuhay ang nananalig sa akin kahit na mamatay siya. 26 Hinding-hindi mamamatay kailanman ang bawat nabubuhay at nananalig sa akin. Pinaniniwalaan mo ba ito?"

27 Sinabi niya sa kanya: "Oo, Panginoon. Nananalig nga ako na ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos, na dumarating sa mundo."

28 Pagkasabi nito, umalis siya at pabulong na tinawag si Mariang kapatid niya: "Narito ang Guro at tinatawag ka." 29 Pagkarinig naman nito, madali itong tumindig at pumunta sa kanya. 30 Hindi pa nakararating si Jesus sa nayon kundi naroon pa kung saan siya sinalubong ni Marta. 31 Nakita ng mga Judiong kasama ni Maria sa bahay at nakikiramay sa kanya na nagmamadali siyang tumayo at lumabas kaya nagsunuran sila sa kanya sa pag-aakalang papunta siya sa libingin upang doon humagulhol.

32 Pagkarating ni Maria sa kinaroroonan ni Jesus at pagkakita sa kanya, nagpatirapa siya sa paanan nito at nagwika sa kanya: "Panginoon, kung naririto ka, hindi sana namatay ang aking kapatid." 33 Kaya nang makita ni Jesus na humahagulhol siya pati ang mga Judiong nangagsisama sa kanya, nabagbag ang loob niya at naligalig ang sarili. 34 At sinabi niya: "Saan n'yo siya inilagay?" Sinabi nila sa kanya: "Panginoon, halika't tingnan mo." 35 Lumuha si Jesus.

36 Kaya sinabi ng mga Judio: "Tingnan n'yo kung gaano ang pag-ibig niya sa kanya." 37 Sinabi naman ng ilan sa kanila: "Pinadilat nga niya ang mga mata ng bulag; hindi rin kaya niya magagawang huwag mamatay ang taong ito?"

38 Muling nabagbag ang sarili ni Jesus at dumating siya sa libingan. Isang yungib ito at may batong nakatakip doon. 39 Sinabi ni Jesus: "Alisin n'yo ang bato." Sinabi sa kanya ni Martang kapatid ng yumao: "Panginoon, nangangamoy na siya ngayon dahil apat na araw na." 40 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Di ba't sinabi ko sa iyo na kung nananalig ka, masasaksihan mo ang kaluwalhatian ng Diyos?" 41 At inalis nila ang bato.

Tumingala naman si Jesus at nagsabi: "Ama, pinasasalamatan kita pagkat dininig mo ako. 42 Alam kong lagi mo akong dinidinig ngunit dahil sa mga taong nakapaligid kaya ako nangusap upang manalig na sila na ikaw ang nagsugo sa akin." 43 Pagkasabi niya nito, buong-lakas siyang sumigaw: "Lazaro, halika sa labas!" 44 Lumabas ang namatay na natatalian ng telang panlibing ang mga paa at kamay, at napupuluputan din ng panyo ang mukha niya. At sinabi ni Jesus sa kanila: "Kalagan siya nang makalakad."

**Ang pakanang patayin si Jesus**

• 45 Kaya nanalig sa kanya ang marami
sa mga Judiong pumunta kay Maria at
nakasaksi sa kanyang ginawa. 46 Pumunta
naman sa mga Pariseo ang ilan sa kanila
at sinabi ang mga ginawa ni Jesus.
47 Kaya tinipon ng mga punong-pari at
ng mga Pariseo ang Mataas na Sang-
gunian (o Sanhedrin) at sinabi: "Ano'ng
gagawin natin? Marami siyang ginaga-
wang mga tanda. 48 Kung pababayaan
natin siyang paganito, mananalig sa
kanya ang lahat at darating ang mga
Romano at buburahin kapwa ang ating
Banal na Lugar at ang ating bansa."
49 At isa sa kanila, si Caifas na Punong-
pari sa taong iyon, ang nagsabi: "Wala
kayong kaalam-alam. 50 Ni hindi n'yo
naiintindihan na mas makabubuti sa inyo
na isang tao ang mamatay alang-alang sa
sambayanan kaysa mapahamak ang
buong bansa."
51 Hindi sa ganang sarili niya ito sinabi
kundi bilang Punong-pari sa taong iyon
nagpropesiya siyang mamamatay nga si
Jesus alang-alang sa bansa, 52 at hindi
lamang alang-alang sa bansa kundi
upang tipunin din at pag-isahin ang mga
nakakalat na anak ng Diyos.
53 Kaya mula sa araw na iyon, pinag-
pasyahan nilang patayin siya. 54 Kaya
hindi na lantarang naglibot si Jesus sa
mga Judio kundi umalis siya roon pa-
tungo sa lupaing malapit sa disyerto, sa
isang bayang Efraim ang tawag, at doon
siya namalagi kasama ang mga alagad.
55 Ngayon, malapit na ang Paskuwa ng
mga Judio at umahon pa-Jerusalem ang
marami mula sa lalawigan bago mag-
Paskuwa upang maglinis ng sarili. 56 Hina-
hanap nila si Jesus at nang nasa templo
na sila, sinabi nila sa isa't isa: "Ano sa
tingin n'yo? Hindi nga kaya siya paririto sa
piyesta?" 57 Nagpalabas naman ng ka-
utusan ang mga punong-pari at mga
Pariseo na ipagbigay-alam ng sinumang
nakaaalam kung nasaan siya nang mai-
padakip nila siya.

**Ang hapunan sa Betania**

*(Mt 26:6; Mc 14:1)*

**12** • 1 Anim na araw bago mag-
Paskuwa, pumunta si Jesus sa
Betania, na kinaroroonan ni Lazaro na

---

• 45. *ANG IGLESYANG KATOLIKO*

Natupad ang salita ni Caifas ngunit hindi ayon sa kanyang inakala. Mamamatay talaga si Jesus *upang tipunin ang mga nakakalat na anak ng Diyos* (52). Gaya ng sinabi ni Jesus: "Kapag itinaas ako mula sa lupa, hihilahin ko sa akin ang lahat" (12:32). Ang ibig sabihin nito'y ang krus at muling pagkabuhay ang pagmumulan ng komunyon at kapatiran.

Pinag-iisa ng Iglesya ang lahat ng nananalig mula sa lahat ng lahi at kultura: tinatawag natin itong "Katoliko", ibig sabihin, para sa lahat. Gayunman, isang panimula lamang ang Iglesya at isang tanda ng dapat na matupad sa huling panahon kapag magiging kaisa ni Kristo ang buong sangkatauhan.

Nananatili sa ating mundo ang pang-aapi sa masa dahil sa paghadlang sa mga taong makapagbuklod upang pag-usapan at maunawaan ang kanilang sitwasyon. Kalaban ng pagkakaisa ang di-lantad na karahasang iyon. Sumusuporta ang ilang kasalukuyang ideolohiya sa isang pakikibaka para sa kalayaan na hinahangad na pagbuklurin ang tao, ngunit ang pamamaraan nila ay ang patuloy na panunuligsa sa mga kaaway at pagpapasya kung sino ang ititiwalag. Ngunit nagsisilang ang bagong karahasang ito (sapagkat ang pagpatay at di-pagtanggap ay kapwa karahasan) sa mga lipunang lubhang mapang-api.

Kaya dapat sanang makita ng mga Kristiyano na sa di-pangkaraniwang siglo tayo nabubuhay. Sa unang pagkakataon, nakikibahagi ang lahat ng mga bansa sa iisang kasaysayan at dapat nilang tanggapin nang maluwag sa puso, o kahit sapilitan, ang iisang kapalaran nila. Ang kamalayang ito ang magbibigay kakayahan sa atin upang makita at matalastas ang mga layunin na dapat hanapin ng sangkatauhan. Hindi natin dapat kalimutan ito at masayang ang lahat ng ating lakas sa mga proyektong pantulong sa mga mahihirap.

• **12.**1 Naitala din nina Mateo at Marcos ang tagpo sa isang hapunan kung saan ipinakita ni Maria ang kanyang marubdob na pagmamahal kay Jesus. Minahal niya si Jesus nang buong lakas; hindi siya binulag ng kanyang pagmamahal kundi mas naunawaan at iginalang niya ang mahiwagang pagkatao ni Jesus.

Hindi lahat ng apostoles ang nakaunawa sa kanyang ginawa dahil maraming bagay pa silang dapat malaman tungkol sa pagmamahal kay Kristo.

Madalas, tulad tayo ni Judas magsalita, *"ang pag-*

pinabangon ni Jesus mula sa mga patay.
2 Kaya naghanda sila roon ng hapunan
para sa kanya. Nagsilbi si Marta at kabi-
lang naman sa mga kasalo niya si Lazaro.
3 Kumuha si Maria ng isang librang
mamahaling pabangong mula sa purong
nardo at pinahiran ang mga paa ni Jesus
at pinunasan ng kanyang buhok ang mga
paa niya. At napuno ng halimuyak ng
pabango ang pamamahay.

4 Sinabi ni Judas Iskariote na isa sa
kanyang mga alagad na siyang magkaka-
nulo sa kanya: "Ano't 5 di ipinagbili nang
tatlundaang denaryo ang pabangong ito
para maibigay sa mga dukha?" 6 Sinabi
niya ito hindi dahil may malasakit siya sa
mga dukha kundi dahil magnanakaw
siya; nasa kanya ang bulsa ng pananalapi
at nangungupit siya sa inilalagay roon.

7 Kaya sinabi ni Jesus: "Pabayaan mo
siya't inilaan niya ito para sa araw ng
paglilibing sa akin. 8 Kasama ninyong lagi
ang mga dukha ngunit hindi n'yo ako
laging kasama."

9 Marami sa mga Judio ang nakaalam
na naroon siya. At dumating sila hindi
dahil lamang kay Jesus kundi para ma-
kita si Lazaro na pinabangon niya mula sa
mga patay. 10 Pinag-usapan naman ng
mga punong-pari ang pagpatay pati na
kay Lazaro 11 pagkat marami sa mga
Judio ang lumilisan dahil sa kanya at
nananalig kay Jesus.

### Pumasok ang Mesiyas sa Jerusalem

*(Mt 21:5; Mc 11:1)*

12 Kinabukasan, pagkarinig ng maka-
pal na pulutong na dumating para sa
piyesta na parating si Jesus sa Jerusalem,
13 kumuha sila ng mga palaspas at luma-
bas para salubungin siya, at kanilang
inihihiyaw: *"Osanna! Kapuri-puri ang
dumarating sa ngalan ng Panginoon,* siya
ang Hari ng Israel!"

14 Pagkatagpo ni Jesus sa isang batang
asno, sinakyan niya ito, tulad ng nasu-
sulat, 15 *"Huwag nang matakot, dalagang
anak na Sion. Haya't dumarating na ang
iyong hari, sakay sa bisiro ng isang asno."*

16 Hindi ito naintindihan ng kanyang
mga alagad noong una pero nang malu-
walhati si Jesus saka nila naalaala na
ginawa nila ito sa kanya at tungkol sa
kanya isinulat ang mga ito.

17 Kaya nagpapatunay ang pulutong na
kasama niya nang tawagin niya si Lazaro
mula sa libingan at ibangon ito mula sa
mga patay. 18 Sinalubong nga siya ng
pulutong dahil narinig nilang ginawa niya

---

*bibigay sa mga mahihirap."* Gayong hindi "magbigay" ang utos ng Panginoon kundi ang "magmahal." Ang magmahal sa mahihirap ay ang pagpapahayag sa kanila ng tawag ng Diyos, at tulungan silang umunlad bilang tao, makapanaig sa kanilang kahinaan at pagkakahiwa-hiwalay at makatupad sa misyong ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila. Sila ang mga magpapatotoo sa Ebanghelyo sa mundo. Kung hindi tayo kabilang sa kanila, tayo ang makibilang sa kanila upang matagpuan kasama nila ang Kaharian. Ngunit papaano nating tunay na mamahalin ang mga mahihirap maliban lamang kung may tunay tayong pagmamahal kay Jesus? Kung tayo'y wala nito, madali pa nating masasabi ang tungkol sa pagbibigay sa mahihirap, kahit na ano pa ang nilalaman ng Kasulatang ating tinatalakay.

*Anim na araw bago mag-Paskuwa* (b. 1). Sa pagbasa kina Marcos at Mateo tila naganap ang hapunang ito dalawang araw bago mag-Paskuwa at hindi anim (Mt 26:2). Hindi rin nagkakasundo ang mga ebanghelista tungkol sa araw ng paskuwa. Ipinahahayag ni Juan na namatay si Jesus sa bisperas ng Paskuwa (Jn 19:14); nagsasabi naman ang tatlo na naganap ang Huling hapunan sa araw ng pagdiriwang ng Paskuwa. Ayon sa isang napakatandang tradisyon na hinahawakan ng ilang Iglesyang Oriental, ipinagdiwang daw ni Jesus ang Huling Hapunan hindi nang Huwebes kundi Martes. Kung magkagayon, tumagal ng dalawang araw ang paglilitis kay Jesus: Miyerkules at Huwebes. (Ito marahil ang nangyari. Mahirap ngang tanggapin na naganap ang lahat ng nangyari sa dalawang paglilitis kay Jesus sa umaga ng Biyernes lamang). At inilalahad ng lahat ng teksto na namatay si Jesus nang Biyernes.

Isang posibleng paliwanag sa mga di-pagkakaayong ito ay ang sumusunod: Ipinagdiriwang ang Paskuwa ayon sa bagong buwan at hindi ayon sa takdang petsa. At hindi laging madaling malaman kung ano ang petsa ng bagong buwan. Gayundin, may sariling kalendaryo ang ilang grupo. Kaya maaaring ipinagdiwang ni Jesus ang Paskuwa sa bisperas ng Miyerkules, samantalang ang karamihan ay sa bisperas ng Sabado.

ang tandang ito. 19 Kaya sinabi ng mga
Pariseo sa isa't isa: "Pansinin n'yo, wala
kayong silbi. Haya't siya ang sinusundan
ng buong mundo!"

**Hangga't hindi namamatay ang butil**

• 20 Ngayon, may ilang Griyego sa mga
umahon para sumamba sa Piyesta.
21 Kaya lumapit sila kay Felipe na taga-
Betsaida ng Galilea at ipinakiusap sa
kanya: "Ginoo, gusto naming makita si
Jesus." 22 Pinuntahan at sinabihan ni
Felipe si Andres. Pinuntahan naman at
sinabihan nina Andres at Felipe si Jesus.

23 Sumagot si Jesus sa kanila: "Duma-
ting na ang oras para luwalhatiin ang
Anak ng Tao. 24 Talagang-talagang sina-
sabi ko sa inyo, namamalaging nag-iisa
ang butil ng trigo kung hindi ito nama-
matay pagkahulog sa lupa. Ngunit kung
mamatay ito, nagdudulot ito ng mara-
ming bunga.

25 Nagpapahamak ng kanyang sarili
ang umiibig dito ngunit iingatan naman ito
para sa buhay na magpakailanman ng
napopoot sa kanyang sarili sa mundong
ito.

26 Patuloy akong sundan ng nagliling-
kod sa akin at kung nasaan ako, naroon
din ang aking lingkod. Kung may nagli-
lingkod sa akin, pararangalan siya ng
Ama.

• 27 Ngayo'y nababagabag ang aking
kaluluwa. Sasabihin ko bang 'Ama, iligtas
mo ako sa hatid ng oras na ito'? Ngunit

---

• 20. Maraming dayuhan (tinatawag na Griyego dahil sa kanilang wika) ang naniniwala sa kaisa-isahang Diyos ng mga Judio. Hindi man nila sinusunod ang mga batas ng Judio, tinatanggap pa rin sila sa Templo ng Jerusalem kung saan may lugar para sa kanila na hiwalay sa mga Judio. Sinasamantala ni Jesus ang tanong ng mga Griyego upang ipahayag ang paglaganap ng kanyang Kaharian sa buong mundo kapag siya'y naitaas na sa krus.

*Kung hindi mamatay ang butil* (24). Si Jesus ang mamamatay at isisilang ang Iglesya. Maililibing ang walang buhay na katawan ni Jesus; ngunit mula sa puntod, babangon ang niluwalhating katawan niya; sasaklaw sa mga sumasampalatayang nakabuklod sa kanya.Ipagkakaloob sa lahat ng anak ng Diyos ang buhay na nasa kanya lamang ngayon.

*Kung hindi mamatay ang butil.* Ito ang batas para sa lahat ng buhay na nagnanais na maging mabunga (Mc 8:34). Sabi ng mga unang Kristiyano: "binhi ang dugo ng mga martir."

• 27. Maikling inihiwatig ng pahinang ito ni Juan ang Pagbabagong-Anyo ni Jesus (Mc 9:2) at ang Paghihirap sa Getsemane (Mc 14:32).

*May tinig na nagmula sa langit* (28). Habang nasa gitna si Jesus ng makapal na tao, may narinig: isang mensahe mula sa langit o simpleng kaguluhan? Wala mang saysay ang pangyayaring ito sa isang mananalaysay, para itong isang maikling pagparito ng tunay na mundo "sa itaas" sa gitna ng makalupang palabas. Hindi na inaalaala ni Jesus na hindi naunawaan ng mga tao ang kanyang mensahe at handa na nilang ibigay siya sa mga punong bayan. Lumalampas ang kanyang pananaw sa mga bagay na ito. Alam ni Jesus na hindi niya maililigtas ang bayan sa pangkasaysayang kabiguan at pagkawasak. Nalalaman na niya na sa kanyang kamatayan mababago ang takbo ng mundo. Siya ang mananaig sa bandang huli sa palaruang paglulutasan ng kahihinatnan ng sanlibutan.

Mula sa pasimula ng kasaysayan, pinalabo ng *pinuno ng mundo,* ang Espiritu ng kasamaan, ang pagkakikilala ng sangkatauhan sa Diyos. Gayunman ginagabayan ng Diyos ang buong sangnilikha tungo sa unti-unting pag-unlad at pagganap hanggang sa pagsilang ng Bagong Tao. Dahil sa kasalanan lamang nagaganap ang pagsilang na ito sa gitna ng paghihirap, pagwawalang-bahala at pagkaalipin.

Tanging daan tungo sa katubusan ang pagbabalik sa pagtalima hindi sa "Diyos" kundi sa "Ama". At binuksan ni Jesus ang daan sa pamamagitan ng kanyang sakripisyo: *Dahil dito kaya ako dumating sa oras na ito* (27).

Madalas nating makalimutan na ang pagbibigay-luwalhati sa Diyos ang layon ng ating buhay. Hindi ang paggawa ng mga templo at pag-awit ng: "Papuri sa Diyos!" ang lalong nagbibigay-luwalhati sa kanya kundi ang pagiging kasiya-siya at buhay na mga sakripisyo sa Diyos. Sinulat ni San Ireneo, isang Obispo at martir ng unang Iglesya: "niluluwalhati ang Diyos kapag ang tao ay nabubuhay nang ganap; at nabubuhay naman nang ganap ang tao sa pakikipagkita niya sa Diyos.

Pag-aalay ang sakripisyo. Ang ating sakripisyo ay ang pagtanggap sa Diyos bilang ating buhay, upang matulad tayo sa kanya, at ihanda tayo sa pagsasalamin ng kanyang kaluwalhatian. Mahirap at mahalaga ang ganitong sakripisyo dahil nais ng Diyos na patawirin tayo mula sa kamatayan tungo sa buhay. Sa pagtalima natin sa kalooban ng Diyos, tayo'y dumaraan sa iba at walang-hanggang estado. Niluluwalhati ang Diyos kapag nakakaabot sa luwalhati ang kanyang anak, ibig sabihin, nagiging ganap at maganda, at binabago ng apoy at Espiritu Santo.

dahil dito kaya ako sumapit sa oras na ito.
28 Ama, luwalhatiin mo ang iyong Panga-
lan."

Kaya may tinig na nagmula sa langit:
"Niluwalhati ko at muli kong luluwalha-
tiin." 29 Kaya pagkarinig ng mga taong
naroon, sinabi nila: "Kumulog!" Sinabi
naman ng iba: "Nangusap sa kanya ang
isang anghel."

30 Sumagot si Jesus: "Hindi alang-
alang sa akin kaya ito ipinarinig kundi
alang-alang sa inyo. 31 Ngayon ang pag-
huhukom sa mundong ito; ngayon ita-
taboy palabas ang pinuno ng mundong
ito. 32 At kapag itinaas ako mula sa lupa,
hihilahin ko sa akin ang lahat."

33 Sinabi niya ito para bigyang-tanda
ang uri ng kamatayang ikamamatay
niya. 34 Kaya sinagot siya ng mga tao:
"Narinig namin mula sa Batas na nama-
malagi magpakailanman ang Mesiyas,
paano mo masasabing kailangang itaas
ang Anak ng Tao? Sino ba ang Anak na
ito ng Tao?"

35 Kaya sinabi ni Jesus sa kanila: "Ka-
unting panahon na lamang sa piling ninyo
ang liwanag. Lumakad kayo habang may
liwanag kayo at baka abutan kayo ng
dilim. Hindi alam ng naglalakad sa dilim
kung saan siya papunta. 36 Habang may
liwanag kayo, panaligan n'yo ang liwanag
upang maging mga anak kayo ng
liwanag."

**Ang kawalang-paniwala ng mga Judio**

• Pagkasabi ni Jesus ng mga ito, uma-
lis siya at nagtago sa kanila. 37 Napaka-
raming tanda ang ginawa niya sa harap
nila at hindi pa sila nanalig sa kanya.
38 Ganoon naganap ang salita ni Isaias,
ang Propeta: *Panginoon, sino'ng nani-
wala sa aming ipinangaral? At kanino
ibinunyag ang bisig ng Panginoon?*

39 Dahil dito, hindi sila makapaniwala,
ayon sa sinabi rin ni Isaias:

40 *Binulag niya ang kanilang mga mata
at pinamanhid ang kanilang puso upang
walang makita ang kanilang mga mata at
walang maunawaan ang kanilang puso;
at baka manumbalik sila at akin silang
pagalingin.*

41 Sinabi ni Isaias ang mga ito sapagkat
nakita nito ang kanyang kaluwalhatian at
nangusap tungkol sa kanya. 42 Gayunpa-
man, marami ang nanalig sa kanya pati
na sa mga pinuno pero hindi nila ipina-
hayag dahil sa mga Pariseo at baka sila
itiwalag sa sinagoga. 43 Mas minahal nga
nila ang parangal ng mga tao kaysa para-
ngal ng Diyos.

44 Malakas namang sinabi ni Jesus:
"Ang nananalig sa aki'y nananalig hindi

---

• 36. *DI-MAPAPANAULING PASYA*

Malapit nang matapos ang pangangaral ni Jesus. Nahirapan ang ebanghelista na maunawaan kung bakit nanatiling bulag ang bayan ng Diyos tungkol sa kanilang Mesiyas. Sinikap ni Juan na hanapin ang kahulugan ng pagtangging ito sa paggamit ng dalawang teksto mula sa mga propeta.

Ang una ay ang mahabang tula na tungkol sa Lingkod ni Yawe na kusang-loob na nag-alay ng buhay para sa kanyang mga kapatid (Is 53:1). Ipinakikita nito sa atin na hindi madaling maniwala ang mga tao sa isang inabang Tagapagligtas.

Ipinakikita naman ng ikalawang teksto na ang pagtanggi kay Kristo ay ipinahiwatig na. Hindi rin tinanggap ang mga dating propeta noong sila ay nabubuhay pa. Ngunit dito isinasakatuparan ang mahiwagang plano ng Diyos.

Binigyang-diin ni Juan ang kasalanan ng marami na hindi kumikilala kay Jesus nang lantaran, kahit na mayroon silang respeto sa kanya. Kahit paano, naghinala ang mga Judio na nanggaling si Jesus sa Diyos subalit ang maniwala sa kanyang sinasabi at hinihingi ay ibang bagay na.

Para sa atin, dapat tanggapin ng naniniwala sa ebanghelyo ang Iglesyang itinatag ni Jesus. Subalit hindi lahat ay nakakaunawa nito. Dumarating ang kanyang salita sa gitna ng maraming alalahanin, at hindi tayo napipilitang paniwalaan ito. Kapag sinuway o kinaligtaan natin ang kanyang salita, madalas nating isipin na hindi naman ito grabe o seryoso. Gayunman, ang Diyos at ang Salita ng Katotohanan ang ating tinatanggihan. Ito ang ating tanging pagkakataon; walang patunay sa Biblia sa paniniwalang may iba pa tayong buhay at sa susunod na buhay maitutuwid natin ang mga pagkakamali sa kasalukuyan. Ngayon pinagpapasyahan ang buhay na walang hanggan.

sa akin kundi sa nagpadala sa akin. 45 Ang
pumapansin sa aki'y pumapansin sa
nagpadala sa akin.
46 Dumating ako na liwanag sa mundo
upang hindi mamalagi sa dilim ang bawat
nananalig sa akin. 47 Kung may nakakari-
nig sa aking mga salita at hindi ito iniinga-
tan, hindi ako ang humahatol sa kanya
sapagkat dumating ako hindi para hatulan
ang mundo kundi para iligtas ang mundo.
48 May humahatol sa bumabale-wala sa
akin at di tumatanggap sa mga pananalita
ko. Ang salitang ipinangusap ko ang
siyang hahatol sa kanya sa huling araw.
49 Sapagkat hindi ako nangusap sa ga-
nang sarili ko; ang nagpadala sa akin –
ang Ama – siya mismo ang nag-utos sa
akin kung ano ang sasabihin ko at ipangu-
ngusap. 50 Alam kong buhay na magpa-
kailanman ang kanyang utos. Kaya ang
ipinangungusap ko'y ipinangungusap ko
gaya ng sinabi sa akin ng Ama."

## *IKALAWANG BAHAGI: TINAPOS NI JESUS ANG KANYANG GAWAIN*

**13** • 1 Ngayon, bago magpiyesta ng
Paskuwa, alam ni Jesus na duma-
ting na ang kanyang oras para tumawid
mula sa mundong ito tungo sa Ama; sa
pagmamahal niya sa mga sariling kanya
na nasa mundo, minahal niya sila
hanggang kaganapan.

### Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng kanyang mga alagad

• 2 Naghahapunan sila at naisilid na ng
diyablo sa kalooban ni Judas na anak ni
Simon Iskariote na ipagkanulo siya.
3 Alam naman ni Jesus na ipinagkaloob
ng Ama sa kanyang mga kamay ang
lahat, at mula sa Diyos siya galing at sa
Diyos siya pabalik.
4 Kaya tumindig siya mula sa hapunan
at hinubad ang panlabas na damit, at
pagkakuha ng tuwalya ay ibinigkis sa
sarili. 5 Pagkatapos ay nagbuhos siya ng
tubig sa hugasan, at sinimulang hugasan
ang mga paa ng mga alagad at punasan
ng tuwalyang nakabigkis sa kanya.
6 At lumapit siya kay Simon Pedro,
sinabi nito sa kanya: "Panginoon, ikaw ba
ang maghuhugas sa aking mga paa?"
7 Sumagot si Jesus: "Hindi mo alam
ngayon ang ginagawa ko pero mauuna-
waan mo makaraan ang mga ito."

---

• **13.**1 Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng Ebanghelyo ni Juan. Sa unang bahagi, sa pamamagitan ng mga tanda at pagpapahayag ipinaliwanag ni Jesus ang gawa na gaganapin niya sa mundo at ang luwalhati na ipagkakaloob sa kanya pagkatapos na *maitaas na siya*. Ngayon, dumating na ang oras ni Jesus, kung saan magaganap niya ang lahat ng mga ipinahayag.

Nagsimula ang ikalawang bahagi sa pamamaalam na paglalahad ni Jesus sa Huling Hapunan.

Tulad ng mga nakaraang kabanata, nag-uumpisa sa isang himala ang bawat pagpapaliwanag ni Jesus. Ang pamamaalam na makikita sa kabanata 14-17 ay nagsisimula sa isang kahanga-hangang kilos: ang "paghuhugas ng paa" ng mga alagad. Dalawang aral ang napapaloob dito:

– kailangang linisin muna ang sarili bago makibahagi sa Hapunan ng Panginoon.

– kung paano isasabuhay ang pagmamahal.

• 2. *ANG RITUAL NG PAGSISISI*

Hindi binabanggit ni Juan ang Eukaristiya nang isulat niya ang Huling Hapunan (Mc 14:12), ngunit pinalalim niya ang tema ng "paghuhugas ng paa".

*Nagpasimulang hugasan ang kanilang paa.* Sanay maglakad nang walang tsinelas ang mga mahihirap na Judio, ang iba naman ay nagsusuot ng sandalyas. Kaya sa pagtanggap ng mga Judio sa isang bisita, inuutusan ang isang lingkod na hugasan ang paa ng nagbibiyahe (Gen 18:4). Walang utusan ang mga apostol, ngunit nang gabing iyon, nais ni Jesus na maging lingkod nila.

Hindi lamang pangkatawang kalinisan at aliw ang hangad ni Jesus na ibigay sa mga apostol. Isang sagradong gawa ang ginanap niyang paghuhugas ng paa, upang linisin sila katulad nang sa binyag. Nasa grasya na ng Diyos ang mga apostol: *nagpalinis sa kanila* (15:3) ang salita ni Jesus na tinanggap nila ng may pananampalataya. Gayunman, kailangan pa nila

8 Sinabi sa kanya ni Pedro: "Hinding-
hindi mo kailanman huhugasan ang aking
mga paa." Sumagot si Jesus sa kanya:
"Kung hindi kita huhugasan, hindi ka
makababahagi sa akin." 9 Sinabi sa kanya
ni Simon Pedro: "Panginoon, hindi lamang
ang mga paa ko kundi pati na ang mga
kamay at ulo."

10 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Mga paa
lamang ang kailangang hugasan ng
naligo na dahil malinis na ang buo niyang
sarili. Malinis nga kayo pero hindi lahat."
11 Alam ni Jesus ang magkakanulo sa
kanya. Dahil dito kaya niya sinabing
"Hindi lahat kayo'y malinis."

12 Kaya nang mahugasan niya ang
kanilang mga paa, kinuha niya ang
kanyang panlabas na damit at bumalik sa
hapag, at sinabi niya sa kanila: "Nauu-
nawaan n'yo ba ang ginawa ko sa inyo?
13 Tinatawag n'yo akong 'Guro' at 'Pangi-
noon.' At tama ang pagsasabi ninyo: ako
nga. 14 Kaya kung hinugasan ko ang
inyong mga paa, akong Panginoon at
Guro, gayundin kayo dapat maghugasan
ng mga paa ng isa't isa.

15 Isang halimbawa ang ibinigay ko sa
inyo upang gawin din ninyo gaya ng
ginawa ko sa inyo. 16 Talagang-talagang
sinasabi ko sa inyo, walang aliping mas
dakila sa kanyang panginoon, ni walang
sinugong mas dakila sa nagpadala sa
kanya. 17 Kung alam ninyo ito, mapalad
kayo kung isinasagawa n'yo ang mga
ito.

18 Hindi kayong lahat ang tinutukoy
ko. Kilala ko ang mga hinirang ko.
Ngunit kailangang maganap ang Kasu-
latan: *Ang nakikisalo sa aking pagkai'y
tumalapid sa akin."* 19 Sinasabi ko ito
ngayon sa inyo bago pa mangyari upang
maniwala kayong Ako Nga kapag nang-
yari ito.

20 Talagang-talagang sinasabi ko sa
inyo: ako ang tinatanggap ng tuma-
tanggap sa ipinadadala ko at ang nagpa-
dala sa akin ang tinatanggap ng tuma-
tanggap sa akin."

21 Pagkasabi ng mga ito, nabagabag
ang kalooban ni Jesus at nagpatunay:
"Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo:
ipagkakanulo ako ng isa sa inyo." 22 Nag-
tinginan ang mga alagad at pinagta-
takhan kung sino ang tinutukoy niya.
23 Nakahilig sa tabi ni Jesus ang isa sa
kanyang mga alagad, ang mahal ni Jesus.
24 Kaya tinanguan ito ni Simon Pedro para
usisain si Jesus kung sino ang kanyang
tinutukoy.

25 Kaya paghilig niya sa tabi ni Jesus,
sinabi niya sa kanya: "Panginoon, sino ba
iyon?" 26 Sumagot si Jesus: "Siya iyong
ipagsasawsaw ko ng kapirasong tinapay
at siya kong bibigyan." At pagkasawsaw
ng kapirasong tinapay, ibinigay niya iyon
kay Judas na anak ni Simon Iskariote.
27 Kasunod ng kapirasong ito, pumasok
sa kanya si Satanas. Kaya sinabi sa
kanya ni Jesus: "Magmadali ka sa gaga-
win mo."

---

ng paghahanda bago makisalo sa tinapay ng buhay sa hapag ng kanilang Panginoon. May ritual ng paghahanda o paglilinis ang anumang relihiyon bago ibigay ang mga sagradong bagay sa kanyang miyembro. Halimbawa, nagsasagawa ang mga Judio ng ritual ng paglilinis bago makibahagi sa Pista ng Paskuwa.

Hinihingi rin ni Jesus na malinis tayo: siya mismo ang naghugas sa paa ng kanyang apostol. Hindi niya hiningi na ikumpisal nila ang kanilang kasalanan; dapat lamang silang umayon na hugasan niya ang kanilang paa.

Ipinaaalala sa atin ng pagkilos na ito ni Jesus ang sakramento ng Binyag at Kumpisal. Dito nabibigkis ang kababaang-loob at awa kapwa sa naglilinis at sa nililinisan. Simula dito, *gagawin* ng mga apostol *ang ginawa ng Panginoon sa kanila* dahil *isinugo* niya sila sa kanyang pangalan upang magpatawad ng mga kasalanan. Hindi sila kikilos bilang opisyal ng hirarkika o hukom na nagpapataw ng patawad sa mga makasalanan. Susundan nila ang daan ng kababaang-loob at awa, upang linisin ang mga lalapit sa Hapunan ng Panginoon.

*Pitong beses na inulit ang salitang* "Panginoon" *sa kabanatang ito. Dahil dito mauunawaan natin na sa paghuhugas ng paa ng mga apostol, isinagawa ni Jesus ang isang napakahalagang kilos na nagpapakita sa atin kung sino ang ating Panginoon at Diyos at kung paano siya kumilos.*

28 Sa mga nakahilig sa hapag, walang
nakaunawa kung ba't sinabi niya iyon sa
kanya. 29 Dahil nakay Judas ang bulsa,
inakala ng ilan sa sinasabi sa kanya ni
Jesus: "Bumili ka ng mga kailangan natin
para sa Piyesta," o kaya'y mag-abuloy sa
mga dukha.
30 Kaya pagkakuha niya sa kapirasong
tinapay, agad siyang lumabas. Gabi noon.
31 Pagkalabas ni Judas, sinabi ni Jesus:
"Niluwalhati na ngayon ang Anak ng Tao
at niluwalhati rin sa kanya ang Diyos. 32 At
agad naman siyang luluwalhatiin ng
Diyos sa sarili nito.

• 33 Mga munting anak, sandali na la-
mang n'yo akong kasama. Hahanapin
ninyo ako at gaya ng sinabi ko sa mga
Judio, sinasabi ko rin sa inyo ngayon,
'Kung saan ako papunta, hindi kayo
makaparoroon.'
34 Isang bagong utos ang ibinibigay ko
sa inyo: magmahalan kayo! Kung paano
ko kayo minahal, gayon kayo magma-
halan. 35 Sa ganito makikilala ng lahat na
mga alagad ko kayo kung may pagma-
mahal kayo sa isa't isa."
36 Sinabi sa kanya ni Simon Pedro:
"Panginoon, saan ka papunta?" Sumagot
si Jesus: "Hindi ka makasusunod ngayon
sa akin kung saan ako papunta; susunod
ka pagkatapos." 37 Winika sa kanya ni
Pedro: "Panginoon, bakit hindi ako maka-
susunod sa iyo ngayon? Iaalay ko ang
aking buhay alang-alang sa iyo." 38 Su-
magot si Jesus: "Iaalay mo ang buhay mo
alang-alang sa akin? Talagang-talagang
sinasabi ko sa iyo, hinding-hindi titilaok
ang tandang hanggang makaitlo mo
akong maitatuwa.

**Papunta ako sa Ama**

**14** • 1 "Huwag mabagabag ang inyong
mga puso. Manalig kayo sa Diyos
at manalig din kayo sa akin. 2 Maraming
silid sa bahay ng aking Ama. Kung
hindi'y hindi ko sana sinabi sa inyong
"Pupunta ako upang ipaghanda kayo ng

---

• 33. *KRISTIYANONG PAG-IBIG*

*Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo.* Ibig sabihin, isang utos na tugma sa pagdating ng bagong panahon. Nagsalita ang Lumang Tipan tungkol sa tunay na katapatan sa Diyos at pag-ibig sa kapwa, ngunit nanatiling nakatago ang mensaheng ito sa masalimuot na mga batas. Bukod dito, maraming paraan ng pag-ibig: kahit na isang panatikong relihiyoso ay makapagsasabing mahal niya ang Diyos. Dito naman, iisang batas ang pag-ibig. At kung gusto nating malaman kung ano ang pag-ibig, lagi nating tingalain ang mga halimbawang ibinigay ng Panginoon noong nabubuhay siya sa ating piling.

Hangad ng pag-ibig na ayon sa Diyos na palayain ang ating kapwa at bigyang kakayahang paunlarin ang mga abilidad na bigay ng Diyos. Iginagalang nito ang mahiwagang persona ng bawat isa at tinutulungan ang kapwa upang siya'y maging kung ano ang nais ng Diyos maging siya sa pagtawid mula sa kamatayan tungo sa muling pagkabuhay.

Higit pa rito, habang tayo'y lumalalim sa misteryo ng maka-Diyos na pag-ibig na ibinunyag ni Jesus, nagiging kaisa ang ating pag-ibig sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos na sa wakas ay gagawing iisa sa pamamagitan natin. Galing sa Diyos ang tunay na pagmamahal at gumagawa na bumalik ang lahat sa pagkakaisa sa Diyos.

Paulit-ulit na binigyang diin ni Jesus ang Kristiyanong pagmamahal. Nang lumaon, bubuurin ng mga apostol (1 Jn 4:7) at ng Iglesya ang aral niya ng pag-ibig. Nakikilala ang pag-ibig sa Diyos sa pag-ibig sa kapwa; nakaatang naman ang pag-ibig sa kapwa sa pag-ibig sa Diyos. At ano nga ba talaga ang mahalin ang Diyos? Sinasabi ng mga dakilang santo at mistiko ng Iglesya na ang pag-ibig sa Diyos ay hindi lamang ang "madama ang Diyos", at masiyahan sa pananalangin. Hindi nakikita ang Kristiyanong pag-ibig sa sentimyento o damdamin (bagamat kung minsa'y nakadarama tayo ng debosyon, at ito'y nakatutulong). May pag-ibig sa Diyos ang nagtitikang gawin kung ano ang kalooban ng Diyos sa bawat sandali ng kanyang buhay. At ano ang kalooban ng Diyos tungkol sa ating kapwa kundi ang paglilingkod at pagpapatawad.

• **14.**1 *ANG BUHAY ESPIRITUWAL*

Pagkatapos ng paghuhugas ng paa, ipinagpatuloy ni Juan ang tatlong diskurso ng pamamaalam ni Jesus. Sa mga nakaranas ng matalik na pamumuhay kay Jesus ng may ilang buwan, kailangan nilang madiskubre ang bagong pakikisama sa Kristong muling nabuhay, na siya'y naroon kahit na di nakikita. *Nakasama ninyo ako*, sabi ni Jesus; ngunit mula ngayon *sasainyo ako*. Matatagpuan sa kabanata 14 ang una sa mga pagpapahayag na ito.

Hindi lamang sariling tagumpay ni Jesus ang pag-akyat niya sa Ama; nagbubukas din ito para sa ating lahat ng daan tungo sa ating tahanan, tahanang hindi napakataas, kundi tahanan sa Diyos. *Maraming*

lugar." 3 At pag pumunta na ako at
naipaghanda kayo ng lugar, muli akong
darating at dadalhin ko kayo sa akin
upang kung saan ako naroon, gayon din
naman kayo. 4 At alam n'yo ang daan sa
pupuntahan ko."
5 Sinabi sa kanya ni Tomas: "Pangi-
noon, hindi namin alam kung saan ka
pupunta. Paano namin malalaman ang
daan?" 6 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako
siyang daan, ang katotohanan at ang
buhay. Walang nakalalapit sa Ama kundi
sa pamamagitan ko. 7 Kung kilala ninyo
ako, makikilala rin ninyo ang aking
Ama. Ngunit ngayon, kilala n'yo na siya
at nakita ninyo siya."
8 Sinabi sa kanya ni Felipe: "Pangi-
noon, ipakita mo na sa amin ang Ama at
sapat na sa amin." 9 Sinabi sa kanya si
Jesus: "Ang tagal na panahon n'yo akong
kasama at hindi mo pa ako kilala, Felipe?
Sa pagkakita sa akin ninuman, ang Ama
ang nakikita niya. Paano mong masasa-
bing 'Ipakita mo sa amin ang Ama'?

---

*silid...* ibig sabihin ay may lugar din para sa atin. Hindi lang isang tahanan para sa lahat kundi isa para sa bawat isa, sapagkat hindi tayo bibigyan ng iisang palabas na panonoorin ng lahat o ng iisang kaligayahang ibinabahagi sa lahat. Makakakuha mula sa bawat isa ang kaniningningan ng Diyos ng himig na siya lamang ang makapagbibigay. Mapapasakanyang sariling silid ang bawat isa at may pakikipag-isa sa lahat.

Ngayong alam natin ang layon, dapat nating puntahan ang ganap na pakikipag-isang iyan. *Ako ang daan*, sabi ni Kristo. Nagkatawang-tao siya upang makita natin ang Ama sa kanya. Sinunod niya ang kanyang daan, na lubhang nakabibigla sa atin, at sa pagninilay sa kanyang mga kilos, uunlad din tayo tungo sa katotohanan. Bagamat sa simula maaaring hindi natin maunawaan ang kanyang kaisipan, sa paglipas ng panahon, ating matutuklasan ang Panginoon at mauunawaan na ang kanyang daan ay daan natin. Sa pagtawid sa krus at kamatayan, makakamit natin ang ating katotohanan at matatagpuan ang buhay.

*Nasa Ama ako at nasa akin ang Ama,* at *nasa akin kayo* (11 at 20). Ginagawa ni Kristo na makapasok tayo sa pansariling buhay ng Diyos. Kaya, hindi natin puwedeng sabihin na tayo'y lumalapit sa Diyos na para bang napakalayo niya sa atin. Hindi natin nadadama na para bang iisang persona lamang ang Diyos sa harap natin. Pumapasok tayo "sa" misteryosong buhay ng mga Diyos na Persona na nakikibahagi sa lahat at nagiging tangi at nag-iisang Diyos. Hindi makapasok sa isa't isa ang materyal na bagay at mga katawan, subalit sa mundo ng espiritu ito ay posible. *Nasa Ama* si Kristo at *nasa kanya.* ang Ama. *Sila'y mananahan sa atin.*

Sa simula ng Ebanghelyo, ipinaliwanag ni Juan na nauunawaan ang lahat ng kilos ng Diyos sa mundo sa liwanag ng malalim na ugnayan ng Ama at Anak. Ngayon, idinagdag niya na ginaganap ng isang persona, ang Espiritu Santo, ang presensya ng Diyos sa atin. Ni ang Ama na wala namang nakakita, ni ang Anak na nagpahayag ng sarili ay hindi makakapagkaisa sa tao. Subalit maisasagawa ito sa pamamagitan ng Espiritu, na matatawag nating *Diyos na ipinagkakaloob.* Kaya, tinatatawag nating *buhay na espirituwal* ang lahat ng tumutukoy sa ating ugnayan sa Diyos.

Tatlong pag-uugali ang napapaloob sa buhay espirituwal:

-- pagpapahalaga sa mga salita ni Jesus: pagnilayin, isabuhay at sikaping maugat sa ating kaluluwa.

– pagkaturo sa atin ng Espiritu Santo ng mga bagay na dapat nating hingin sa pangalan ni Kristo, buong pananalig nating hinihiling ang mga bagay na kanyang ninanais.

– sa bandang huli, *ginagawa natin ang mga bagay* na ginawa niya. Hindi niya pinarami lamang ang mga mabubuting kilos kundi tinapos ang iniutos ng Ama sa kanya, kahit na para sa atin ay parang walang kabuluhan ang kanyang pagtalima.

*Ibibigay niya sa inyo ang ibang Tagapagtanggol* (16). Tinutukoy ni Jesus ang Espiritu Santo na kanyang tinatawag na *Parakletos.* Maraming kahulugan ang salitang Griyegong ito. Dito, ginagamit natin ang salitang Tagapagtanggol. Ipinagtatanggol ng Espiritu ang mga nananalig at pinapatnubayan ang kanilang panalangin upang ito ay dinggin.

*Ibibigay ko sa inyo ang ibang Tagapagtanggol* (o Tagapagsalin). Tinutulungan tayo ng Espiritu upang maunawaan at maliwanagan ang mga salita ni Jesus sa lahat ng panahon.

*Panginoon, paano mangyayaring sa amin mo ipapakita ang iyong sarili at hindi sa mundo?* (22). Akala ni Judas ay nais ni Jesus na tumawag ng isang sikretong pulong. Ngunit iba ang ibig sabihin ni Jesus: ipakikilala niya ang sarili sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. *Ipakikita ang sarili* sa pagtuturo sa kanila nang walang ginagamit na salita at sa pagbibigay ng kapayapaan.

*Sapagkat mas dakila sa akin ang Ama* (28). Hindi nito sinasalungat ang itinuturo ni Juan sa buong Ebanghelyo tungkol sa pagka-Diyos ni Jesus.

Dapat na basahin ito kasama ng 5:18; 10:30; 16:15, kung nais nating maunawaan nang kahit kaunti ang misteryo ni Kristo, "tunay na Diyos" tulad ng nasusulat sa Rom 9:5; Tit 2:13; 1 Jn 5:20.

Sa ikapat na siglo, sinulat ni San Hilario, isang dakilang obispo at tagapagtanggol ng pananampalataya: "Dakila pa ang Ama sapagkat siya ang nagbibigay. Subalit ibibigay niya sa Anak ang lahat ng nasa kanya, kaya hindi masasabing mababa sa Ama ang Anak.

Bukod dito, katangian ng Anak na talikuran ang sarili upang magbigay luwalhati sa Ama, hanggang sa

10 Hindi ka ba naniniwalang nasa Ama
ako at nasa akin ang Ama? Hindi sa
ganang sarili ko ipinangungusap ang mga
pananalitang sinasabi ko sa inyo. Sa akin
namamalagi ang Ama at siya ang guma-
gawa ng kanyang mga gawa. 11 Maniwala
kayo sa akin na nasa Ama ako at nasa
akin ang Ama. Kung hindi, maniwala
kayo dahil man lamang sa mga gawa.

12 Talagang-talagang sinasabi ko sa
inyo, magagawa rin ng nananalig sa akin
ang mga gawang ginagawa ko at mas
dakila pa kaysa mga ito ang gagawin
niya. Sapagkat sa Ama ako papunta.
13 Anumang hingin n'yo sa Pangalan ko'y
gagawin ko upang luwalhatiin ang Ama sa
Anak. 14 At kung may hingin kayo sa akin
sa Pangalan ko, gagawin ko.

15 Kung mahal ninyo ako, isasakatupa-
ran ninyo ang mga kautusan ko. 16 At
hihingin ko sa Ama at ibibigay niya sa
inyo ang bagong Tagapagtanggol upang
makasama ninyo magpakailanman:
17 ang Espiritu ng katotohanan na hindi
matatanggap ng mundo dahil hindi siya
nito napapansin ni nakikilala. Kilala ninyo
siya sapagkat namamalagi siya sa inyo at
sasainyo siya.

18 Hindi ko kayo iiwang ulila; pabalik
ako sa inyo. 19 Kaunti pang panahon at
hindi na ako mapapansin ng mundo
ngunit mapapansin ninyo ako sapagkat
buháy ako at mabubuhay din kayo. 20 Sa
araw na 'yon ninyo malalaman na nasa
Ama ko ako at nasa akin kayo at nasa
inyo ako.

21 Ang tumutupad sa tinanggap niyang
mga kautusan ko, siya ang nagmamahal
sa akin. Mamahalin ng aking Ama ang
nagmamahal sa akin, at mamahalin ko rin
siya at ipamamalas ko sa kanya ang
aking sarili."

22 Sinabi sa kanya ni Judas, hindi ang
Iskariote: "Panginoon, paano mangyaya-
ring sa amin mo ipamamalas ang iyong
sarili at hindi sa mundo?" 23 Sumagot si
Jesus at sinabi sa kanya: "Kung may nag-
mamahal sa akin, isasakatuparan niya
ang aking salita at mamahalin siya ng
aking Ama at pupuntahan namin siya at
sa kanya kami gagawa ng silid para sa
aming sarili. 24 Hindi naman isinasaka-
tuparan ng hindi nagmamahal sa akin ang
aking mga salita. At hindi sa akin ang
salitang naririnig n'yo kundi sa Amang
nagpadala sa akin.

25 Sinabi ko sa inyo ang mga ito habang
namamalagi pa akong kasama ninyo.
26 Ituturo naman sa inyo ng Tagapag-
tanggol ang lahat – ang Espiritu Santong
ipadadala ng Ama sa ngalan ko – at ipaa-
alaala niya sa inyo ang lahat ng sinabi ko
sa inyo.

27 Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo;
kapayapaan ko ang ibinibigay ko sa inyo.
Hindi gaya ng ibinibigay ng mundo ang
ibinibigay ko sa inyo. Huwag mabagabag
ang inyong puso ni panghinaan ng loob.
28 Narinig ninyong sinabi ko sa inyo:
'Paalis ako pero pabalik ako sa inyo.'
Kung minahal ninyo ako, magagalak
kayo't papunta ako sa Ama pagkat mas
dakila sa akin ang Ama.

29 Ngunit sinabi ko ito ngayon sa inyo
bago pa ito mangyari upang maniwala
kayo kapag nangyari ito. 30 Hindi ko na
kayo kakausapin nang mahaba sapagkat
parating na ang pinuno ng mundo.
Walang anumang kanya sa akin 31 ngunit
dapat malaman ng mundo na mahal ko
ang Ama, at ayon sa iniutos sa akin ng
Ama, ito mismo ang aking ginagawa.
Tumindig kayo, tayo na mula rito!

---

ibigay na muli ng Ama "ang luwalhating nasa kanya sa pasimula pa" (17:5 at 6:62). Dahil dito ang mga apostol na nakakita sa kanya bilang tao sa panahon ng kanyang pagpapakumbaba ay dapat matuwa sa pag-alis niya.

*Ang Espiritu Santong ipadadala ng Ama sa ngalan ko.* (26). Ihambing sa 15:26. Sa Ama nagmula ang Espiritu Santo at gayon din sa Anak dahil nakikibahagi sila sa iisang pagka-Diyos.

**Ang puno ng ubas at ang mga sanga**

15 • 1 "Ako siyang totoong puno ng
ubas at ang Ama ko ang mag-
sasaka. 2 Pinuputol niya ang bawat sa-
ngang di namumunga sa akin at pinu-
pungusan naman niya't nililinisan ang
bawat namumunga upang higit pang ma-
munga.
3 Ngayon malinis na kayo dahil sa
salitang binigkas ko sa inyo. 4 Mamalagi
kayo sa akin at ako sa inyo.

Hindi makapamumunga ang sanga sa ganang sarili malibang mamalagi ito sa puno ng ubas; gayundin naman kayo,
malibang mamalagi kayo sa akin. 5 Ako
siyang puno ng ubas; kayo ang mga
sanga. Ang namamalagi sa akin at ako sa
kanya, siya ang namumunga nang
sagana pagkat hiwalay sa aki'y hindi kayo
makagagawa ng anuman. 6 Kung hindi
namamalagi sa akin ang sinuman, iha-
hagis siya sa labas gaya ng sangang
natuyo na tinitipon at iginagatong sa apoy
at nagliliyab.
7 Kung mamamalagi kayo sa akin at
mamamalagi sa inyo ang mga pananalita
ko, hingin ninyo ang anumang loobin n'yo
at magkakagayon sa inyo. 8 Sa ganito
pararangalan ang aking Ama: kapag
namunga kayo nang sagana at naging
mga alagad ko.
9 Kung paano ako minahal ng Ama,
gayon ko rin kayo minahal. Mamalagi
kayo sa pagmamahal ko. 10 Kung isasa-
katuparan ninyo ang mga kautusan ko,
mamamalagi kayo sa pagmamahal ko
kung paanong isinakatuparan ko ang
mga kautusan ng aking Ama at nama-
malagi sa kanyang pagmamahal.
11 Sinabi ko sa inyo ang mga ito upang
mapasainyo ang aking kagalakan at
maging ganap ang inyong kagalakan.
12 Ito ang kautusan ko: magmahalan kayo
kung paano ko kayo minahal. 13 Wala
nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-
aalay ng sariling buhay alang-alang sa
kanyang mga kaibigan.
14 Mga kaibigan ko kayo kung gina-

---

• **15.1** Sa pangalawang pagpapahayag ng pamamaalam, inaanyayahan tayo ni Jesus na manatiling tapat sa gitna ng mundo. Nahahati ang pagpapahayag sa apat na bahagi:
– ang talinhaga ng puno: Isinugo ko kayo upang mamunga.
– mamumuhi sa inyo ang mundo.
– ang gawain ng Espiritu Santo.
– *Sandali pa at makikita rin ninyo ako.*

Una, ang talinhaga ng puno. Ginamit ni Jesus ang isang paghahambing sa Biblia, ngunit binago niya ang dating kahulugan tulad ng ginawa niya sa pagsasalita tungkol sa Mabuting Pastol (Jn 10:1). Simbolo ng bayang Israel ang puno ng ubas. Itinanim mula sa piling binhi, inalagaan ng Panginoon at minarapat na mamunga ng katarungan (Mc 12:1). Ngunit pagdating ni Kristo, tapos na ang panahong kung saan kinatawan ng bayang Israel ang kaharian ng Diyos.

Ngayon, nagkaugat *ang tunay na puno.* Si Kristo ang puno kung saan umusbong ang mga sanga, tayo na nabubuhay sa kanya. Ngunit siya rin ang buong halaman, puno at sanga, dahil ang mga Kristiyano ay katawan ni Kristo.

Puno ng ubas dati ang buong bayan at naging mahalaga sa mga Israelita ang pagkilos ng komunidad bilang isang katawan. Hindi ang bawat isa ang mahalaga kundi ang Israel. Ngayon, hindi sinasabi ni Jesus: Ang Komunidad Kristiyano ang puno, ngunit: *Ako ang puno.* Kaya dapat pagnilayan ng bawat isa sa atin kung paano tayo nakakabit kay Jesus sa pamamagitan ng pananalig, panalangin at pagsasabuhay ng kanyang salita. Dapat *mamunga* ang bawat isa. Hindi inilista ni Jesus kung ano ang mga bungang ito: paglilingkod, pag-unawa, o kilos para sa katarungang panlipunan o tahimik na buhay na alay sa Diyos. Ngunit binibigyang-diin niya na dapat manggaling sa kanyang Espiritu ang bungang ito at matatakan ng kanyang sariling selyo. Hindi masusukat ang tagumpay ng Iglesya sa kanyang mga nakamit kundi sa pag-unlad ng mga taong may kamalayan ng hiwaga ng krus at muling pagkabuhay ni Jesus at nakikibahagi dito.

Pagkatapos linawin na tayo'y ganap na nababatay sa kanya, binabanggit muli ni Jesus ang utos ng pag-ibig. Mayroong kaayusan sa pagtatayo ng buhay Kristiyano.

Masabi man natin sa pasimula: Dapat nating mahalin ang ating kapwa sapagkat ito lamang ang utos, wala rin tayong makakamit. Sapagkat iba-iba ang pagkaunawa ng mga tao sa pag-ibig habang hindi pa natin nauunawaan ang pag-iisip ni Kristo. Hinihingi muna ni Kristo sa atin na makibahagi sa kanyang pag-iisip: ito ang kahulugan ng *isasakatuparan ninyo ang mga kautusan ko* (10). Kaya nagiging kaibigan niya tayo, at nakikilala siyang nagmamahal sa atin at kumikilos sa pamamagitan natin. At saka, tayo'y *nagbibigay ng* tunay na *bunga* ng pag-ibig na si Kristo ang pinagmulan.

gawa ninyo ang iniuutos ko sa inyo.
15 Hindi ko na kayo tinatawag na mga
lingkod sapagkat hindi alam ng lingkod
ang ginagawa ng kanyang panginoon.

Mga kaibigan naman ang turing ko sa
inyo sapagkat ipinagbibigay-alam ko sa
inyo lahat ng narinig ko mula sa aking
Ama.

16 Hindi kayo ang humirang sa akin;
ako ang humirang sa inyo at nagtalaga sa
inyo para humayo at mamunga, at
mamalagi ang inyong bunga. At ipagka-
kaloob sa inyo anumang hingin n'yo sa
Ama sa pangalan ko.

17 Iniuutos ko nga sa inyo: magmahalan
kayo.

**Ang napopoot sa mundo**

• 18 Kung napopoot sa inyo ang mundo,
alamin n'yo na sa akin muna ito napoot
bago sa inyo. 19 Kung kayo'y makamun-
do, inibig na sana ng mundo ang sariling
kanya. Ngunit dahil hindi kayo maka-
mundo kundi hinirang ko kayo mula sa
mundo kaya napopoot sa inyo ang
mundo.

20 Tandaan ninyo ang salitang sinabi ko
sa inyo: 'Walang lingkod na mas dakila sa
kanyang panginoon.' Di ba't inusig nila
ako? Uusigin din kayo. Tinupad ba nila
ang aking salita? Gayon din nila tutuparin
ang sa inyo. 21 Gagawin nila sa inyo ang
lahat ng ito dahil sa aking pangalan
sapagkat hindi nila nakikilala ang nagpa-
dala sa akin.

22 Kung hindi ako naparito at nangusap
sa kanila, wala sana silang kasalanan.
Ngunit ngayon, hindi nila mapagtatakpan
ang kanilang kasalanan.

23 Napopoot din sa aking Ama ang
napopoot sa akin. 24 Kung hindi ko ginawa
sa piling nila ang mga gawang wala pang
ibang nakagawa, wala silang kasalanan.
Ngayo't nakita nila'y kinapootan ako at
ang aking Ama. 25 Kaya magaganap ang
salitang nasusulat sa kanilang Batas:
*Napoot sila sa akin nang walang dahilan.*

**Darating ang Espiritu**

• 26 Pagdating ng Tagapagtanggol na
ipadadala ko sa inyo mula sa Ama, ang
Espiritu ng katotohanan na nagmumula
sa Ama, iyon ang magpapatunay tungkol
sa akin. 27 At magpapatunay din kayo
sapagkat kasama ko kayo mula sa
simula.

**16** 1 Sinabi ko sa inyo ang lahat ng
ito upang hindi kayo matisod at
mahulog. 2 Ititiwalag nila kayo sa kanilang
komunidad at may oras na sasapit na
aakalain ng sinumang papatay sa inyo na

---

• 18. Sa kabila ng pagbalik ni Jesus sa Ama upang pasimulan ang mas mabisa at mas malawak na presensya sa sangkatauhan, tuloy pa ring ginagamit ni Satanas ang kapangyarihang kanyang kinamkam. Itinutuon niya sa mga nananalig at sa Iglesya ang poot ng mga sakop niya: ang mga ito ay tinatawag sa Ebanghelyo ni Juan: *ang mundo*.

Pagkamuhi ng mundo ang kapalaran ng mga mananampalataya. Madalas mangyari na pagkasimula ng sinuman na maging mas matapat na tao sa mas tunay na Kristiyanong pamumuhay, agad siyang sinasalungat at kinagagalitan ng kanyang pamilya. Walang makaaalam kung ano ang pinagmumulan ng galit ngunit alam ng demonyo, siya na kumikilos upang mawalan tayo ng pag-asa.

Kahit na sa Iglesya, marami ang mga makamundo *na waring nag-aalay ng handog sa Diyos* (16:2), sa pag-uusig nila sa mga tunay na tagasunod ni Kristo. "Sa aba ninyo, kung kayo'y pinupuri ng lahat ng tao!" (Lc 6:26). Sinabi ito ni Jesus tungkol sa mga Kristiyanong sanay na makuha ang papuri ng mga mayayaman at pulitiko at maging ng makapang-yarihan din sa Iglesya. Hindi makita ng mga ito ang paggawa ng Espiritu ng Diyos sa mga may maba-bang-kalooban at kung minsan inuusig sila nang matindi. Tunay na *hindi nila kilala* si Kristo man o *ang Ama*.

Kung ang ating pag-asa ay di galing sa Diyos, manghihina tayo sa pagsubok; subalit kung galing sa Diyos, lumalakas tayo at nagtatagal. Sa talinhaga ng puno, sinabi ni Jesus: "Pinupungusan niya ang bawat namumunga upang higit pang mamunga" (2).

• 26. *ANG AMA, ANG ANAK AT ANG ESPIRITU SANTO*

Sa paggawa niya sa atin na mga anak ng Ama, ipinatutuklas ni Jesus sa atin ang malalim na hiwaga ng Diyos. Sa Diyos may pakikipag-isa ang tatlong per-sona: Ang Ama, ang Anak at ang iisang Espiritu nila.

Sinasabi nating iisang Espiritu, dahil nagpahayag

pag-aalay ito ng pagsamba sa Diyos. 3 At
gagawin nila ang mga ito dahil hindi nila
nakilala ang Ama ni ako. 4 Kaya naman
sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito upang
pagdating ng oras ay matandaan ninyong
sinabi ko sa inyo ang mga ito.

Hindi ko sinabi sa inyo ang lahat ng ito
mula sa simula sapagkat kasama ninyo
ako. 5 Ngayon nama'y papunta ako sa
nagpadala sa akin at wala sa inyong
nag-tatanong sa akin kung saan ako pa-
punta 6 kundi tigib ng lungkot ang inyong
puso dahil sinabi ko sa inyo ang lahat ng
ito.

7 Ngunit sinasabi ko sa inyo ang kato-
tohanan: makabubuti sa inyong ako'y
umalis sapagkat kung hindi ako aalis,
hinding-hindi darating sa inyo ang
Tagapagtanggol. Kung aalis naman ako,
ipadadala ko siya sa inyo. 8 At pagdating
niya, hihiyain niya ang mundo tungkol sa
kasalanan, sa daan ng pagkamatuwid at
sa paghatol.

9 Ito ang kasalanan: hindi sila nananalig
sa akin. 10 Ito ang daan ng pagkamatuwid:
sa Ama ako papunta at hindi na ninyo ako
mapapansin. 11 At hinatulan na ang pinu-
no ng mundong ito: ito ang paghatol.

12 Marami pa sana akong sasabihin sa
inyo pero hindi ninyo masasakyan nga-
yon. 13 Ngunit pagdating niya, ang Espi-
ritu ng katotohanan, ihahatid niya kayo sa
buong katotohanan.

Hindi siya mangungusap mula sa
ganang sarili kundi ang naririnig niya ang
ipangungusap niya at ang mga bagay na
darating ang ibabalita niya sa inyo. 14 Mula
sa akin siya tatanggap at magbabalita sa
inyo, at sa gayon niya ako luluwalhatiin.
15 Akin ang tanang sa Ama. Dahil dito
kaya ko sinabing 'Mula sa akin siya
tatanggap at magbabalita sa inyo.'

**Ang pangako ng bagong pamamalagi**

• 16 Sandali pa at hindi n'yo na ako
mapapansin, at sandali pa at makikita
ninyo ako."

17 At sinabi ng kanyang mga alagad sa
isa't isa: "Ano itong sinasabi niya sa atin:
'Sandali pa at hindi n'yo na ako mapa-
pansin, at sandali pa at makikita ninyo
ako' at 'Papunta ako sa Ama'?" 18 At

---

siya: *Ibibigay ng Ama sa inyo ang isang Tagapagtanggol* (14:16), at *ang Tagapagtanggol na ipadadala ko* (15:26). Ngayon, sinasabi niya: *Mula sa akin siya tatanggap at magbabalita sa inyo; ang tanang sa Ama ay akin* (16:15)

"Ang Espiritu" ay hindi lamang "pigura" ng tula: ito'y isang persona. Ipinaliwanag ito sa Jn 7:37 at 14:1.

Mula sa araw ng Pentekostes, nagsimulang kumilos ang Espiritu sa Iglesya, at ipinapakita na siya nga ang Espiritu ni Kristo. Inakala ng mga di-nananalig na mga Judio na kapanig nila ang Diyos, ngunit sa katotohanan hindi kumilos ang Espiritu nang ganoon sa piling nila. Kaya maliwanag na *may kasalanan* ang bayan (9) sa hindi nila paniniwala kay Kristo.

*Ilalantad niya sa daan ng pagkamatuwid"* (8). Si Jesus ang matuwid at ang mga taong matuwid ay yaong nananalig sa kanya sa kabila ng hindi pagkakita sa kanya (10).

Nasusulat sa Mga Gawa ng mga Apostol kung paanong kumilos ang Espiritu sa mga unang alagad ni Jesus. Higit pa sa pagbibigay sa kanila ng mahiwagang kapangyarihan, pinagkalooban sila ng tuwa, kapayapaan at pag-ibig, at matibay na katiyakang nasa kanilang piling si Jesus na muling nabuhay.

Pinapatnubayan ng Espiritu ang mga misyonero, pinagkakalooban silang gumawa ng himala. Binigyan ang mga nananalig ng kaalaman sa Diyos, ng kakayahang kumilos, magpagaling, maglingkod at magpabago sa mundong makasalanan. Sa buong kasaysayan, madadala ng Espiritu ang mga taong may matibay na pananalig, ang mga martir at propeta, at sa pamamagitan nila magbabagong-anyo ang mundo. Sa ganitong paraan, mabibigyang-matwid ang Manunubos, na parang natalo, at magiging malinaw na talunan si Satanas na *hinatulan na* (11). Napaalis ang masamang Espiritu, magaling na direktor ng makamundong palabas at nabawasan ang kanyang kapangyarihan. Isang bagong lakas, ang Espiritu, ang magtutuwid sa kasaysayan at papatnubay tungo sa ganap na katotohanan.

• **16.**6 *SI JESUS SA ATING PILING*

Nasa ating piling si Jesus, ngunit para matalos ang kanyang presensya kailangan natin ng pananalig. Sinabi niya: "Makikita ninyo ako sapagkat buhay ako at nabubuhay din kayo" (14:19). Hindi mahalaga na madama natin ang kanyang presensya, kundi makatagal tayo sa mga daan niya. Upang maging ganap ang ating pananalig, kailangang bawiin sa atin ang aliw ng kanyang presensya sa humigit kumulang na mahabang panahon: *sandali pa at makikita rin ninyo ako.*

Unang napatunayan ang salitang ito para sa mga

sinabi nila: "Ano ba itong sinasabi niyang
'sandali'? Hindi natin maintindihan ang
sinasabi niya."

19 Naintindihan ni Jesus na gusto nila
siyang tanungin kaya sinabi niya sa
kanila: "Nagtatanungan kayo tungkol dito
dahil sinabi kong 'Sandali pa at hindi n'yo
na ako mapapansin, at sandali pa at
makikita ninyo ako.'

20 Talagang-talagang sinasabi ko sa
inyo, iiyak kayo at tataghoy, at maga-
galak naman ang mundo. Maninimdim
kayo ngunit magiging kagalakan ang
inyong paninimdim. 21 Naninimdim ang
babaeng malapit nang manganak sapag-
kat sumapit na ang kanyang oras. Ngunit
pagkasilang sa sanggol, dahil sa galak ay
hindi na niya naaalaala ang kagipitan:
isang tao ang isinilang sa mundo.

22 Gayon nga rin kayo naninimdim
ngayon. Ngunit muli ko kayong makikita
at magagalak ang inyong puso, at
walang makaaagaw ng inyong kaga-
lakan sa inyo. 23 At sa araw na iyon, wala
na kayong itatanong sa akin sapagkat
talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na
ipagkakaloob sa inyo anumang hingin
ninyo sa Ama sa Ngalan ko. 24 Hanggang
ngayo'y wala pa kayong hiningi sa
ngalan ko. Humingi kayo at tatanggap
kayo upang maganap ang inyong kaga-
lakan.

25 Sa mga paghahambing ko ipina-
ngungusap sa inyo ang mga ito. Ngunit
may oras na sasapit na hindi na sa pagha-
hambing ako mangungusap sa inyo kundi
lantaran ko nang ihahayag sa inyo ang
tungkol sa Ama.

26 Sa araw na 'yon, sa ngalan ko kayo
hihingi; hindi ko sinasabi sa inyo na
makikiusap ako sa Ama alang-alang sa
inyo 27 pagkat iniibig kayo mismo ng Ama
dahil iniibig n'yo ako at pinaniniwalaang
sa Diyos ako galing. 28 Galing ako sa Ama
at dumating sa mundo. Muli kong iniiwan
ang mundo at papunta sa Ama."

29 Kaya sinabi ng kanyang mga alagad:
"Hayan, lantaran ka na ngayong nangu-
ngusap at hindi na sa paghahambing
nagsasalita. 30 Alam na namin ngayon na
alam mo ang lahat at hindi mo
kailangang may magtanong pa sa iyo.
Dahil dito kaya naniniwala kaming sa
Diyos ka galing."

31 Sumagot sa kanila si Jesus: "Nani-
niwala ba kayo ngayon? 32 Narito't may
oras na sumasapit at sumapit na upang
mangalat kayo – bawat isa sa sariling
kanya – at iiwan n'yo akong nag-iisa.
Ngunit hindi ako nag-iisa sapagkat
kasama ko ang Ama.

33 Sinabi ko sa inyo ang lahat ng ito
upang sa akin kayo magkaroon ng
kapayapaan. Kagipitan ang meron kayo
sa mundo pero lakasan n'yo ang loob –
napagtagumpayan ko ang mundo."

---

alagad sa oras ng kamatayan ni Jesus; pagkatapos nakita nila siyang muling nabuhay. Gayundin, mapatutunayan ang salita para sa atin sa huling panahon, kapag natagpuan natin ang maluwalhating Kristo na hinihintay nang may pananampalataya. Huwag magpakasiguro ang sinuman sa mga oras na ipinadama sa kanya ni Kristo ang kanyang presensya, halimbawa, kasunod ng isang pagbabagong-buhay, kapag ang lahat ay parang madali sa atin. Huwag nating maliitin ang mga kapatid na hindi pinagkalooban ng grasyang ating natanggap. *Sandali pa* baka tayo naman ang iiwan ng Panginoon sa kadiliman.

Magsisimula ang isang tunay na pagsasama sa pagitan ni Jesus at ng mga alagad niya pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay: ipahahayag niya sa kanila ang Ama; sila'y hihingi sa kanyang pangalan.

*Lantaran ko nang ihahayag sa inyo ang tungkol sa Ama* (25)... Binibigyan-diin at inihahambing ng simpleng tugon ng mga apostol sa b. 29 ang sinabi ni Jesus sa b. 25. Hindi ibig sabihin ni Jesus na babalik siyang muli upang magturo pa nang mas maliwanag at walang talinhaga kundi tinutukoy ni Jesus ang espirituwal na kaalaman tungkol sa kanya at sa kanyang salita na tatanggapin ng mga alagad mula sa Espiritu. Ito ang tunay na kaalaman na napakahigit kaysa pagtuturo sa pamamagitan ng salita.

*Sa ngalan ko kayo hihingi* (26). Malalaman ng mga nananalig na may tunay na kaalaman kay Jesus kung ano ang dapat nilang hingin at bibigyan sila nito. Ganoon din, malalaman nila ang mga bagay na ayaw ipagkaloob ng Diyos at dahil dito, hindi na nila gugustuhin o hihingin ang mga iyon.

**Panalangin ni Jesus para sa bagong bayang banal**

17 • [1]Pagkasabi ni Jesus ng mga ito,
tumingala siya sa langit at nagsabi:
"Ama, sumapit na ang oras. Luwalhatiin
mo ang iyong Anak upang maluwalhati ka
ng Anak [2]dahil ibinigay mo sa kanya ang
kapangyarihan sa bawat tao upang bigyan
niya ng buhay na magpakailanman ang
lahat ng bigay mo sa kanya. [3]Ito naman
ang buhay na magpakailanman: ang
makilala ka, ang tanging totoong Diyos at
si Jesucristong sinugo mo.

[4]Niluwalhati kita sa lupa; ginanap ko

---

• **17.**1 *ANG IISA AT BANAL*

*Pamparing Panalangin* ang itinatawag ng marami sa panalanging ito kung saan bago pa namatay si Kristo, nag-aalay siya ng kanyang buhay bilang pari at handog (19). Nagkaroon ng dalawang kahulugan ang salitang *pabanalin*. Pinabanal ng pari ang kanyang sarili: inihanda niya ang sarili upang makapaghandog. At pinabanal niya rin ang handog sa pagsakripisyo nito.

Tinatapos ni Jesus ang pagsamba sa Lumang Tipan na inilaan ng mga Judio kay Yawe sa loob ng mahabang panahon. Isang banal na bayan ang bayang iyon, ibig sabihin, ang kanilang sariling tungkulin sa gitna ng mga bansa ay maglingkod sa Banal na Diyos, na kanilang nakikilala bunga ng tanging pagtawag niya.

Ipinagdarasal ni Jesus ang kanya upang sila ang maging bagong banal na bayan, na pinabanal *sa katotohanan* (17). Dahil dito ipinagkaloob niya sa kanila ang Espiritu ng katotohanan na ipinangako sa Israel, na siyang magtuturo sa kanila mula sa kanilang kalooban.

*Ingatan mo sila sa iyong Pangalan* (11). Sa ibang salita: ingatan mo sa kaningningan at kapangyarihan ng iyong kabanalan, ang kabanalan na yumakap sa Anak. Sa oras na iyon, ipinagdarasal ni Jesus ang Iglesya, na pinagkakatiwalaan niya ng kanyang sariling misyon. Ang pagkilala sa Diyos ang magiging unang tungkulin ng Iglesya. (Pitong beses inuulit ang salitang "makilala" na ibig sabihin ay napakahalaga sa pagpapahayag na ito). Sa anumang panahon at kalagayan, ang angkop at di mapapalitang misyon ng Iglesya ay ang pagpapahalaga at pagpapahayag sa tunay na kaalaman sa Diyos at sa utos ng kanyang Anak.

Gusto rin ni Jesus na makakilala sa Diyos ang bawat kanya. Mapapasaatin ang kaalamang ito sa pagninilay ng salita ng Diyos, pagpapatuloy sa panalangin, at pakikibahagi sa mga pagdiriwang ng komunidad. Dito, ating makakamit ang tulong ng Espiritu Santo, na pinagmumulan ng mga kaloob (o karisma) na kaalaman at karunungan (Col 1:9). Mula sa kaalaman ay babalong ang mabubuting gawa at pag-ibig; ito ang simula ng *buhay na walang hanggan* (3) kung saan ating makikita ang Diyos ng harapan (1 Jn 2:3).

Nananalangin si Jesus na maging isa ang kanyang Iglesya, ibig sabihin, ito'y maging tanda ng pagkakaisa sa nahahating mundo. Hindi sapat na ipahayag si Kristo, kailangan ding makita ng mundo ang Iglesyang iisa at magkakabuklod.

*Iglesyang Katoliko,* ibig sabihin, *pangkalahatan,* dahil walang nakakaramdam na siya'y estranghero rito. Iglesya na iisa dahil iisang Espiritu at may nakikitang pagkakaisa ng mga kasapi.

Parang kabaligtaran ng panalangin ni Kristo ang kasaysayan ng Iglesya. Ginusto ni Jesus ng pagkakaisa, at inilalahad ng mga ebanghelista kung paano hinirang si Pedro bilang puno ng mga apostol at nang buong Iglesya. Ngunit nangangailangan ng dakilang pag-ibig at pang-unawa para mapanatili ang pagkakaisa ng mga taong iba't iba ang ugali at kultura.

Sa simula pa, marami na ang di-tumanggap ng pananampalatayang ayon sa turo ng mga apostol, at maraming grupo o sektang lumitaw.

Pagkatapos, sa makasaysayang dahilan, nahati sa dalawang malalaking imperyo ang mga bansa ng Romanong daigdig. Una, ang Oriente na nagtataglay ng Griyegong kultura at ang ikalawa, ang Occidente (Europa), kung saan isang bagong kultura ang lumitaw pagkatapos ng pananalakay ng mga taong barbaro. Kaya naging mahirap ang pagkikita at pag-uugnayan ng mga Kristiyano sa dalawang imperyong ito. Dahil isinabuhay nila ang iisang pananampalataya sa magkaibang tradisyon at pagsamba, nagsimulang isipin nila na magkaiba ang kanilang relihiyon. Ito ang dahilan ng paghihiwalay ng Orienteng Iglesya (Orthodox) sa Romanong Iglesya.

Nang lumaon naman, ang kapabayaan ng hirarkika na itigil ang mga abuso at kawalang-kaayusan ang naging okasyon ng paglitaw ng mga Protestante o "Evangelicals" na magtayo ng kanilang tinatawag na Iglesyang nareporma. Gayunpaman, may malalim na ugat pampulitika, panlipunan at pang-ekonomiya ang paghihiwalay na ito. Bahagi iyon ng isang krisis ng kultura na nagtulak sa mga Kristiyano na baguhin ang kanilang pananaw tungkol sa Biblia, pilosopiya at sa pulitika. Batay sa pananaw na ito sumapi sila sa Protestante o nanatiling Katoliko. Sa ating panahon, nagliliwanag na ang mga nakaraang punto ng di pagkakaunawaan. Nagsisikap ang maraming Katoliko, Orthodox at Protestante na mabuklod bilang isang bayang sumasampalataya.

Gayunpaman, mga bagong problema ang nakikita sa bawat Iglesya. Hindi lamang sa pulitika nahahati ang mga Kristiyano kundi sa kanilang pagkaunawa kay Kristo at sa kanilang pananaw kung paanong maipahahayag ang kanyang salita ngayon.

Kaya kailangan pa ngayon ang Ekumenismo, ang pagsisikap na magkaunawaan sa katotohanan at pagbuklurin ang mga Iglesya. Dapat nating magapi ang mga bagong pagtatalo na yumayanig sa panloob na pagkakaisa ng Iglesya. Dapat na kumilos tayong lahat para maganap ang pagkakaisa ng lahat ng Kristiyano tulad ng nais ni Kristo at sa mga paraang nais niya.

ang gawang bigay mo sa akin para traba-
huhin. 5 At ngayon, luwalhatiin mo ako,
Ama, at ibigay sa akin na katabi mo ang
luwalhating meron ako sa tabi mo bago
pa man nagkaroon ng mundo.

6 Ipinahayag ko ang pangalan mo sa
mga taong kinuha mo sa mundo at
ibinigay sa akin. Iyo sila at sa akin mo sila
ibinigay, at tinupad nila ang iyong salita.
7 Ngayon, nakilala na nila na sa iyo galing
ang lahat ng ibinigay mo sa akin. 8 Totoo,
ibinigay ko sa kanila ang mga pana-
nalitang ibinigay mo sa akin, at tinanggap
nila at kinilalang totoong sa iyo ako galing
at naniwala sila na ikaw ang nagsugo sa
akin.

9 Sila ang ipinapakiusap ko. Hindi ang
mundo ang ipinapakiusap ko kundi ang
mga ibinigay mo sa akin dahil iyo sila.
10 Iyo ang lahat sa akin at akin naman ang
iyo, at naluwalhati ako sa kanila. 11 Wala
na ako sa mundo ngunit nasa mundo pa
sila habang papunta ako sa iyo. Amang
banal, ingatan mo sila sa iyong Pangalan
na ibinigay mo sa akin upang maging isa
sila gaya natin.

12 Nang kasama nila ako, iningatan ko
sila sa iyong Pangalan na ibinigay mo sa
akin, at pinangalagaan ko sila at wala sa
kanilang napahamak liban sa nagpa-
hamak sa kanyang sarili upang maganap
ang Kasulatan. 13 At ngayon, papunta ako
sa iyo at sinasabi ko ang mga ito habang
nasa mundo upang maganap sa kanila
ang aking kagalakan.

14 Ibinigay ko sa kanila ang salita mo at
napoot sa kanila ang mundo sapagkat
hindi sila mula sa mundo gaya nang hindi
ako mula sa mundo. 15 Hindi ko ipinapaki-
usap na alisin mo sila sa mundo kundi
pangalagaan mo sila sa masama.

16 Hindi sila mula sa mundo gaya nang
hindi ako mula sa mundo. 17 Pabanalin mo
sila sa katotohanan. Katotohanan ang
salita mo. 18 Kagaya nang ako'y sinugo
mo sa mundo, sinusugo ko rin sila sa
mundo. 19 At alang-alang sa kanila'y
pinababanal ko ang aking sarili upang
pati sila'y pabanalin sa katotohanan.

20 Hindi lamang sila ang ipinapakiusap
ko kundi pati ang mga nananalig sa akin
sa pamamagitan ng kanilang salita.
21 Maging iisa sana ang lahat kung
paanong nasa akin ka, Ama, at ako'y
nasa 'yo. Mapasaatin din sana sila upang
maniwala ang mundo na ikaw ang nag-
sugo sa akin.

22 Ibinigay ko naman sa kanila ang
luwalhating ibinigay mo sa akin upang
maging isa sila gaya nang tayo'y iisa:
23 ako sa kanila at ikaw sa akin. Kaya
magaganap sila sa kaisahan, at maki-
kilala ng mundo na ikaw ang nagsugo sa
akin at minahal ko sila kung paanong
minahal mo ako.

24 Ama, sila ang ibinigay mo sa akin
kaya niloloob kong kung nasaan ako'y
makasama ko rin sila at mapansin nila
ang bigay mo sa aking kaluwalhatian ko
sapagkat minahal mo ako bago pa man
nagkaroon ng mundo.

25 Makatarungang Ama, hindi ka kilala
ng mundo; kilala naman kita at kilala rin
ng mga ito na ikaw ang nagsugo sa akin.
26 Ipinagbigay-alam ko sa kanila ang
Ngalan mo at ipinagbibigay-alam pa
upang mapasakanila ang pagmamahal
mo sa akin at ako ri'y mapasakanila."

### Ang pagdakip kay Jesus

**18** 1 Pagkasabi ni Jesus ng lahat ng
ito, lumabas siya kasama ang
kanyang mga alagad sa kabilang ibayo ng
sapa ng Kedron. May bukid doon at
pumasok siya roon at ang kanyang mga
alagad.

2 Alam din ni Judas na nagkakanulo sa
kanya ang lugar dahil doon malimit
magtagpo si Jesus at ang kanyang mga
alagad. 3 Kaya isinama ni Judas ang tropa
ng mga sundalo at mga bantay ng Templo
mula sa mga punong-pari at mga Pariseo,
at nagpunta sila roon na may mga sulo,
ilawan at armas.

[4] Alam ni Jesus ang lahat ng sasapitin
niya kaya lumabas siya at sinabi sa
kanila: "Sino'ng hinahanap ninyo?"
[5] Sumagot sila sa kanya: "Si Jesus na
taga-Nazaret." Sinabi niya sa kanila: "Ako
siya!" Naroon ding kasama nila si Judas
na nagkanulo sa kanya.

[6] At nang sabihin ni Jesus sa kanilang
"Ako siya!" napaurong sila at nabuwal sa
lupa. [7] Kaya muli niya silang tinanong:
"Sino'ng hinahanap ninyo?" Sinabi
naman nila: "Si Jesus na taga-Nazaret."
[8] At sumagot si Jesus: "Sinabi ko sa
inyong ako siya. Kaya kung ako ang hina-
hanap ninyo, pabayaan n'yong makaalis
ang mga ito."

[9] Ganito kailangang maganap ang
salitang sinabi niya: "Hindi ko iwinala isa
man sa mga ibinigay mo sa akin."

[10] May tabak si Simon Pedro, binunot
niya ito at tinaga ang utusan ng Punong-
pari at tinagpas ang kanang tenga nito.
Malko ang pangalan ng utusan. [11] Kaya
sinabi ni Jesus kay Pedro: "Ibalik mo ang
tabak sa sukbitan nito. Hindi ko ba
iinumin ang kalis na ibinigay sa akin ng
Ama?"

[12] Kaya dinakip si Jesus ng tropa, ng
kapitan at ng mga bantay ng mga Judio,
at iginapos siya. [13] At dinala muna nila
siya kay Annas na biyenan ni Caifas na
siya namang Punong-pari nang taong
iyon. [14] Ngayon, si Caifas ang nagpayo sa
mga Judio na mas makabubuting isang
tao ang mamatay alang-alang sa samba-
yanan.

[15] Sumusunod naman kay Jesus si
Simon Pedro at ang isa pang alagad. Dahil
kilala ng Punong-pari ang alagad na iyon,
nakapasok siyang kasabay ni Jesus sa
patyo ng Punong-pari. [16] Nakatayo naman
sa labas si Simon Pedro, sa may pintuan.
Kaya lumabas ang isa pang alagad na
kilala ng Punong-pari at kinausap ang
babaeng bantay sa pinto at pinapasok sa
loob si Pedro.

[17] Kaya sinabi kay Pedro ng dalagitang
bantay sa pintuan: "Di ba't isa ka rin sa
mga alagad ng taong ito?" Sumagot siya:
"Hindi ako!" [18] Nangakatayo naman ang
mga utusan at mga bantay, nagsiga sila at
nagpapainit dahil maginaw. Kasama
nilang nakatayo rin si Pedro at nagpa-
painit.

[19] Siniyasat si Jesus ng Punong-pari
tungkol sa kanyang mga alagad at
tungkol sa kanyang turo. [20] Sumagot sa
kanya si Jesus: "Lantaran akong nangu-
sap sa mundo. Lagi akong nagtuturo sa
sinagoga't sa Templo na pinagtitipunan
ng lahat ng Judio. Wala akong ipina-
ngusap nang palihim. [21] Ba't ako ang
tinatanong n'yo? Ang mga nakarinig sa
ipinangusap ko sa kanila ang tanungin
n'yo. Siguradong alam nila ang mga
sinabi ko."

[22] Sa pagsagot niya nang ganito, si-
nampal si Jesus ng isa sa mga bantay na
nakatayo roon at sinabi: "Ganyan ka ba
sumagot sa Punong-pari?" [23] Sinagot siya
ni Jesus: "Kung nangusap ako ng masa-
ma, patunayan mong masama; kung
mabuti naman, bakit mo ako pinagbuha-
tan ng kamay?"

[24] At nakagapos siyang ipinadala ni
Annas kay Caifas na Punong-pari.

[25] Ngayon, nakatayo naman si Simon
Pedro at nagpapainit. Kaya sinabi nila sa
kanya: "Di ba't isa ka rin sa kanyang
mga alagad?" Itinatuwa niya iyon at
sinabi: "Hindi ako." [26] Sinabi naman ng
isa sa mga utusan ng Punong-pari, na
kamag-anak ng tinagpasan ni Pedro ng
tenga: "Di ba't nakita kitang kasama
niya sa bukid?" [27] Ngunit muli itong
itinatuwa ni Pedro. At biglang tumilaok
ang tandang.

**Si Jesus sa harap ni Pilato**

• 28 Mula kay Caifas, dinala si Jesus sa
palasyo ng gobernador. Umaga na noon
at hindi sila pumasok sa palasyo para
makakain ng Hapunang Pampaskuwa,
kung hindi'y marurumihan sila ng lugar
na iyon. 29 Kaya nilabas sila ni Pilato at
tinanong: "Anong sakdal ang dala n'yo
laban sa taong ito?"

30 Sumagot sila: "Kung hindi gumaga-
wa ng masama ang taong ito, hindi sana
namin siya ipinaubaya sa iyo." 31 Kaya
sinabi sa kanila ni Pilato: "Kunin n'yo siya
at kayo ang humukom sa kanya ayon sa
inyong batas." Sinabi naman sa kanya ng
mga Judio: "Hindi ipinahihintulot sa amin
na humatol ng kamatayan."

32 Sa gayon magaganap ang salitang
sinabi ni Jesus tungkol sa kamatayang
ikamamatay niya.

33 Kaya muling pumasok si Pilato sa
palasyo, tinawag si Jesus at sinabi sa
kanya: "Ikaw ba ang hari ng mga Judio?"
34 Sumagot si Jesus: "Mula ba sa 'yo ang
salitang ito o may nagsabi sa 'yo tungkol
sa akin?" 35 Sumagot si Pilato: "Ako ba'y
Judio? Ipinaubaya ka sa akin ng mga
kalahi mo at ng mga punong-pari. Ano
ba'ng ginawa mo?"

36 Sumagot si Jesus: "Hindi sa mun-
dong ito galing ang pagkahari ko. Kung sa
mundong ito galing ang pagkahari ko,
makikibaka sana ang mga tauhan ko
upang hindi ako maipaubaya sa mga
Judio. Ngunit hindi nga dito galing ang
pagkahari ko."

---

• **18**.28. *KRISTONG HARI*

*Hindi sa mundong ito galing ang pagkahari ko* (36). Alalahanin natin ang nasabi na sa Lc 8:9. May tatlong kahulugan ang iisang salitang Hebreo: ang *Kaharian,* ang *pagkahari*, (na ang dignidad at karapatan ng hari), at ang *Paghahari,* na ang gobyerno ng hari.

Sa tugon ni Jesus kay Pilato, ang kahulugan ng salita ay hindi kaharian kundi pagkahari. Kaya isang malaking kamalian ang unawain ang mga salita ni Jesus nang ganito: "Nasa ibang mundo ang aking kaharian, kaya wala akong pakialam sa katarungan at sa mga panlipunang problema ng mundong ito," at isipin na naparito si Jesus upang bigyan ng "espirituwal" na kaligtasan ang mga sumasampalatayang "kaluluwa".

Gayundin, tulad ng sinabi ni Jesus: *Wala kang kapangyarihan sa akin kung hindi ibinigay sa iyo mula sa itaas* (19:11). Huwag sana nating unawain na tinanggap ng mga pinuno ang kanilang kapangyarihan mula sa Diyos at walang sinumang dapat kumilos upang palitan sila ng ibang hindi abusado at mas may kakayahan. Tingnan ang komentaryo sa Rom 13:1.

Bagamat nakatali ang mga kamay, waring hari si Jesus sa harapan ni Pilato na siyang nakakulong sa kanyang tungkulin at ambisyon. Si Jesus ay hindi hari *tulad ng mga nasa mundo,* dahil wala siyang uri ng kapangyarihan na sumusupil sa mga tao. Hindi naparito ang *hari ng mga Judio*, upang muling itatag ang malayang kaharian ng Israel, kundi simulan ang *Kaharian ng Katotohanan*, mahal na bansang walang hangganang ipinangako ng Diyos sa kanila sa loob ng mahabang panahon.

Ngunit hindi sa pamamagitan ng armas umuunlad ang katotohanan, kundi dahil sa pagpapatotoo ng mga namumuhay ayon sa katotohanan. Kadalasang inuusig ang mga saksi ng katotohanan ngunit hindi sila ang nang-uusig sa iba.

*Hindi sa mundong ito galing ang aking pagkahari.* Kaiba si Jesus sa mga nasa kapangyarihan na naitalaga dahil sa puwersa o eleksyon. Isinugo siya at hinirang ng Ama.

Sa kabilang dako, itinalaga si Pilato ng Emperador ng Roma, bunga ng kanyang ambisyon at ng pagtangkilik sa kanya. Papaanong *magkakaroon* ang gayong tao *ng kapangyarihan* sa Anak ng Diyos at ipako siya dahil sa takot sa mga Judio kung hindi upang matupad lamang ang isang pasya *mula sa itaas*? Tunay, wala kahit isang maya ang mahuhulog sa lupa kung ito'y di-pinayagan ng Ama.

Hindi papayagan ng Diyos na sirain ng isang taong nilikha ang destino ng kanyang mga anak. Nililingap niya ang bawat isa sa atin sa paraang kahit na pang-aabuso na ginagawa sa atin ay nagagamit sa kanyang plano para sa ating kabutihan. Depende talaga ang tadhana natin sa Ama at sa makataong kapangyarihan din, kaya dapat tayong maniwala na ginagamit ng Diyos ang kanilang mga pasya upang isakatuparan ang kanyang plano kahit na nanggagaling *sa daigdig na ito* ang kanilang kapangyarihan, ibig sabihin, hindi tunay at dapat pagdudahan.

Napilitan lamang na ikondena ni Pilato si Jesus. Dahil pinahirapan at walang kahihiyang inabuso ang mga Judio, natatakot siya sa mga reklamong gagawin ng mga ito kay Cesar na laban sa kanya. Kaya mayroon siyang kasalanan. Pero, para sa kanya, kamatayan lamang ng isa pang Judio ang kamatayan ni Jesus: hindi siya ang nagtataglay ng buong kasalanan, dahil ang gayong katarungan ay bunga ng sistemang kolonyal ng Roma.

*Mas malaki* naman *ang kasalanan* ni Caiaphas, ang Punong Pari (11). Kumondena siya kay Jesus sa

37 Kaya sinabi sa kanya ni Pilato: "Eh di
hari ka nga?" Sumagot si Jesus: "Sinasabi
mong hari nga ako. Para rito ako isinilang
at dahil dito kaya ako dumating sa
mundo: upang magpatunay sa katotoha-
nan. Nakikinig sa tinig ko ang bawat
makatotohanan." 38 Sinabi sa kanya ni
Pilato: "Ano ang katotohanan?"
Pagkasabi nito, lumabas siyang muli sa
mga Judio at sinabi sa kanila: "Wala
akong matagpuang krimen sa kanya.
39 May kaugalian kayo na pinalalaya ko sa
inyo ang isang tao sa araw ng Paskuwa.
Kaya gusto n'yo bang palayain ko sa inyo
ang Hari ng mga Judio?" 40 At muli silang
nagsigawan: "Hindi siya kundi si Barab-
bas!" Si Barabbas ay tulisan.

**19** 1 Kaya ipinakuha noon ni Pilato
si Jesus at ipinahagupit. 2 Pagka-
pulupot naman ng mga sundalo ng isang
koronang tinik, ipinutong ito sa kanyang
ulo at binalabalan siya ng kapang pulang-
panghari, 3 at nilapitan siya at sinasabing
"Mabuhay ang Hari ng mga Judio." At
pinagsasampal nila siya.
4 Nang muling lumabas si Pilato, sinabi
niya sa mga Judio: "Narito't inilalabas ko
siya sa inyo upang malaman n'yong wala
akong matagpuang krimen sa kanya."
5 Kaya lumabas si Jesus, suot ang tini-
kang korona at ang kapang pulang-pang-
hari. Sinabi sa kanila ni Pilato: "Hayan ang
Tao!"
6 Kaya nang makita siya ng mga
punong-pari at mga bantay, nagsigawan
sila: "Ipako sa krus! Ipako sa krus!" Sinabi
sa kanila ni Pilato: "Kunin n'yo siya at
kayo ang magpako sa krus dahil wala
akong matagpuang krimen sa kanya."
7 Sumagot sa kanya ang mga Judio: "May
Batas kami at ayon sa Batas ay dapat
siyang mamatay sapagkat ginawa niyang
Anak ng Diyos ang kanyang sarili."
8 Nang marinig ni Pilato ang salitang
ito'y lalo siyang natakot. 9 Pumasok
siyang muli sa palasyo at tinanong si
Jesus: "Tagasaan ka ba?" Wala namang
isinagot si Jesus sa kanya. 10 Kaya sinabi
sa kanya ni Pilato: "Hindi ka ba maki-
kipag-usap sa akin? Hindi mo ba alam na
may kapangyarihan akong palayain ka at
may kapangyarihan ding ipapako ka sa
krus?"
11 Sumagot si Jesus: "Wala kang
anumang kapangyarihan sa akin kung
hindi ito ibinigay sa iyo mula sa itaas.
Kaya mas mabigat ang kasalanan ng
nagpaubaya sa akin sa iyo."
12 Mula noo'y hinangad ni Pilato na
palayain siya. Nagsisisigaw naman ang
mga Judio: "Kung palalayain mo siya,
hindi ka kaibigan ng Cesar. Nagsasalita
laban sa Cesar ang sinumang guma-
gawang hari sa kanyang sarili!"
13 Nang marinig ni Pilato ang mga
salitang ito, ipinadala niya sa labas si
Jesus at pinaupo sa luklukan, sa lugar na
tinatawag na Lithostrotos, na sa Hebreo'y
*Gabbatha*.
14 Paghahanda noon ng Paskuwa,
magtatanghaling-tapat ang oras. Sinabi
niya sa mga Judio: "Hayan ang inyong
Hari!" 15 Kaya nagsigawan ang mga iyon:
"Alisin, alisin, ipako siya sa krus!" Sinabi
sa kanila ni Pilato: "Ipapako ko ba sa
krus ang inyong Hari?" Sumagot ang
mga punong-pari: "Wala kaming hari
liban sa Cesar." 16 Kaya noo'y ipinaubaya
siya ni Pilato sa kanila upang ipako sa
krus.

---

sadyang paninirang-puri sa mga gawa at salita ni Jesus.

*Wala kaming hari liban kay Cesar* (15). Ito ang isinigaw ng mga tao sa paghimok ng kanilang mga pinuno kahit na kinamumuhian nila ang mga Romano at ang emperador. Sa katunayan, mga ilang taon pa't wala na silang ibang hari liban kay Cesar at ang haring ito ang pupuksa sa kanila.

Nais iligtas ni Pilato ang buhay ng bilanggo nang ipakita sa kanila ang abang kalagayan ni Jesus. Ngunit sinugatan niya ang pagmamalaki ng mga Judio: ang isang inabang Kristong Hari – ito'y hindi nila matatanggap.

**Ipinako si Jesus sa Krus**

Kinuha nila si Jesus. 17 Siya mismo ang
nagpasan ng krus at lumabas tungo sa
lugar ng kung tawagi'y Pook ng Bungo, na
sa Hebreo'y *Golgotha.* 18 Doon nila siya
ipinako sa krus, at kasama niya ang dala-
wang iba pa sa magkabila, nasa gitna
naman si Jesus.

19 Ipinasulat din ni Pilato ang karatula at
ipinalagay sa krus. Nasusulat: *Jesus na
taga-Nazaret, ang Hari ng mga Judio.*
20 Marami sa mga Judio ang nakabasa sa
karatulang ito dahil malapit sa lunsod ang
lugar na pinagpakuan sa krus kay Jesus,
at nasusulat iyon sa Hebreo, Latin at
Griyego.

21 Kaya sinabi kay Pilato ng mga
punong-pari ng mga Judio: "Huwag mong
isulat 'ang Hari ng mga Judio' kundi 'Ito
ang nagsabing "Hari ako ng mga Judio"'."
22 Sumagot si Pilato: "Ako ang sumulat at
nakasulat na."

23 Nang maipako ng mga sundalo si
Jesus sa krus, kinuha nila ang kanyang
mga damit at pinaghati sa apat – tig-
isang bahagi sa bawat sundalo – at ang
tunika. Ngayon, walang tahi ang tunika
at hinabi nang buo mula taas. 24 Kaya
pinag-usapan nila: "Huwag natin itong
punitin kundi pagsapalaranan natin kung
mapapakanino." Gayon kailangang ma-
ganap ang Kasulatan: *Pinagbaha-bahagi
nila sa kani-kanila ang aking mga
damit, at pinagpalabunutan ang aking
suot.* Ito nga ang ginawa ng mga sun-
dalo.

**Mga huling wika ni Jesus**

• 25 Nangakatayo naman sa tabi ng
krus ni Jesus ang kanyang ina at ang
kapatid na babae ng kanyang ina, si Maria
ni Cleofas at si Maria Magdalena. 26 Kaya
pagkakita ni Jesus sa Ina at sa alagad na
mahal niya na nakatayo sa tabi, sinabi
niya sa Ina: "Babae, hayan ang anak mo!"
27 Pagkatapos ay sinabi naman niya sa
alagad: "Hayan ang iyong ina." At mula sa
oras na iyon, tinanggap siya ng alagad sa
kanyang tahanan.

• 28 Pagkaraan nito, alam ni Jesus na
ngayo'y natupad na ang lahat. Ngunit
kailangang maganap ang Kasulatan, at
sinabi niya: "Nauuhaw ako!" 29 May si-
sidlan doon na puno ng maasim na alak.
Kaya ikinabit nila sa isopo ang isang
esponghang ibinabad sa alak at idiniit sa
kanyang bibig. 30 Pagkasipsip ni Jesus ng
alak, sinabi niya: "Natupad na!" At

---

• **19**.25. *ANG INA NG MGA SUMASAMPALATAYA*

Kasama ni Adan si Eba sa pagkakadapa ng Sangkatauhan. Ngayon, sa oras ng kaligtasan, ang pangalawang paglikha, isang babae ang kasama ng Anak ng Tao, ang pangalawang Adan. Si Maria ay wala nang asawa o anak na maaaring tumanggap sa kanya, at para sa mga Judio parang isinumpa ang babaeng naiwan na mag-isa. Kaya ipinagkakatiwala ni Jesus si Maria kay Juan at gayon din ipinagkakatiwala si Juan kay Maria. Nagpapatotoo si Juan na narinig niya ang mga salitang ito. Tingnan na isinulat niya: Sinabi *ni Jesus sa Ina* at hindi "sa kanyang ina". Ito ang isa pang makahulugang kilos ni Jesus: si Maria ang magiging ina ng mga sumasampalataya.

Sa huling kilos na ito ni Jesus, nakakakita ang Iglesya ng isang katotohanan ng Kristiyanong buhay: ang nananalig ay nagiging miyembro ng isang pamilyang espirituwal. Nangangailangan ang bata ng ama at ina sa kanyang paglaki. Gayundin, kailangan ng sumasampalataya ang isang inang Maria at ang Ama sa langit. Ito'y di-mababagong pangangaral ng Iglesya na hindi naman ginagawang kapantay ng nilikha ang Lumikha. Ang sumasampalatayang *tumanggap kay Maria* sa kanyang bahay, tulad ni Juan, ay hindi magiging isang makitid ang isip o mapait ang damdamin tulad ng ulila na nawalan ng pag-ibig ng ina. May kababaang-loob, tuwa at kapayapaan, sa tamang debosyon ang mga nasa Iglesyang Katoliko, na nalalaman kung paano buksan ang pinto kay Maria habang hindi naman itinataboy si Kristo.

• 28. *Ako'y nauuhaw.* Napahirapan si Jesus ng uhaw. Ngunit nauuhaw din siya sa pagganap sa kaharian ng Ama sa mundo. Nauuhaw din sa di-makasariling pag-ibig ng mga taong nakikibahagi sa kanyang malalim na damdamin, na magnanais na sumunod sa kanya hanggang sa Krus.

*Natupad na.* Ininom ni Jesus ang kopa ng hapis at paghihirap hanggang sa huling patak. Sa kanyang

pagkayuko ng ulo'y ibinigay ang espiritu.

**Sinibat ang kanyang tagiliran at may umagos na dugo at tubig**

• 31 Dahil paghahanda noon, ayaw ng mga Judio na mamalagi sa krus ang mga katawan sa Araw ng Pahinga sapagkat dakilang araw ang Araw na iyon ng Pahinga. At ipinakiusap nila kay Pilato na baliin ang mga binti ng mga nasa krus at saka alisin.

32 Kaya pumaroon ang mga sundalo.
Binali nila ang mga binti ng una at ng isa
pang kasama niyang ipinako sa krus.
33 Ngunit pagsapit nila kay Jesus, nakita
nilang patay na siya kaya hindi nila binali
ang kanyang mga binti. 34 Gayunma'y
sinibat ng isa sa mga sundalo ang kanyang tagiliran, at biglang may umagos na
dugo at tubig. 35 Ang nakakita ang nagpapatunay at totoo ang kanyang patunay. At Siya ang nakaaalam na totoo ang sinasabi niya para maniwala kayo.

36 Gayon kailangang maganap ang Kasulatan: *Walang babaliin sa kanyang
mga buto.* 37 At sinasabi ng isa pang Kasulatan: *Pagmamasdan nila ang kanilang sinibat.*

• 38 Pagkatapos ay nakiusap kay Pilato si Joseng taga-Arimatea – alagad nga siya ni Jesus pero palihim dahil sa takot sa mga Judio – upang maalis niya ang katawan ni Jesus. At pinahintulutan siya ni Pilato. Kaya pumaroon siya at inalis ang katawan niya.

39 Pumaroon din si Nicodemo, ang pu-

---

kamay inilagay iyon ng Ama upang siya'y maging ang Tagapagligtas na kailangan natin. *Natupad na* ang Gawa ng Anak ng Diyos na naparito sa lupa para gumawa ng isang bagong paglikha sa sanlibutan. *Natupad na* ang makalupang pag-iral ng Anak ng Diyos, at mula sa binhing ipinunla sa lupa ay sisibol ang Bagong Tao.

Natupad na ang mga panahon ng Judiong relihiyon, panahon ng paghahanda nang naghari ang Batas at kailanma'y di-nawawala ang takot sa kasalanang hindi pa napapatawad. Natupad na ang isang bahagi ng kasaysayan, kung saan nadala ng takot ang buong sangkatauhan at dinamdam ang pagsailalim nito sa isang kapalaran na isang uri ng pagkaalipin sa Masamang Espiritu.

Ngayon nagsisimula ang bagong panahon ng kasaysayan, na panahon ng Bagong Tipan ng Diyos sa tao. Ipagkakaloob sa Iglesya ang Espiritu at ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Juan: *ibinigay niya ang espiritu,* (30) ibig sabihin, ibinibigay niya ang Espiritu sa atin.

• 31. *ANG KABANAL-BANALANG PUSO*

Sa kamatayan ni Jesus gaya ng sa kanyang buhay may mga detalye na nagpapaunawa sa atin sa kanyang sakripisyo, batay sa inilarawan sa Lumang Tipan.

Ang pagtusok sa puso ni Jesus ang pagkakataon na talagang napatunayan ang salita ni Propeta Zacarias: *Pagmamasdan nila ang kanilang sinibat* (Zac 12:10). Itinala din ni Juan ang alituntunin ng Batas tungkol sa Korderong Pampaskuwa: *Walang babaliin sa kanyang mga buto* (Ex 12:46). Natupad din ito sa kamatayan ni Jesus, ang tunay na handog na pumalit sa Korderong Pampaskuwa.

*Umagos ang dugo at tubig.* Naniniwala ang mga Judio na sa pamamagitan lamang ng dugo ng mga handog makakamit nila ang patawad ng Diyos. Sa matulaing pagsasalita, una si Juan at pagkatapos ang Iglesya, ang nagsasabi na mula sa bukas na dibdib ni Kristo dumaloy ang sakramento ng Bautismo at Eukaristiya, tubig at dugo. Mula sa krus, dumadaloy sa atin ang patawad at bagong buhay.

Nag-aanyaya sa atin ang bukas na puso ni Jesus upang matuklasan ang malakas, nakatago at mahiwagang pag-ibig niya. Mararanasan ng mga alagad ni Jesus ang unti-unting paglalaho ng kanilang alaala at damdamin sa takbo ng panahon; ngunit mapatutunayan din nila na walang salita, gawa o kahit na katahimikan ni Jesus na hindi nanggagaling sa pag-ibig niya sa Ama. Mula sa bukas na puso ni Jesus sa krus nagmumula ang ating debosyon sa Kabanal-banalang Puso ni Jesus. Huwag tayong paakit sa magagandang pananalita o pagtatalo tungkol sa pananalig; mas makabubuting pagnilayan natin ang pag-ibig ng Diyos; hayaang baguhin tayo nito, upang maging tulad niya.

• 38. Kamamatay pa lamang ni Jesus sa gitna ng dalawang salarin at dalawang Pariseo ang nagmamalasakit magbigay sa kanya ng karapat-dapat na libing. *Dumating kay Pilato si Jose ng Arimatea* dahil walang kakayahan ang mga alagad na lapitan ang Romanong gobernador. Mga *palihim* na alagad sina Jose at Nicodemus. Dahil nakiisa si Jesus sa mga pangkaraniwang tao, nahirapan ang mga nasa itaas ng lipunan na makiisa sa grupo. May halimbawa dito ng di maiiwasang resulta ng pag-eebanghelyo na may pagkiling sa mga mahihirap.

*May hardin* (41). Dating tibagan ng bato ang lugar ng pagpapako sa krus, na malapit sa bakod ng Jerusalem. May mga puntod na hinukay sa mga gilid at sa gitna ay may hardin. Sa kalagitnaan ng hardin mayroong batuhan na mga apat na metro ang taas. Ito'y

maroon kay Jesus nang gabi noong una,
may dala siyang pinaghalong mira at
aloe, na mga sandaan libra. 40 Kaya
kinuha nila ang katawan ni Jesus at
binalot iyon sa telang linen kasama ang
mga pabango, gaya ng kaugalian ng mga
Judio sa paglilibing. 41 Ngayon, may
hardin sa lugar na pinagpakuan sa kanya
at sa hardin nama'y may libingang bago
na wala pang nailalagay roon. 42 Kaya
dahil Paghahanda ng mga Judio at dahil
malapit ang libingan, doon nila inilagay si
Jesus.

**Nabuhay ang Panginoon**

20 • 1 Ngayon, pagkatapos ng Araw
ng Pahinga, habang madilim pa,
maagang pumunta sa libingan si Maria
Magdalena. Nang makita niyang tanggal
ang bato mula sa libingan, 2 patakbo
siyang pumunta kay Simon Pedro at sa
isa pang alagad na mahal ni Jesus. Sinabi
niya sa kanila: "May kumuha sa Pangi-
noon mula sa libingan at hindi namin alam
kung saan nila siya inilagay."

3 Kaya lumabas si Pedro at ang isa pang
alagad, at pumunta sa libingan. 4 Sabay
na tumakbo ang dalawa. Ngunit mas
mabilis tumakbo kay Pedro ang isa pang
alagad at unang nakarating sa libingan.
5 Pagkayuko niya'y nakita niyang nakala-
tag ang mga telang linen pero hindi siya
pumasok.

6 Dumating namang kasunod niya si
Simon Pedro at pumasok sa libingan.
Napansin niya ang mga telang linen na
nakalatag 7 at ang panyo namang naka-
talukbong sa ulo niya ay di kasama sa
mga telang linen na nakalatag kundi
hiwalay na nakabilot sa mismong lugar
nito. 8 Pumasok noon ang isa pang ala-
gad, ang unang nakarating sa libingan, at
nakita niya at siya'y naniwala. 9 Sapagkat
hindi pa nila alam ang Kasulatan na
kailangan siyang magbangon mula sa
mga patay. 10 Kaya bumalik pauwi ang
mga alagad.

• 11 Nakatayo namang umiiyak sa
labas si Maria sa may libingan. Sa kan-

---

tinatawag na Kalbaryo at sa ibabaw niyon nakataas ang mga krus.

• **20.**1 Dalawang araw pagkatapos ng libing, napatunayan na lumabas nang buhay si Jesus mula sa libingan. Ang muling pagkabuhay ay naganap sa unang araw ng linggo, na mula noo'y tatawaging Araw ng Panginoon, o Linggo.

Sa Ebanghelyo ni Lucas, pagkatapos ng muling pagkabuhay, tinutulungan ni Jesus ang mga alagad na pagtibayin ang kanilang paniniwala at pag-asa. Dito, tahimik na pinagmamasdan ng mga alagad ang muling nabuhay na Panginoon. Nagpapakita si Jesus kay Maria na hindi naman nakakakilala sa kanya. Nang pumaroon siya sa gitna ng mga alagad, kailangang ipakita niya ang sugat upang patunayan na siya nga ang namatay. Nasa piling nila si Jesus, nang may nabagong anyo. Nagbagong-anyo ang kanyang espirituwal na katawan, na nagpapatunay ng tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan.

*Dumating si Pedro.* Maraming teksto ang nagtala na sumaksi si Pedro sa walang lamang libingan at kay Jesus na muling nabuhay (Lc 24:12 at 24:24; 1 Cor 15:5). Nababatay ang ating pananampalataya sa pagpapatotoo ng mga apostol at lalo na sa pagpapatotoo ng pinuno ng mga apostol.

*Nakita niya ang mga telang lino* (6). Ang telang lino ay parang kumot na mga apat na metro ang haba, nakasapin sa likod ng katawan mula paa hanggang ulo at gayon din sa ibabaw ng katawan mula ulo hanggang paa. Nababalutan naman ang ulo ng patay ng isang panyo.

Naroon ang tela sa pinaglagyan ng katawan subalit wala ang katawan sa loob. Ang panyo na nilulon nang nakatayo ay nanatiling gayon ang ayos.

Hindi binawi ni Jesus ang kanyang makalupang katawan. Isinilang siyang muli para sa Diyos na gaya ng sinabi sa Salmo 100 (tingnan Lc 20:36). Kaya sa pagbanggit sa katawan ng muling nabuhay na Jesus, tinutukoy natin ang di-makikita at di-mararanasan habang nasa mundo tayo. Kung may pangitain ang sinuman (at kahit na tunay ang pangitain) isang larawan lamang ni Jesus (o ni Maria) ang nakita niya.

• 11. *Huwag mo na akong pigilin, sapagkat hindi pa ako nakaaakyat sa Ama* (17). Bago siya namatay, hindi ipinagbawal ni Jesus ang marubdob na damdamin at kilos ni Maria. Ngunit hindi na angkop ang pamilyar na kilos ng babaeng gustong hawakan ang kanyang Panginoon.

Siya na ngayon ang Muling Nabuhay at bagamat pinayagan niyang makita siya ng mga alagad ng mga ilang araw, nasa Luwalhati na siya ng Ama. Dapat na nilang kalimutan ang pisikal na presensya ni Jesus na

yang pag-iyak, yumuko siyang naka-
tanaw sa libingan. 12 At may napansin
siyang dalawang anghel na nakaputi na
nakaupo, isa sa may ulunan at isa sa may
paanan ng pinaglagyan ng katawan ni
Jesus.

13 Sinabi sa kanya ng mga iyon: "Ale,
bakit ka umiiyak?" Sinabi niya sa kanila:
"May kumuha sa Panginoon ko at hindi ko
alam kung saan nila siya inilagay." 14 Pag-
kasabi niya nito, tumalikod siya at napan-
sin niya si Jesus na nakatayo pero hindi
niya nakilalang si Jesus iyon.

15 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ale, bakit
ka umiiyak? Sino'ng hinahanap mo?" Sa
pag-aakala niyang iyon ang hardinero,
sinabi niya sa kanya: "Ginoo, kung kayo
ang nagdala sa kanya, sabihin n'yo sa akin
kung saan n'yo siya inilagay at kukunin ko
siya."

16 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Maria!"
Pagharap niya'y sinabi niya sa kanya sa
Aramaiko: "Rabbouni!" (na ibig sabihi'y
Guro). 17 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Huwag
kang humawak sa akin sapagkat hindi pa
ako nakaaakyat sa Ama. Puntahan mo
ang mga kapatid ko at sabihin sa kanila:
'Paakyat ako sa Ama ko at Ama ninyo, sa
Diyos ko at Diyos ninyo.'"

18 Pumunta si Maria Magdalena na
ibinabalita sa mga alagad: "Nakita ko ang
Panginoon." At sinabi niya ang mga sinabi
sa kanya."

• 19 Agaw-dilim na noon sa unang araw
na iyon ng sanlinggo at nakasara ang mga
pinto sa kinaroroonan ng mga alagad dahil
sa takot sa mga Judio, dumating si Jesus
at pumagitna. At sinabi niya sa kanila:
"Kapayapaan sa inyo!"

20 Pagkasabi nito, ipinakita niya sa
kanila ang mga kamay at ang tagiliran.
Kaya nagalak ang mga alagad pagkakita
sa Panginoon.

---

lubha nilang nakasanayan. Yayakap kay Jesus ngayon ang mga tagasunod, o mga kapatid at nagmamahal sa kanya sa lihim at kahanga-hangang paraan kapag lumago sa kanila ang panalangin at pananalig. Sa gayon, mayayakap ang buong Kristo ng kaluluwang mapagmahal, na inilalarawan ni Maria (tingnan ang Awit 3:4).

*Hindi pa ako nakaaakyat sa Ama.* Ipinahahayag ni Jesus ang dakilang adhikain ng kanyang buhay. Nanggaling siya sa Diyos at dapat bumalik sa Ama. Ito ang "pinakadakilang pag-ibig sa mundo": Diyos Ama ang pinagmulan at hantungan ng lahat ng pag-ibig. Tingnan ang komentaryo sa Mateo 19:16.

Hindi nagkataon lamang na inulit nang pitong beses ang salitang *Panginoon*, ang huli ay binanggit ni Tomas: *Panginoon ko at Diyos ko ikaw.* Ito ang paniniwala ng Iglesya.

Ipapakita pa ni Jesus ang kanyang sarili sa kanyang mga alagad nang ilang araw upang patibayin ang paniniwala nila. Pero dapat na matuto silang makilala si Jesus hindi na sa paningin kundi sa pananampalataya. Dapat nating makilala at sundan si Jesus sa liwanag ng pananampalataya, sa kalungkutan o tuwa, upang mapasama tayo sa mga pinagpala ni Jesus: *Mapapalad ang mga hindi nakakita at naniniwala* (29).

• 19. Sa unang paglikha, binigyang-hininga ng Diyos ang tao, gayon din ang hininga ni Kristo ay nagkakaloob ng buhay sa bagong espirituwal na paglikha. Si Kristong namatay upang gapiin ang kasalanan ng mundo ay nag-iiwan sa kanyang mga alagad ng kapangyarihang magpatawad.

Natupad na ang pag-asa ng bayan ng Biblia. Pinangunahan sila ng Diyos sa paraang namalayan nila ang pangkalahatang presensya ng kasalanan; kaya nag-alay sila ng mga hayop sa Templo nang walang tigil upang maglubag ang kalooban ng Diyos. Ngunit hindi pumuksa sa kasalanan ang ilog ng dugo. Bago ipagdasal ng mga pari ang kanilang kapwa, nag-alay din sila ng sakripisyo para sa kanilang sariling kasalanan. Hindi makalinis ng puso o magkaloob ng Espiritu Santo ang mga seremonya at ritwal.

Pero ngayon, sa persona ni Jesus na muling nabuhay, nagsimula na ang bagong mundo. Kahit na manatili ang sangkatauhan sa kasalanan, ang una sa mga anak, ang panganay sa magkakapatid, ay ganap na nakikibahagi sa banal na buhay ng Diyos.

Higit na nahihirapan ang mga nagsisikap sa buhay espirituwal dahil namamalayan nila ang pangkalahatang presensya ng kasalanan. Malaking kalungkutan nila ang hindi pa ganap na paglaya sa kasalanan. Kaya kinikilala ang kapatawaran ng kasalanan bilang ang dakilang kalooban ng Diyos sa Iglesya.

Ang kakayahang magpatawad ay ang tanging makapagpapalaya sa sangkatauhan sa kanyang malalaking salungatan. Kahit na di-madaling pumasok ito sa puso, ito'y isang napakahalagang sikreto at dapat isaalang-alang ng Iglesya bilang kanyang espesyal na yaman.

Hindi marunong magmahal ang hindi marunong magpatawad. Sa pagpapakita sa atin ng kasalanan

[21] At muli niyang sinabi sa kanila: "Ka-
payapaan sa inyo! Kung paanong isinugo
ako ng Ama, ipinadadala ko rin kayo."
[22] At pagkasabi nito, hiningahan niya sila
at sinabi: "Tanggapin ang Espiritu Santo!
[23] Patatawarin ang mga kasalanan ninu-
man na inyong patawarin at pananatiliin
naman sa sinuman ang inyong pana-
tiliin."

[24] Hindi nila kasama si Tomas na tina-
guriang Kambal, na isa sa Labindalawa,
nang dumating si Jesus. [25] Kaya sinabi sa
kanya ng iba pang mga alagad: "Nakita
namin ang Panginoon!" Sinabi naman
niya: "Maliban lamang na makita ko sa
kanyang mga kamay ang tatak ng mga
pako at maipasok ang aking daliri sa
pinaglagusan ng mga pako at maipasok
ang aking kamay sa tagiliran niya,
hinding-hindi ako maniniwala!"

[26] Makaraan ang walong araw, muling
nasa loob ang kanyang mga alagad at
kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus
habang nakasara ang mga pinto at puma-
gitna.

At sinabi niya: "Kapayapaan sa inyo!"
[27] At sinabi niya kay Tomas: "Ilapit mo rito
ang daliri mo at tingnan ang aking mga
kamay. At ilapit ang kamay mo at ipasok
sa aking tagiliran at huwag tumangging
maniwala kundi maniwala!"

[28] Sumagot si Tomas sa kanya: "Pangi-
noon ko at Diyos ko – ikaw!" [29] Sinabi sa
kanya ni Jesus: "Dahil ba sa nakita mo
ako kaya ka naniniwala? Mapapalad ang
mga hindi nakakita at naniniwala."

**Pagtatapos**

[30] Ngayon, marami pang ibang tandang
ginawa si Jesus sa harap ng kanyang mga
alagad, na hindi naman nasusulat sa
kasulatang ito. [31] Isinulat naman ang mga
ito upang maniwala kayo na si Jesus ang
Kristo, ang Anak ng Diyos. At sa pani-
niwala ninyo'y magkaroon kayo ng buhay
sa bisa ng kanyang Pangalan.

**Dagdag: ang pagpapakita ni Jesus sa may dagat**

**21** • [1] Pagkaraan ng mga ito, muling
ibinunyag ni Jesus ang sarili sa
mga alagad sa may Dagat ng Tiberias.
Ganito ang kanyang pagbubunyag.

[2] Magkasamang naroon sina Simon

---

at paglilinis mula dito, tinutulungan tayo ng Iglesya na ipakita ang higit na tunay na pagmamahal sa kapwa.

• **21.**1 Dito naman nagpakita si Jesus sa tabi ng Lawa ng Tiberias. Puno ng dibinong presensya ang salaysay na ito habang nakatayo si Kristo sa isang tahimik na baybayin ng Lawa sa pagbubukang-liwayway. Waring isang dayuhan ang nakikita ng mga apostol, ngunit si Juan, ang propeta, ay nakakilala kay Kristo.

Nahuhuli ng mga apostol ang *153 malalaking isda*. May kahulugan noon ang bilang na iyon; nilarawan nito ang kasaganaan at kalahatan. Gayon din ang gawa ng Iglesya: dadalhin kay Kristo ng mga apostol ang lahat ng bansa. Maihahambing ang tatlong ulit na tanong kay Pedro sa tatlong pagtatatwa sa panahon ng paglilitis kay Kristo. Si Pedro rin na pastol ng mga pastol ay isang pinatawad na makasalanan. Ipinagkakatiwala ni Jesus ang buong Iglesya sa kanya tulad ng napapaloob sa Mt 16:13: *Mahal mo ba ako?* Ito ang batayan ng pagiging pastol sa Iglesya.

Araw-araw tinatanong din tayo ni Jesus: "Mahal mo ba ako nang higit pa sa mga ito?" Sumasagot tayo ng "oo" sa kabila ng ating mga kahinaan tulad ni Pedro; inanyayahan tayo na sumunod sa kanya dahil sa pag-ibig (22), at makibahagi sa kanya sa pagpapastol sa bayan ng Diyos. Wala nang nakahihigit pa sa pagsunod kay Kristo liban sa pag-aalay ng ating buhay para sa kanyang misyon.

Inaatasan ni Jesus si Pedro na lingapin ang Iglesya at sa gayon inaatasan tayong sumunod. Malaya tayong sumusunod hindi dahil hindi nagkakamali ang mga pastol at laging may kakayahan kundi dahil isinasagawa nila ang kailangang tungkulin at taglay nila ang pangako ni Kristo. Sumusunod tayo sa mga obispo dahil humahalili sila sa mga apostol at dahil dito, natanggap nila ang kanilang misyon mula sa Diyos.

Nagtapos ang Ebanghelyo sa mangyayari kay Pedro at Juan. Namatay si Pedrong martir sa Roma sa taong 66 o 67. Buhay pa naman si Juan hanggang sa mga taong 90. Siya ang huli sa mga saksi ni Kristo at marami ang naniwala na hindi siya mamamatay hanggang hindi bumabalik ang Panginoon: kaya, binibigyang-diin ng Ebanghelyo na hindi ginawa ni Jesus ang gayong pangako.

Ang huling saknong ay idinagdag ng mga nakasama ni Juan sa pagkamatay niya.

Pedro, Tomas na tinaguriang Kambal, Natanael na taga-Cana ng Galilea, ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pa sa kanyang mga alagad. 3 Sinabi sa kanila ni Simon Pedro: "Aalis ako para mangisda." Sinabi nila sa kanya: "Sasama kami sa iyo."

Lumabas sila at sumakay sa bangka ngunit nang gabing iyo'y wala silang nahuli.

4 Nang madaling-araw na, nakatayo si Jesus sa dalampasigan pero hindi nakilala ng mga alagad na si Jesus iyon. 5 Tinatawag sila ni Jesus: "Mga bata, wala ba kayong isda?" Sumagot sila sa kanya: "Wala!" 6 Kaya sinabi niya sa kanila: "Ihagis n'yo ang lambat sa bandang kanan ng bangka at makakatagpo kayo." Kaya inihagis nga nila at hindi na nila makayang hilahin iyon dahil sa dami ng isda.

7 Kaya sinabi kay Pedro ng alagad na iyon na mahal ni Jesus: "Ang Panginoon siya!" Nang marinig ni Simon Pedro na ang Panginoon iyon, ibinigkis niya ang [kanyang] damit dahil hubad siya at saka tumalon sa dagat. 8 Dumating namang sakay ng maliit na bangka ang iba pang mga alagad pagkat hindi sila kalayuan mula sa pampang kundi mga sandaang metro lamang. Hila-hila nila ang lambat ng mga isda.

9 At pagkalunsad sa lupa, nakita nilang may nagbabagang uling doon, na pinagiihawan ng isda, at may tinapay.

10 Sinabi sa kanila ni Jesus: "Magdala kayo mula sa mga isdang nahuli n'yo ngayon." 11 Kaya sumakay si Simon Pedro at hinila sa pampang ang lambat na puno ng sandaa't limampu't tatlong malalaking isda. At kahit na napakarami'y hindi napunit ang lambat.

12 Sinabi sa kanila ni Jesus: "Halikayo't mag-almusal!" Walang makapangahas sa mga alagad na mag-usisa sa kanya: "Sino po ba kayo?" dahil alam nilang ang Panginoon iyon. 13 Lumapit si Jesus at kumuha ng tinapay at ipinamahagi sa kanila. Gayundin sa isda.

14 Ito ngayon ang ikatlong pagbubunyag ni Jesus sa mga alagad matapos siyang ibangon mula sa mga patay.

15 Pagkapag-almusal nila, sinabi ni Jesus kay Simon Pedro: "Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako nang higit sa pagmamahal nila?" Sinabi nito sa kanya: "Oo, Panginoon, ikaw ang nakaaalam na iniibig kita." Sinabi sa kanya: "Pakanin mo ang aking mga kordero." 16 Sinabi sa kanyang makalawa: "Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?" Sinabi nito sa kanya: "Oo, Panginoon, ikaw ang nakaaalam na iniibig kita." Sinabi sa kanya: "Ipastol ang aking mga tupa." 17 Sinabi sa kanyang makaitlo: "Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?"

Nalungkot na si Pedro dahil makaitlo siyang sinabihan: "Iniibig mo ba ako?" kaya sinabi niya: "Panginoon, ikaw ang nakaaalam ng lahat; alam mong iniibig kita." Sinabi nito sa kanya: "Pakanin mo ang aking mga tupa.

18 Talagang-talagang sinasabi ko sa iyo, nang bata-bata ka pa, ikaw mismo ang nagbibigkis sa iyong sarili at palakad-lakad ka saan mo man naisin. Ngunit pagtanda mo'y ididipa mo naman ang mga kamay mo at iba ang magbibigkis sa iyo sa hindi mo nais." 19 Sinabi ito ni Jesus sa pagbibigay-tanda sa paraan ng kamatayang ipanluluwalhati ni Pedro sa Diyos. At pagkatapos nito'y sinabi niya: "Sumunod ka sa akin!"

20 Paglingon ni Pedro, nakita niyang sumusunod ang alagad na mahal ni Jesus, na siyang humilig sa tabi niya noong hapunan at nagsabing "Panginoon, sino ba ang magkakanulo sa iyo?" 21 Kaya pagkakita rito ni Pedro, sinabi niya kay Jesus: "Panginoon, ano naman sa kanya?" 22 Sinabi sa kanya ni Jesus: "Kung loobin kong mamalagi siya hanggang ako'y pumarito, ano sa 'yo? Ikaw, sumunod ka sa akin!"

23 Dahil dito'y kumalat ang salitang ito
sa mga kapatid na hindi mamamatay ang
alagad na ito pero hindi naman sinabi sa
kanya ni Jesus na hindi siya mamamatay
kundi "Kung loobin kong mamalagi siya
hanggang ako'y pumarito."
24 Ito ang alagad na siyang nagpa-
patunay tungkol sa mga bagay na ito at
ang sumulat sa mga ito. At alam namin na
totoo ang kanyang patunay. 25 Marami pa
ring ibang ginawa si Jesus, na kung isa-
isang masusulat ang mga iyon, sa tantiya
ko'y hindi magkakasya sa mundo ang
isusulat na mga aklat.